# *ANG PANAHON NG PAG-AANI*

Salamat, Kapatid na Williams. Magandang umaga, mga kaibigan. Isa pong pribilehiyo ang makaparito sa umagang ito. At ang maipakilala ng katulad n'yan, gayunpaman mababa pa rin ang pakiramdam ko sa sarili ko. At ako'y. . .malaki po ang pasasalamat ko para sa pagkakataong ito na makapunta, sa umagang ito, dito sa Phoenix.

2 Naalala ko nung unang beses na makapunta ako rito sa Phoenix, nasa labimpitong taong gulang pa lang ako noon. Tunay nga na malaki na ang iniunlad nito mula nung panahon na 'yun. Ito pong umaga nung papunta kami rito sa Phoenix, di po namin halos masabi kung nakalabas na ba kami ng Tucson at nakarating na ng Phoenix. Para kasing iisa na lang, marami nang mga lugar-lugar ang nagsulputan. Mga lugar na dati dun namin pinatatakbo ang mga buriko sa disyerto, at ngayon po'y mga motel at mga maliliit na tindahan na ng mga abubot, at kung anu-ano pa. At, hayan nga't, pakiramdam ko'y malaki na ng itinanda ko dahil dun.

3 At pagkatapos nakaupo nga ako roon sa tabi ng butihin kong kapatid dito, si Kapatid na Valdez, at sabi ko—sabi ko, "Buweno, kapatid. . ." Kami'y nagkukuwentuhan, at sabi ko, "Buweno, hayan nga, tumatanda na ako." Sabi ko, "Ramdam ko na talaga, na 'yung milyar ko ay dumidistansya na." Sabi ko, "Hintayin mo lang na makaabot ka sa edad ko," o parang ganun. Haya't ako po'y—ako po'y nagulat nung malaman ko na labing-dalawang taon ang tanda niya pala sa akin. Kaya, ako, pagkatapos ay umigi ang pakiramdam ko. Sabi ko, "Kapatid na Valdez, nais kong iyong. . .Ilang taon ka na bang nangangaral ng Ebanghelyo?

Sabi niya, "Limampung taon."

4 Buweno, napaka liit na batang paslit ko pa pala noon nung nangangaral na siya. Kaya ang sabi ko, "Nais ko sanang ikaw ang magdaos ng gawain ngayong umaga, Kapatid na Valdez." Sabi ko, "Ako—ako'y kabataan kung tutuusin," sabi ko, "Para po kasing di ako palagay na tatayo ako rito at sisikapin ko na mangaral," sabi ko, "sa mga nakatatanda sa akin."

5 At tumawa lang siya, sabi, "Ano ba sa palagay mo at ako'y nagmaneho papunta rito?"

6 Kaya ganoon na lang ang malaking pasasalamat ko kay Kapatid na Valdez. Ikinukuwento niya sa akin 'yung tungkol sa bahay-pahingahan niya rito. Yun—'yun po'y napaka inam. Ang laki ng pasasalamat ko roon. Inanyayahan niya ako na ako po raw ay magpunta at bisitahin sila isang araw. At 'yung lugar po ay dito lang sa New River. Di ko lang alam kung mayroon sa inyo

na nakakaalam kung saan ’yun, o wala. Tiyak po ako, na kung dun nakatira ang mga Valdez, mainam na lugar ’yun.

7 Kaya heto po, sa tuwing dumadalo ako sa isang malaking pagtitipon, may kinakatagpo po ako na mga—mga pinagaling sa mga gawain o kung ano. At nung nakatayo ako sa may mesa rito ngayong umaga, may isang kalugud-lugod na kapatid na babae ang nakaupo rito, ang pangalan niya ay Erb, siya po’y galing pa ng Michigan. Tagapagbalita ’yung anak niyang lalaki rito sa Cristianong istasyon na ito ng radyo. At ikinuwento niya sa akin na nakapunta siya noong araw sa isang pagtitipon sa Flint, Michigan. May prayer card po siya noon, at sinikap niya na siya’y maipanalangin, at kaso nga lang ay di siya nabigyan ng pagkakataon. At grabe ang karamdaman niya noon. At heto po sa umagang ito, naniniwala ako na pinagaling ng Diyos ang babaing ito, sa pagkakatayo niya rito sa tabi ng dako riyan.

8 Sabi ko, “Ang tagal na rin pala nun! Nasa labing-dalawa, labing-apat na taon na ang nakararaan, at heto ngayon sa isang siyudad na tinawag na Phoenix, kapag sinabing Phoenix ay isa ’yung bagay na itinindig—itinindig mula sa pinagguhuan.” Sabi ko, “Buweno, ganoon din ang nangyari sa iyo sa umagang ito. Itinindig ka ng Diyos, naniniwala ako, sa umagang ito, mula sa—sa guhong kalusugan patungo sa mabuting kalusugan.”

9 Ako po’y nakikinig kagabi, tuluy-tuloy po ang mga tawag, marami-rami rin. Ako’y kapitbahay n’yo na ngayon, nakatira na ako sa Tucson at maraming mga tawag ang di ko magawang lumabas para puntahan silang lahat, kaya ipinapanalangin ko na lang sila sa telepono. At sila, hayan nga, iniiwan na lang nila ang kanilang mga numero.

10 At may ginang po, walumpu’t pitong taong gulang na, isa pong matandang Cristiano, siya’y medyo nawawala sa kanyang tamang pag-iisip nito-nito lang. Nagpupunta siya sa kalsada, sumisigaw, at nagtatawag pa ng mga pulis, na may tao raw na kumuha sa kanyang sanggol. Walumpu’t pitong taong gulang, kita n’yo, mistula ngang wala na siya sa tama niyang pag-iisip. At siya’y kalugud-lugod na matandang babae. Hindi ko siya kakilala sa buong buhay ko. At tumawag po si Billy, at sabi, “Ipanalangin agad,” sabi, “ang ginang ay malala na, at iniisip ng mga tao na siya raw ay malapit nang mamatay.” Sabi, “Siya nga’y . . . siya’y wala na sa kanyang katinuan.”

11 Pagkatapos ibinaba ko ’yung telepono, at nagpunta ako sa silid at nanalangin. Mga ilang sandali lang, siya’y nakatulog. Siya’y gumising, normal na ang kalagayan, kumain ng hustong hapunan na may manok, lahat na’t may sorbetes at may keyk pang, kasama. Opo.

12 Kita n’yo, ang Diyos ay lubos na makapangyarihan. Ganun na lamang Siyang katotoo, magagawa Niyang . . . Hindi mo nga kailangang nandun ka; iyong—iyong hilingin lamang.

13 Sa pagkakaalala ko ’yung nanguna sa atin dito, ngayong umaga, o kung sino, o sa palagay ko si Kapatid na Valdez po yata ’yun sa panalangin niya, ang sabi, “Di natin natatanggap dahil di naman natin hinihiling. Di tayo humihiling dahil hindi tayo sumasampalataya.”

14 Nalugod nga ako nang lubos sa awit ng mga kabataan dito. Si Kapatid na Valdez, kami na mga matatanda na, sinasabi nga namin na kalugud-lugod ’yung sinseridad ng kabataang lalaki na ’yun na nagpatotoo, na nakilala niya si Jesus.

15 Ngayon alam natin na nakakakita tayo, maraming beses pa nga, dito sa mga munti-munting mga kuwartet at mga awitan, ako. . .galing po ito sa isa pang ministro, sabi ni Kapatid na Valdez, “Kung minsan mistula bang sandosena nito’y sampung sentimo lang ang halaga.” Dahil, mistula na lang, sa panahon ngayon, ito’y—ito’y nagiging palabas na lang imbis na—na ang dapat sana’y sagrado at may sinseridad na noon ay tinataglay ng mga pentecostal.

16 At ’yung sinseridad nga ng mga kabataang lalaki na ito, ako—ako nga’y nalulugod dun. Pagpalain kayo ng Diyos mga kabataang lalaki. At ako’y . . .

17 Di po ako masyado sa telebisyon. Gaya ng nalalaman n’yo, kontra nga ako roon. At ako po’y nangungupahan pa lang sa isang lugar sa Tucson hanggang sa maayos na namin ang sarili naming lugar, kung saan dun na kami titira talaga, loobin ng Panginoon. At ’yung ginang po na nagpapaupa ng bahay, isa po siyang mainam na Cristianong kaibigan, pero dun sa bahay po niya ay may—may—may telebisyon siya. Buweno, may maliliit po akong anak, at alam n’yo naman sila, haya’t pinuntahan nila ’yun agad. Haya’t, mga dalawang umaga ang nakararaan, nung kararating ko lang noon mula sa biyahe kasama si Kapatid na Stromei. . .Di ko alam kung nandito si Kapatid na Stromei ngayon sa umagang ito, o wala, siya ang presidente ng sangay rito sa Tucson. Yung bata ko pang anak na babae, na nakaupo sa likuran dito, niyaya niya ako para manood, sabi, “Bubuksan namin ang telebisyon, may ilang mga kuwartet dun ngayon na umaawit,” o parang ganoon po.

18 Buweno, ngayon, ako po’y matalim na kritiko, at ako—ako po’y humihingi ng paumanhin sa bagay na ’yan, pero ako—ako—ako nga’y di maaaring kumilos na di naman ako ganoon. Kung ako po’y gagawa ng isang bagay na taliwas sa kung ano ako, isa po akong ipokrito. At di ko nanaisin na maging ganun sa harapan n’yo. Ang gusto ko—ang gusto ko’y kung ano talaga ako, at sa ganoon ay makikita n’yo kung paano ang tayo natin. At sa palagay ko—sa palagay ko matalim akong mamuna.

19 Pero nandito talaga sa puso ko na punahin ’yun, dahil ang dating po nun sa akin ay para bang kung anong Hollywood na palabas, kung anong pagtatanghal lang. Parang wala na ’yung kabanalan na dapat ay naroon. At inaawit nila ang mga himno

na 'yun sa—sa tiyempo ng rock-and-roll, at ang mga suot na mga sandalyas pa'y ginintuan. At ang Ebanghelyo ba'y naging palabas na lang sa panahon ngayon? Naku, ako, kung 'yun na nga ang kinahinatnan nun, ayaw kong—ayaw kong magkaroon ng anumang kaugnayan dun. Ang gusto ko po'y isang bagay na totoo talaga at dalisay, at gusto nating panatilihin 'yun nang ganoon.

20 Ngayon, para bang—para bang nagbabanggaan ang tunog ng dalawang mikropono rito, kapatid. Hayan po, mas naririnig n'yo na ba nang maayos?

21 Ngayon, sa susunod na Sabado ng umaga, kung loobin ng Panginoon, ako po'y magkakaroon ng malaking pribilehiyo na makapangusap sa sangay, ang unang beses ko po, sa Flagstaff, Arizona. Ang kapatid na lalaki po rito, di ko lang maalala ang pangalan niya, ang presidente po. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Chester Earl."—Pat.] Chester Earl, Kapatid na Chester Earl. Nagkaroon ako ng pagkakataon na makadaupang palad siya kaninang umaga, nung nakikipagkamay ako sa isang mainam na ebanghelista rito mula sa India, isang kapatid na lalaking taga-India. At binanggit niya sa akin na sa susunod na Sabado ng umaga ako po raw ay mangugusap sa dako roon. Lahat po kayo ay malugod na inaanyayahan sa pagtitipong ito. Umaasa kami na pagpapalain tayo ng Panginoon.

22 At pagkatapos 'yung kinabukasan ng Lunes ng umaga, sa Tucson, may salu-salo po. Napagkalooban ako ng Panginoon ng pagkakataon na makapangusap sa . . . sa isang salu-salo sa dako roon, ika-dalawampu't isa ng—ng Disyembre, sa Tuscon. Kayo po ay tunay na malugod na inaanyayahan sa salu-salo na 'yun na gaganapin ng gabi.

23 At pagkatapos gaya ng inanunsyo ni Kapatid na Williams ako po'y babalik dito uli, para magbigay marahil ng maikling pambungad bago magsimula ang malaking pagtitipon.

24 At, kaya, parang may static yata ako, Kapatid na Williams? May . . . Anong sabi mo? Mas ayos na ba ngayon? Mas maayos na. Sige po.

25 Tunay nga na umaasa ako na marami sana sa inyo ang magkaroon ng panahon na makapunta sa isa man, o kada gabi at umaga, ng pagtitipon. Yun, 'yun po ba'y magsisimula sa ika-labimpito, alas siyete, Linggo ng hapon? [May isang nagsasabi, "Ala una y media."—Pat.] Ala una y media. Ala una y media, Linggo ng hapon po pala. Gusto ko ring sabihin, kung loobin ng Panginoon, na ako'y mananalangin para sa mga maysakit sa—sa—sa mga pagtitipon na 'yan, at gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para makatulong sa inyo.

26 At sa mga ministrong kapatid dito, ngayong umaga, dito sa lugar na ito ng Phoenix. Ang dahilan kung bakit ako pumarito sa bulwagang ito, ako'y . . . Bawat pagkakataon na makaparito

ako, kadalasan ay umiikot po ako nang kaunti, at bibisi-bisita sa mga kaiglesyahan sa palibot, sa bawat iglesya. Mangyaring naramdaman ko na medyo mahirap 'yun, dahil may ilang mga iglesya na maliliit ang sukat. At ayaw naman nating maitsapuwera ang sinumang kapatid dahil lang sa maliit ang sukat ng kanyang simbahan, at kaso nga lang nagiging mahirap, na ang lahat ng mga tao'y makapasok sa loob. Kaya ano kaya . . . naisip ko na lang na magtipon sa isang lugar at ako ang mag-aasikaso nun, at lahat tayo'y magtitipun-tipon lahat dito at idadaos ang gawain, munting pagi-ebanghelyong gawain, at mananalangin para sa mga maysakit at kung ano pa. Bago . . .

27 Siguro kung ililipat ko lang ito ng puwesto, mas mainam po ba kung ilipat ko ito rito? [May isang nagsasabi, "Hindi, 'yan, 'yan po ang teyp."—Pat.] Ang teyp po pala ito. Sige.

28 Siguro po magiging—magiging mas maayos kung ganoon po ang gagawin ko. At gusto kong ang mga kapatiran dito, ang mga iglesya, ang mga pastor dito sa Phoenix, na malaman nila na 'yan po ang dahilan kung bakit ganito ang ginawa natin ngayon, na magpunta sa bulwagan na ito, nang sa gayon tayo pong lahat ay magkatipun-tipon sa isang lugar. At di mo talaga magagawang puntahan ang lahat ng mga kapatiran, napaka rami nila. Makikita n'yo ang mga nakatayo sa umagang ito, at siguro'y wala pa 'yan sa kalahati ng lahat. Kaya di n'yo sila matitipon lahat nang ilang araw lang na mayroon tayo rito, bago, bago ang malaking pagtitipon.

29 At nakatitiyak po ako na magkakaroon tayo ng mainam na panahon sa malaking pagtitipon. Mapapakinggan n'yo ang mahuhusay na mga tagapagsalita. Tulad po ni Kapatid na Cash na si Cash Hamburg, Hamburg. Naku, ilan na po sa inyo rito ang nakapakinig na sa kanya? Siya po'y isang—isang bagyo na maituturing. Opo. Pasensya na po, di po pala dapat ganun ang pagkakasabi ko. Siya po'y kapatiran, pero—pero, naku, akin na pong nakasama siya minsan. Alam n'yo, di ko po lubos makita kung papaano pang nagpupunta kayo rito para pakinggan ako, kapag narinig n'yo na ang kapatid na gaya nito. Kayang-kaya niyang mangaral at halos di na humihinga. Di ko—di ko alam kung papaano niya nagagawa 'yun, ako po'y . . . pero totoo pong maraming hininga ang nawawala sa kanya. Nakasama ko siya noon sa malakihang pagtitipon ko sa New York, nito-nito lang, at may balak siya na isama ako sa—sa hapunan pagkatapos ng pagtitipon. At nagpunta ako dun sa lugar, at handa na sana ako noong lumabas nung ang kapatid . . . Siya, siya po'y nangaral na paroo't parito talaga sa pasilyo, at sa buong paligid, sa lahat ng naroon. Siya po'y may—may katangi-tanging pagkatao talaga, hayan nga.

30 At sigurado rin ako na malulugod kayo sa isang kapatid na mula sa California, hayan nga. Ano nga uli ang pangalan niya? Di ko lang po maisip ang pangalan niya, 'yung isa po na isa sa

mga mangungusap. Di ko—di ko lang po maalala ang pangalan niya, siyanga. Pero siya po'y isang—isang malakas mangusap, at siguradong kaluluguran n'yo siya nang husto. Marahil sila'y mahuhusay na mangangaral kung ihahambing, alam n'yo, kina Kapatid na Roberts at marami sa mga respetadong kalalakihan ng panahon ngayon.

31 Kaya, lubos-lubos ang pasasalamat ko na mapagbulayan ang isang Kasulatan na dumating lang sa isip ko rito ngayon-ngayon lang. At nung panahon na 'yun si David ay nakatingin dun sa kaban ng Panginoon, na nandun lang sa mga tolda. At ang sabi niya . . . Nakaupo siya noon kasama ang propeta, si Nathan, nung panahong 'yun. At mangyaring nagsalita siya, "Tama bang manirahan ako rito sa isang bahay, manirahan sa isang bahay na gawa sa cidro, at samantalang ang kaban ng tipan ng Panginoon ay naroon sa ilalim ng tolda?"

32 At ang sabi ng propeta sa kanya, "Gawin mo ang lahat ng nilalayon ng puso mo, David, dahil ang Diyos ay kasama mo." Yun nga ang nalalaman niya nung oras na 'yun na sabihin.

33 Pero nung gabi mismong 'yun, kinatagpo ng Panginoon ang propeta, at ang sabi, "Humayo ka, saysayin sa Aking lingkod, na si David, na kinuha Ko siya mula sa kulungan ng tupa, sa pagsunod sa ilang mga tupa na naroon, alam mo, at ginawa siyang dakilang pangalan gaya ng mga dakila," hindi sinabing pinaka malaking pangalan, hindi sinabing pinaka dakilang pangalan, pero ibinilang siya kasama ng mga dakilang lalaki na naroon sa lupa nung panahon na 'yun.

34 At naisip ko, "Grabe ang biyaya ng Diyos, kay David dun!" At naisip ko, "Maibibilang ko nga, mismo. Yamang nakikita ko ang pribilehiyo sa panahon na ito na kinabubuhayan natin, na pagsasara na ng panahon ng kasaysayan ng mundo, at ang maibilang kasama ng mga kalalakihan na ito na mayroon tayo na mga dumalo sa mga pagtitipong ito." At pagpalain kayo ng Panginoon, nang mabiyaya't masagana.

35 Ngayon, ang butihin kong kaibigan, si Kapatid na Valdez, nagpasabi siya, "Kapatid na Branham, kailangan kong umalis, sa tingin ko, mga sangkapat bago mag-alas diyes, o sangkapat pagkatapos ng alas diyes." Sabi, "Doon ako pupuwesto sa dulo sa likod, para di kita maistorbo—maistorbo sa pagsasalita mo." Siya po'y nakadalo na sa mga pagtitipon noon.

36 Ako po'y—ako po'y may kabagalan, at kinakailangan kong mag-isip, alam n'yo, bago ako magsalita. At inililista ko po ang mga Kasulatan ko rito, at may tala ako, marahil, pero heto po na kinakalangan kong balikan at isipin kung ano ba ang sinabi sa akin ng Panginoon na dapat kong sabihin, alam n'yo, kaya ako po'y naghihintay lang sa Kanya. At may kabagalan po ako, kaya umaasa ako na di ko sana kayo mapanatili nang matagal, sa umagang ito.

37 Tinanong ko si Kapatid na Williams, sabi ko, "Kapatid na Williams, gaanong karaming oras ang mayroon ako?" Sabi ko, "Ngayon, may Kasulatan ako rito na kung ipapangusap ko ay aabutin lang ako ng tatlumpung minuto, o parang ganun, at pauuwiin na ang mga tao at uuwi na sa kanilang tahanan." At sabi ko, "Pero kung maaari ay gusto ko sanang magbigay ng kaunting pag-aaral, kung ayos lang," at tungkol po ito sa tingin ko ay isang bagay na para sa inyo ngayon, bagay na maibabaon n'yo sa pag-uwi n'yo sa inyong tahanan, para pagbulayan.

38 At di po ako gumising ngayong umaga ng alas tres y media, o dalawampung minuto bago mag-alas kuwatro, at naghanda para pumarito, para lang makita. Di—di—di mahalaga sa akin kung ako ma'y makita. Ako—ako po'y pumarito at pinag-aralan ko kahapon ang ilang mga Kasulatan na nailista ko, para sa isang bagay na ipinanalangin ko talaga nang may sinseridad, at naisip ko na marahil, sa pamamagitan nun, ito nga'y magiging kapakinabangan na tulong para sa sinuman. Ako. . . Wala po tayong panahon para sa palabas-palabas at mga pagpapakita. Tayo—tayo po'y kinakailangan na dumiretso mismo sa dapat tugaygayin. Naniniwala ako na si Jesus ay malapit na mismong dumating.

39 At ngayon itiniteyp po nila ito, at marahil para sa ilan na makakatanggap ng teyp na ito. At gusto ko pong sabihin ang pahayag na ito, na kung minsan ako. . . maraming beses na mali ang pagkakaunawa sa akin. At marami ang tumatawag sa akin, sinasabi, "Kapatid na Branham, ito ba 'yung paliwanag na ibig mong sabihin dito?" At kadalasan po ay may nasasabi tayo na isang bagay, pero kinakailangan n'yong intindihin 'yun, kunin 'yun sa pamamagitan ng termino na ibig kong ipakahulugan para dun.

40 At may nasasabi ako kung minsan na—na medyo kontra sa marahil paniniwala ng isang tao, na gusto kong makuha n'yo 'yun nang malinaw ngayon, ng isang tao, tungkol sa bagay na pinaniniwalaan ng tao na 'yun. Pero ako'y may—may Mensahe, na di sa ganang akin. . . mula po sa Panginoon, kaya ganun ang iniisip ko tungkol dun. May ilan na siguro sa tingin nila ay sa diyablo raw Ito galing. May ilan na sa tingin nila ay wala Itong kabuluhan. Pero, para sa akin, ito ay Buhay. At di ko sinasadya na para maiba lang kapag may sinasabi akong mga bagay na iba, o marahil bagay na medyo nakakasakit o nakakasugat, sa mga tao. Di po ganoon ang gusto kong pagpaparating. Ako—ako, kung ganun ako, kung ganun isa akong ipokrito. Akin—akin lamang sinasabi ito sa kaliwanagan ng pag-usad, patungo sa Diyos. Sinasabi ko ito sa kaliwanagan na—na—na ang mga tao ay magkaroon ng mas mainam na pagkakakilala sa Diyos. At di ko sinasabi ang bagay na 'yun dahil lang sa isang bagay 'yun na inimbento ko lang, sa sarili ko. Isa po 'yung bagay na nasumpungan ko mismo mula sa Diyos.

41 At ngayon kung may bagay man ako na masasabi sa alin man sa mga malaking pagtitipon na ito, na nakakasakit sa mga tao, o . . . Sasabihin, "Di ganyan ang paniniwala ko patungkol Dito."

Buweno, madalas po akong nakakapag bitiw ng ganyang mahapdi na pananalita. At ang maybahay ko po na nakaupo riyan na nakikinig sa akin, alam niya na kulang ako sa pagka-pormal sa pagsasalita. Ako—ako . . . Katulad po kasi ito sa kung kayo ay kumakain ng manok, at nakarating kayo dun sa buto. Ngayon, wala pong nasa tamang pag-iisip na mahilig kumain ng manok ang itatapon na lang basta-basta ang manok dahil lang sa nakarating siya dun sa buto. Yung buto ang itatapon niya, pagkatapos magpapatuloy siya sa pagkain nung manok. Ganun din ito sa pagkain ng cherry pie. Kung makarating ako dun sa buto, di ko—di ko—di ko basta itatapon na lang 'yung pie, 'yung buto lang ang itatapon ko. Kaya . . .

42 At kaya kung may bagay man na masabi ako rito na para bang, sa alin man sa aking mga pagtitipon, na para bang buto sa inyo, buweno, isantabi n'yo lang 'yun at, hayan nga, isipin n'yo na lang na di ko namalayan 'yun gaya ng namalayan n'yo 'yun. Kaya, hayan nga, sige't magpatuloy lang kayo at kainin ang sa tingin n'yo ay tama. At ako'y . . .

43 Nagtitiwala ako ngayon na pagpapalain ng Panginoon ang Kanyang Salita. Ako po'y mariing mananampalataya sa Salita, at sa Salita lamang. Haya't sa Salita lamang, at 'yun po ang Mensahe na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon.

44 Tayo po'y magkakaiba, sa isa't isa. Napansin ko sa umaga pong ito, mga kapatiran ko, mga misyonero, mga ebanghelista, at mga pastor, nakatayo rito, marahil—marahil nasa sandaan o higit pa, na nakatayo rito. Bawat isa sa kanila kung tutuusin ay mas kuwalipikado na tumayo rito at mangusap, kaysa sa akin. Sigurado po ako. Pero, kita n'yo, bawat isa sa atin, di natin puwedeng kunin ang puwesto ng isa pa. Di natin puwedeng kunin ang mensahe ng isa pa. Kita n'yo, mayroon tayong iba-ibang pamamaraan.

45 Ang Diyos ay kataas-taasan. Noong Kanyang . . . Sino, sino nga ang maaaring magbilin sa Diyos kung papaano lilikhain ang mga bagay-bagay, sa pasimula, yamang naroon Siya noon na nag-iisa lang? Kita n'yo? At kung taglay natin ang Buhay na Walang Hanggan, may iisa lang na anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay ang Diyos. Kaya kung taglay-taglay natin ang Buhay na Walang Hanggan, tayo'y nasa Diyos na pala noon pa man, bahagi na ng Diyos. Tayo po'y nasa Kanya na noon. Tayo ngayon ay nasa Kanya pa rin. At, dahil, "Sa pasimula ay ang Salita." At ang salita ay isang kaisipan na nahayag. Kaya tayo nga'y Kanyang mga kaisipan, pagkatapos ay nahayag sa salita't heto na tayo kung ano tayo ngayon. Yan ang dahilan kung bakit ang mga pangalan natin, marahil hindi itong taglay natin ngayon, pero ang mga pangalan natin ay nakalagay na roon sa

Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man matatag ang mundo. Kita n'yo? At kung wala 'yun sa una pa lang, ay wala talaga 'yun doon. Kita n'yo? At si Jesus nga'y pumarito para tubusin ang lahat, na, ang kanilang mga pangalan ay naroon na mismo sa Aklat. Kita n'yo, alam na Niya noon pa man.

46 "Ang magpapalayok," gaya ng sinasaysay sa atin ng Mga Taga-Roma 8, "sino ang makapagdidikta sa magpapalayok? Magagawa bang sabihin ng putik, 'Gawin mo akong *ganito*, *ganito*'?" Kita n'yo? Hindi. Kinakailangang maipakita ng Diyos ang lahat ng katangian Niya. At kaya kinakailangan Niyang gumawa ng sisidlan sa ikasisirang-puri, at ang isa naman ay sa ikapupuri, para itanghal ang isang 'yun, hayan nga. Ngayon, pero Siya nga'y kataas-taasan, kita n'yo, walang sinuman ang makapagdidikta sa Kanya kung ano ang gagawin.

47 At iba-iba po ang pagkakayari Niya sa atin. Maging 'yung mga . . . doon nga'y, ang sabi sa atin, sa Biblia, ang mga bituwin ay iba-iba sa isa't isa, ang isang bituwin ay iba sa isa pa. Alam n'yo, maging sa Langit ay may pagkakaiba, sa mga Anghel, sa mga Anghelikong nilalang; may Anghel, may Kerubin, may Serapin, at sila'y—sila'y iba-iba Roon. At lahat po tayo ay iba-iba. At ang Diyos nga'y may naglalakihang mga bundok, Siya'y may mga kapatagan, kaparangan, damuhan, ilang, katubigan. Kita n'yo, Siya'y—Siya'y may iba-iba, Siya nga'y isang—Siya'y isang—isang Diyos ng pagkakaiba-iba. At masdan n'yo na lang ang Kanyang bayan sa umagang ito rito, may ilan sa atin na puti, may ilan na itim, may ilan na kayumanggi, may ilan na dilaw, may ilan na pula; kita n'yo, ganyan nga ang—ang Kanya mismong bayan. Siya'y isang . . . Siya nga'y—Siya'y isang Diyos ng pagkakaiba-iba, at kaya iniisip ko na ganoon din Siya rito sa Kanyang mga ministro.

48 Ngayon atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali, para sa pananalangin. At siguro'y sasabihin ko lang ito bago natin basahin ang Salita. Alam ko na kung ako po'y humaba sa pangungusap, at kinakailangan n'yo nang tumayo at umalis, mauunawaan ko po, kita n'yo, lubos ko pong mauunawaan. Ngayon tayo'y manalangin na. At habang nananalangin tayo, habang nakayuko ang ating mga ulo't nakatungo sa alabok kung saan tayo kinuha ng Diyos, may ilan kaya na nagnanais na maalala sa pananalangin, itaas n'yo lang ang inyong kamay. Kanyang, Kanyang nalalaman kung ano mismo ang nariyan sa inyong puso, sa ilalim ng kamay na 'yan.

49 Minamahal naming Makalangit na Ama, taimtim kaming dumudulog sa Iyo, na ang mga ulo nami'y nakatungo sa alabok kung saan Mo po kami hinango. At heto po na sa isip namin ay pinagbubulay namin ang sinabi Mo noon kay Abraham, isang gabi, na makakaya ba niyang "bilangin ang mga buhangin sa tabing dagat?" Tapos sinabi Mo sa kanya na "tumingala sa mga bituwin," at makakaya ba niyang "bilangin ang mga iyon?"

Tunay po, na imposible ’yun. At sinabi Mo sa kanya na ang “kanyang binhi ay magiging di-mabilang, at kung paano ang mga buhangin sa tabing dagat, at ang mga bituwin na nag-iilaw sa kalangitan.” Ngayon ang aming isipan, ang aming pag-iisip, aming pag-iisip na nasa loob ng aming isipan, ang ibig ko pong sabihin, habang itinutungo namin ang aming mga ulo sa buhangin kung saan kami nanggaling; kasabay nito’y ang amin pong mga puso ay nakatingala patungo sa Langit, kung saan naman kami papunta. Mula sa buhangin haya’t patungo sa mga bituwin, sa pagiging Binhi ni Abraham! Mga patay kay Cristo, kami’y Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana kasama Niya ayon sa pangako.

50 At kami po’y nagtungo rito sa umagang ito para makapag sama-sama sa natural na mga pagkain dito ng buhay, na amin pong pinagsaluhan, na heto’t isinasantabi na namin ’yan sa oras na ito. At ngayon ang aming paghahangad ay Iyo pong ibigay sa amin ang Makalangit na Manna, ang Pagkain na ’yun na magbibigay sa amin ng kalakasan sa Buhay na narito sa amin. Kung papaanong ang dugo na ito ay dinadala mismo ang pagkain na ito ngayon, para palakasin ang katawan, para gumawa ng marami pang mga selula, para pagtibayin ang amin mismong katawan sa araw na ito; nawa’y matanggap namin ang kay Cristo, na Siya’y pumasok sa aming mga espiritu, sa umagang ito, sa pamamagitan ng Salita, at—at palakasin kami para sa oras na ito na kinabubuhayan namin. Dahil, ang araw ay malaon nang nagugol at ang mga anino ng gabi ay heto na, ang Liwanag sa gabi ay narito na, at kami’y nalalapit na talaga na mapakinggan ang pagtawag na “pumaroon sa Itaas,” at ang hangad nga namin ay maging handa kapag dumating ang oras na ’yan. Kaya, kami po’y tulungan Mo, Ama.

51 At walang sinumang tao ang karapat-dapat na buksan ang Aklat, o kalagan man ang mga Tatak na naroon; maliban sa Cordero, na pinaslang mula pa nung itatag ang sanlibutan, na dumating at kinuha ang Aklat at kinalagan ang mga Tatak. Oh Cordero ng Diyos, maparito Ka nawa sa umagang ito, buksan ang Aklat para sa amin, at tulutan kami na makatunghay sa Iyo, Panginoon, at makita kung ano mismo ang kinakailangan naming paghandaan para sa oras na ito. Iyo pong pagpalain ang bawat kaiglesyahan, pagpalain ang parating pa na mga pagtitipon, ang bawat isa sa kanila, at ito pong munti naming pagtitipon, para makipagbuklod sa kanila na nagsiparito. At sa amin pong paglisan sa lugar na ito ngayon, nawa’y magawa naming sabihin katulad ng mga ’yun na nanggaling ng Emaus, “Hindi baga’t ang mga puso nati’y nag-alab sa atin, noong Siya ay nakipag-usap sa atin sa may daan?” Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

52 Ngayon sa inyo na nagnanais na makibuklat, kadalasan ay gusto n’yong makibasa sa puwesto n’yo kasabay ng ministro

kapag siya'y magbabasa, para makita n'yo mismo kung saan ba ang ipangungusap niya, haya't kung kayo po'y may mga Biblia, sige po't bumuklat lang sa San Mateo sa ika-4 na kabanata.

53 At ngayon ibibigay ko lamang ang aking teksto bago ako tuluyang mangusap; kung maaari po'y, gusto kong magkaroon ng pagtuturo rito, at ipangusap ito sa pagtugaygay natin. At akin po itong pinamagatan, kahit paano, di ko lang alam kung bakit, pero ang pamagat po nito ay: *Ang Panahon Ng Pag-aani*.

54 At kukuha tayo ng pagbabasa ng Kasulatan, para ibase ang kaisipan na ito, para kunin dito ang konteksto ng teksto. Tayo po ay babasa sa San Mateo sa ika-4 na kabanata, ilang bahagi nito. Ito po'y nung tuksuhin noon si Jesus. Matapos na Siya'y mapuspos ng Espiritu Santo, Siya'y pinangunahan na tumungo sa ilang.

> Ngayon nang *magkagayo'y inihatid* ng *Espiritu si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo*.
>
> *At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya*.
>
> *At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay*.
>
> *Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang* lumalabas *sa bibig ng Dios*.
>
> *Nang magkagayo'y* dinala *siya ng diablo sa bayang banal, at inilagay siya sa taluktok ng templo,*
>
> *At sa kaniya'y sinabi* niya, *Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at aalalayan ka ng kanilang mga kamay, baka* matisod *ka ng iyong paa* sa *bato*.
>
> *Sinabi sa kaniya ni Jesus, Nasusulat din naman, Huwag* mong *tuksuhin ang Panginoon mong Dios*.
>
> At *muling,* dinala *siya ng diablo* sa. . .*bundok na malubhang mataas, at* ipinamalas *sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang* mga kaluwalhatian *nila;*
>
> *At sinabi* niya *sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw* ay *magpapatirapa at sasambahin mo ako*.
>
> . . .sinabi *sa kaniya ni* Jesus, *Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios* sasamba *ka, at siya lamang* ang *iyong paglilingkuran*.

55 Ngayon gusto ko lang pong balikan ito nang kaunti, itong ika-4 na talata uli.

> *Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi* sa kaniya, *Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang* lumalabas *sa bibig ng Dios.*

56 Ngayon bilang paksa, nais kong kunin 'yun, "bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos." Ngayon lumagak lang kayo sa kaisipan na 'yan habang mangungusap tayo.

57 Sinabi minsan ni Jesus, sa San Juan 6:48, sa palagay ko ay doon nga, gaya ng nailista ko rito ngayong umaga, "Ako ang Tinapay ng Buhay." Ito po'y noong kapistahan ng Paskuwa, sa panahon na ang mga Judio ay—ay kumakain ng kosher para gunitahin ang manna na bumagsak sa ilang, at—at uminom din sila noon sa isang bukal na kumakatawan sa Bato na naroon sa ilang noon, at sila'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon. At malakas na sinambit 'yun ni Jesus, sa kalagitnaan, at ang sabi Niya, "Ako ang Tinapay ng Buhay. Ang mga magulang ninyo ay kumain ng manna sa ilang, sa loob ng apatnapung taon, at haya't ang bawat isa sa kanila, ay namatay. Subalit Ako ang Tinapay na iyon na nagbuhat mula sa Diyos na galing ng Langit. Kung kainin ito ng tao, hindi siya mamamatay." At patungkol naman dun sa bato, ang sabi Niya, "Ako ang Bato na iyon na nasa ilang. Ako ang Bato na iyon kung saan uminom ang inyong mga magulang."

58 "Paano?" Ang sabi nila, "Wala Ka pa ngang singkuwenta anyos at sinasabi Mo na nakita Mo na si Abraham? Ngayon alam na namin na may diyablo Ka at nababaliw."

59 At ang sabi ni Jesus, "Bago pa si Abraham ay, AKO NGA." Kita n'yo, "AKO NGA" ang Haliging Apoy na 'yun na naroon sa palumpong, na nakipag-usap kay Moises. At kung aayusin n'yo 'yung mga pangngalan at mga panghalip dun, di nga roon sinasabi na "Ako noon, Ako sa hinaharap." "AKO NGA" haya't sa pangkasalukuyan, sa lahat ng panahon.

60 Kung bubulayin po natin, itong sinasabi Niya, na Siya raw, ay, "Ako ang Tinapay ng Buhay." Ngayon papaano ngang ang lalaki na ito'y magiging Tinapay ng Buhay? Yun nga ang bagay na pinagbubulayan natin. "Ang Aking Katawan ay Tinapay," ang sabi Niya. At ngayon papaano ngang ang lalaking ito ay magiging Tinapay? Medyo kakatwa kung iisipin, pero huwag po kayong malito. Ang mga tao nung panahon Niya ay nalito sa bagay na 'yun. Hindi nila lubos-maisip kung papaano ngang ang isang tao't tao naman ay magiging Tinapay raw, Mismo. Heto rin na sa San Juan 1, ganito ang pagkakalahad po sa atin, na, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin." Kaya, haya't ang Salita po ay naging Tinapay. Ang Salita at ang Tinapay rito ay kinakailangan na siya rin, dahil si Jesus ang Salita at Siya ang Tinapay.

61 Ngayon papaano nga na Siya'y magiging Tinapay at ang Salita? Lahat nitong. . .Ito po'y kalito-lito, sa isang karnal na

pag-iisip. Pero umaasa tayo, sa umagang ito, na walang karnal na pag-iisip sa kalagitnaan natin ngayon, na ang narito mismo ay espirituwal na kaisipan na nasa kalagitnaan natin, na atin ngang maunawaan kung ano ang sinisikap ng Ama na ipaabot sa atin dito. Kung titingnan ang mga salitang ito'y para bang nakakalito, pero, sa kabila n'yan, ang mga ito'y Katotohanan na nakabatay sa Kasulatan, kita n'yo.

62 "Ngayon papaano mangyayari na ang lalaking ito ay isang Tinapay?" Yan po ang sinabi nila. Yan ang, sa tingin ko, sina Josephus, marami sa inyo na mga mananalaysay. . .katulad ng pinag-aaralan ko.

63 Ako po'y sumusulat ngayon ng isang aklat, ng komentaryo ko tungkol sa unang apat na kabanata ng Apocalipsis, umaasa ako na mailathala na 'yun agad. Magiging makapal na aklat po 'yun. Haya't magkakaroon na rin ako ng babasahin patungkol sa bawat kapanahunan ng iglesya.

64 At mangyaring pinag-aaralan ko po ang kasaysayan ng iglesya. Ako. . .sa tingin ko po, sa pagkakaalala ko si Josephus, na, isa sa mga sinaunang mga manunulat noong araw, sa kung anong kadahilanan, haya't ang sabi, "Itong si Jesus ng Nazaret, Na lumibot para magpagaling ng mga maysakit," haya't sabi, "hinango Siya ng mga alagad Niya mula sa libingan at kinain ang Kanyang katawan." Kita n'yo, komunyon daw ang ginawa nilang 'yun dun. At iniisip ng mga mananalaysay na 'yun na ang ginawa ng mga alagad na hinango nila ang katawan Niya at kinain ang katawan Niya. Na, tayo naman daw sa panahon ngayon ay kumakain ng komunyon, o sumasalo sa komunyon, bilang simbolo, ng Kanyang katawan, dahil Siya ang Salita.

65 Ngayon, kita n'yo, nakakalito po. At, heto rin, na may mga Kasulatan. Haya't ang sabi ni Jesus, "Lahat ng Kasulatan ay kinakailangang matupad." Kita n'yo? Ngayon, nilalayon natin sa lahat ng pagkakataon na ihiwalay ang ating isipan mula sa anumang bagay na kontra sa Salitang 'yun. Huwag na huwag, na huwag, kahit anong mangyari, na kayo'y lalayo mula sa Kasulatan na 'yan dahil sa anupamang kadahilanan, ni lumihis mula sa isa mang Salita Nito. Manatili lamang nang eksakto sa Kasulatan.

66 Ngayon, darating ang araw na hahatulan at hahatulan ng Diyos ang mga tao balang araw. At kung hahatulan Niya ang mga tao sa pamamagitan ng isang iglesya, aling iglesya kaya? Sinasabi-sabi nga nila, "Aba'y sa iglesyang Katoliko." Buweno, kung ganun, sa aling iglesyang Katoliko? Kita n'yo? Dahil sila-sila mismo'y iba-iba sa isa't isa, mas matindi pa nga sa atin. Kita n'yo, magkakaiba sila, sa isa't. . .Hayan nga ang iba't iba nilang pagkatatag, may Romano at may Orthodox, at heto nga't may Jewphanite pa at, oh, marami ngang iba't ibang tribo. At sila nga'y nagbabanggaan sa isa't isa, kaya aling isa sa kanila na mga iglesyang Katoliko kung ganun? Kung hahatol naman

Siya sa pamamagitan ng iglesyang Protestante, aling iglesyang Protestante? Ang bawat isa'y iba sa isa pa.

67 Pero hahatulan at hahatulan Niya ang mundo, at marapat lamang na may pamantayan Siya para hatulan sa pamamagitan nun ang mundo, o lalabas na hindi Siya matuwid na hahayaan lang tayo ngayon na—na ipamuhay ang buhay na ito na walang pamantayan at dahil diyan ay mahatulan. Sino ang tama kung ganoon? Saang batayan n'yo masasabi na iyon mismo'y tama? Kinakailangan na may pamantayan.

68 At sinabi Niya, sa Kanyang Biblia, na hahatulan Niya ang mundo sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At nabasa natin dito na si Jesus ang Salita. Sa Mga Hebreo 13:8, ang sabi, "Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya, haya't, hahatulan Niya ang iglesya sa pamamagitan ng saloobin nila kay Cristo, na Siyang Salita. "Ang tao ay di mabubuhay sa tinapay lamang, bagkus sa bawat Salita na magbubuhat mula sa bibig ng Diyos." Hindi mula sa bibig ng tao, hindi mula sa seminaryo, hindi mula sa—sa iglesya, bagkus, "mula sa bibig ng Diyos." Kinakailangang ang tao'y mabuhay sa pamamagitan Nun, at Doon lamang; hindi sa interpretasyon ng tao, bagkus sa Salita Mismo ng Diyos!

69 "Buweno," sasabihin n'yo, "may mali sa banda *Rito*." Kung ganoon, responsable ang Diyos sa bagay na 'yun. Siya mismo ang nagdala nito sa akin, kita n'yo. Sa ganitong paraan ko nga dapat itong kunin, dito mismo sa pagkakasabi Niya.

70 Ngayon, kung tunay na nakakalito ito, at ito ngang tungkol sa "isang tao na siya'y Tinapay at Salita mismo," tayo mismo'y dumako dun at magsaliksik para rito. Ating sumpungan. Dahil, ang mga Kasulatan ay katotohanang lahat, at ang mga ito—ang mga ito ay di kailanman mababali. Ang bawat Kasulatan ay kinakailangang matupad. Kahit na gaano pang kakatwa nito, Ito, ito nga'y matutupad at matutupad sa tuwina.

71 Ano kaya kung—kung si Kapatid na Williams o—o sinuman sa mga kapatid natin dito, ang lolo ng lolo ng lolo natin, sige't sila'y lilitaw halimbawa sa eksena, sa umagang ito, at, sabihin na lang natin, buweno, ipakita sa kanila ang telebisyon? Haya't siguro noong panahon nila ay may nagpropesiya, at ang sabi. "Darating ang panahon na maaari mo nang mapakinggan ang isang tinig na lumilibot sa buong mundo."

72 Sasabihin nga nila noon, "Buweno, hayaan n'yo na mag-isa ang kaawa-awa't abang lalaking ito, nawala na siya sa tama niyang pag-iisip."

73 "At darating ang panahon na ang kulay ay dadaloy mismo sa himpapawid." Heto po't narito na 'yan ngayon. "At ang mga tao'y pipindot lang ng maliit na buton, at sa buong mundo ay makikita mo ang mga tao na gumagalaw, at mga bagay-bagay, sa mismong screen."

74 "Buweno," sasabihin nga nila, "ang kaawa-awa't abang lalaki!" Kita n'yo? Pero ngayon narito na 'yung ganoon sa atin, dito mismo sa silid na ito sa umagang ito.

75 At gusto kong dalhin kayo sa kamalayan na 'yan, bago tayo tumugaygay nang mas malalim, na anupa't ang Diyos ay narito mismo sa silid na ito. Ang May-akda ng Salitang ito ay narito. Kaya, di mahalaga kung kayo man ay elegante ang pananamit, o anuman ang antas ng pamumuhay n'yo sa buhay na ito, o kung anong klaseng tahanan ang tinitirhan n'yo, o kung anong klase ng kotse ang minamaneho n'yo, o gaano mang karaming edukasyon ang natamo n'yo, ang Diyos ay tumitingin sa inyong puso. At Siya'y tumitingin sa puso ko. At hinahatulan tayo sa puso natin, at di nga sa mga salita natin. Sa puso natin tayo hahatulan. "Mula sa puso ay nagsasalita ang bibig." Kung di ganoon, ay isa 'yung pagkukunwari.

76 Ngayon, sa mismong silid na ito ay dumadaloy nga ang mga tao, mga anyo ng tao, na dumadaan dito, mula sa iba't ibang panig ng mundo, mga tinig na nag-aawitan, na narito mismo sa silid na ito ngayon. Pero, kita n'yo, kayo'y limitado lamang, sa kung ano ang pandama n'yo, na may kaukulang porsiyento lamang ng paningin. Pero sa panahon na ito ngayon puwede kang kumuha ng kristal, o tube o kung ano man 'yun na naroon sa loob ng telebisyon, at buksan mo 'yun, at sa pamamagitan ng kabuoang piyesa na naroon na may kakayahang ibahin ang daloy ng mga bagay na 'yun na naroon sa ether—ether waves, at ibahin ang daloy nun, at ipagkasya 'yun sa isang channel, at masagap ang mga tao na 'yun; na mga tao sa Australia, Timog Aprika, o kung saan man, India, o kung saan man. Tatayo ka nga lang dito, sa harap ng screen, at makikita mo ang kulay ng damit na suot nila, ang kulay ng mga punongkahoy, at maging ang bawat galaw nila. Buksan lang ang telebisyon, at tingnan nga kung hindi ba't ganun mismo.

77 Kaya, may kung anong kinalalagyang lugar nga, na tago sa ating mga mata, na ang siya ring bagay na 'yun ay dumaraan mismo rito ngayon. Yun nga'y dumaan rito nung marinig ni Abraham ang Diyos na nagsabi, "Tumingala ka sa itaas sa mga bituwin." Yun nga'y narito nung naroon si Elias sa Bundok ng Carmel noon. Yun nga'y narito nung nandito pa noon si Adan, pero ngayon lang nila ito nadiskubre.

78 At kaya ganoon din na ang Diyos ay narito, at ang mga Anghel. At darating ang araw na magiging realidad talaga na parang telebisyon o kung ano pang iba, dahil dadalhin na tayo ng Espiritu patungo sa imortal na Buhay. Pagkatapos ay atin nang mauunawaan. Kaya, heto po, na nangungusap tayo mula sa Kanyang Salita. Ngayon, heto, sisikapin po nating . . .

79 Ang Diyos, Ang Diyos na dakilang Manlilikha, sige po't ating ipangusap lamang ito sa anyo ng kalikasan, kunin natin Siya rito sa kalikasan muna, para ipanumbalik natin sa Salita

mamaya. Ngayon, ang kalikasan nga'y umiiral sa pamamagitan ng Salita, dahil ang Diyos ang Maylikha ng kalikasan. Kung titingnan n'yo kung papaano gumagana ng kalikasan, ang... at makita kung papaano nga ang pamamaraan nun. Yun, 'yun nga'y ang una kong Biblia, ang tingnan mismo kung paano ang kilos ng kalikasan... tingnan ang Diyos sa kalikasan mismo. At ang trigo'y produkto ng kalikasan, ang tinapay, nakakagawa ng tinapay mula roon, na siya namang nagbibigay-lakas dito sa natural na katawan. Ang kalikasan nga'y maraming itinatago na lihim. Tayo... at ang unang beses na masumpungan ko ang Diyos, ay sa pamamagitan ng pag-obserba sa kalikasan. Nakita ko na may kung anong bagay talaga roon. At, ngayon, yamang salat ako sa edukasyon, kaya nangungusap ako kalimitan sa pamamagitan ng kalikasan. At 'yun nga'y... Di ko sinasabing huwag na tayong mag-aral. Pero heto nga na sinisikap kong sabihin sa inyo na di mo kailangan na dapat magkamit ka ng edukasyon, para makilala mo ang Diyos.

80 Si Juan Bautista, ang tagapanguna ni Cristo, nung lumitaw siya noon mula sa ilang... Itinuro na sa atin na siya'y nagpunta sa ilang, sa edad na siyam, at nanatili siya mismo roon dahil ang trabaho niya ay napaka importante. Ang tatay niya'y isang saserdote. At sa mismong linya na 'yun ng pagkasaserdote, o denominasyon, oh, ang sabi ng tatay niya, "Ngayon, Juan, alam mo na ikaw ang magpapakilala sa Mesiyas. Alam mo rin, na si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* dito'y bagay na bagay talaga siya na maging Mesiyas!" Kaya kinakailangang lumayo ni Juan sa bagay na 'yun, siya nga'y nagpunta sa ilang sa sarili niya, dahil kinakailangan na pagpili mismo ng Diyos, at hindi pagpili ng tao, ano't anuman, kung sino ba ang magiging Mesiyas. Kaya, siya nga'y nagpunta roon sa edad na halos siyam na taon.

81 At, kung papansinin n'yo, nung lumitaw na siya, sa edad niya na tatlumpu, ang mga sermon niya ay di nga pang-teologo. Di siya gumagamit ng matitindi't di maapuhap na mga salita, bagkus ang lahat ay patungkol sa kalikasan. Sinabi niya sa kanila na mga kalalakihan ng iglesya nung panahong 'yun, ang sabi niya, "Kayong lipi ng mga ahas." Yun kasi ang nakita niya sa ilang, mga ahas. Ayaw niya ng mga ahas. May kamandag sila. Yung mga pangil nila ay may nakamamatay na kamandag, at ganoon ang pagkakalahad niya sa iglesya ng panahong 'yun, "Kayo na lipi ng makamandag na ahas, sino ang nagbabala sa inyo na takasan ang poot na parating? Huwag na huwag n'yong ipangangalandakan na, 'Aba't kasapi kami sa *ganito*,' at, 'Kami nga'y—kami'y mga Jesuita,' o 'Kami'y *ganito-at-ganoon*,' o 'Kaanib kami sa Methodist, Baptist, Presbyterian,' o kung saan pa. Huwag na huwag n'yong ipangangalandakan na mayroon kayong ganyan-ganyan, dahil, sinasabi ko nga sa inyo, na may kakayahan ang Diyos na magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak kay Abraham." Kita n'yo?

82 At hayan din, "Ang palakol," 'yun 'yung ginamit niya roon sa ilang, "iuumang ito sa ugat ng puno. At bawat puno na hindi magbubunga ng mabuting bunga—bunga, ay sisibaki't ihahagis sa apoy." Kita n'yo, hindi nga niya puputulin ang isang puno na nagbubunga ng bunga, dahil nabubuhay siya sa mga bunga na 'yun ng naturang puno na 'yun. Pero, 'yung puno nga na di nagbibigay ng bunga! Oh, magagawa n'yong kunin ang lahat ng Kasulatan, haya't ganoon na lamang itong kinasihan, na ang lahat ay saktong aakma kay Jesus Cristo. Kita n'yo, "Bawat puno na di magbubunga ng mabuting bunga ay sisibakin at ihahagis sa apoy," at iba pa. Kita n'yo, kanya—kanya ngang ibinabase ang kanyang mensahe sa palibot ng kalikasan.

83 At sa ganyan nga natin ito gustong kaharapin ngayon, yamang nasumpungan natin ang sabi Niya, "Ako ang Tinapay. At ang tao ay dapat na mabuhay sa bawat Salita, at Ako ang Salita." Kita n'yo? Kaya ilayon nating bumaling sa kalikasan. Napapansin ko nga nang maraming beses na kinakailangan kong gawin 'yun.

84 At ang kalikasan ay tumutugaygay sa ganoon ding antas. Sige't maglaan kayo ng oras para panoorin ang lahat ng mga ibon sa kanilang pagsasama-sama't, pag-alis at pagpunta roon sa bukid at para kumain. Masdan n'yo 'yung bakahan kapag sila'y lumalabas, nangangalat sa bukid, kumakain. Ihulog n'yo 'yung pamansing n'yo, kakagat dun ang isda. Pero kapag dun sa mga bakahan. . .Yung mga ibon nga'y nagpipisan-pisan sa mga puno-puno, at 'yung mga bakahan nama'y sa isang sulok, siguro'y hilahin mo na pabalik ang pamansing mo. Hindi kasi sila kakagat dun, dahil ang kalikasan ay tumutugaygay sa siya ring nakatakdang antas sa lahat ng pagkakataon.

85 At ganoon din na ang Salita ng Diyos ay tumutugaygay sa siya ring pagkakatugaygay. Sa tuwina'y ang pagkilos ng Diyos sa lahat ng mga bagay ay pareho sa kung ano ang ginawa Niya sa siya ring antas na 'yun. Pinagpasyahan na Niya 'yun noon sa pasimula, noong mawaglit ng tao ang kanyang pakikipag-isa sa Kanya, haya't Kanyang ililigtas lang ang tao sa pamamagitan ng nabubong dugo ng isang walang sala. At hinding-hindi Niya binago ang Kanyang pamamaraan. Sinubukan nating ang mga tao'y bigyan ng edukasyon para makapasok dun, ibunsod sila sa pagka-denominasyon para makapasok dun, at—at haya't magmakaawa sa kanila para makapasok dun, hatawin sila para makapasok dun, o sigawan sila para makapasok dun. Pero Ito nga'y nananatili pa ring 'yun pa rin, ang nabubong Dugo ang tanging isang dako lamang kung saan kakatagpuin ng Diyos ang isang mananampalataya.

86 Hindi't, hindi talaga natin magagawa na bumuo ng isang Pandaigdigang Konseho ng mga kaiglesyahan at ang lahat ng mga tao ay doon kakatagpuin. Hinding-hindi uubra; kung noon ay di 'yun umubra, hindi 'yun uubra ngayon. Yan ang dahilan

kung bakit laban ako sa sistemang ganyan. Ang Diyos kasi'y may sistema na mismo. Nababalitaan n'yo na ang sinasabi-sabi sa panahon ngayon, "Lahat ng mga kaiglesyahan ay maglakip-lakip na sa pagkakaisa, magiging Pandaigdigang Konseho na ng mga kaiglesyahan. At nanalangin si Jesus na magkaganoon, na tayo'y 'maging isa lahat.'" Buweno, ngayon, nakita n'yo na, karnal na pag-iisip 'yan, na di nakikilala ang Espiritu.

87 Ang sinabi ni Jesus, "Na sila'y maging isa, Ama, kung papaanong Ikaw at Ako ay iisa." Hindi nga sinabing may isang tao na magiging mataas sa ibabaw ng iba pa, hindi 'yun uubra; na isang denominasyon na may pagnanais na pamunuan ang isa pa, at ang isang tao na pamunuan ang isa pa. Kundi ang kayo nga'y maging isa sa Diyos, kung papaanong si Cristo at ang Diyos ay iisa, 'yun nga ang sinambit na panalangin. Na, Siya ang Salita, at nanalangin si Jesus na tayo'y maging ang Salita, na pinapaaninag Siya. Yun ang Kanyang panalangin na dapat matugunan.

88 Nakita n'yo na kung papaanong naglagay ng pag-aatubili si Satanas sa karnal na pag-iisip? Mangyari kasing hindi ganoon ang panalangin ni Jesus, siyanga, na tayo raw ay magkaroon ng pagkakalakip-lakip sa isa't isa at magkaroon ng kung anong isang kredo at kung ano pa. Sa tuwing ginagawa nila 'yan, sila'y napapalayo nang napapalayo mula sa Diyos.

89 Ang nais Niya'y maging isa tayo sa Diyos, at ang Diyos ang Salita. Bawat indibiduwal, sa kanyang puso, ay kinakailangan na siya mismo ang lumakip na iisa sa Diyos.

90 Hayan nga't ang Diyos ay may pagkabatid doon, dito, na ang lahat ng mga bagay ay kumikilos nang gaya nun. Ngayon ganoon nga natin nasusumpungan ang Diyos kung minsan, ang tumingin mismo sa kalikasan. Ang mga panahon na lang, na umiikot, ay pagpapatunay ng Diyos. Doon ko nga unang nakita 'yun, na haya't may buhay na uusbong sa panahon ng tagsibol, na ibubuhay nito ang mismong buhay nito, magpapalabas ng binhi, mamamatay at mahuhulog sa lupa, manunumbalik sa pagkabuhay na mag-uli, anupa't paikot-ikot. Makalalagi nga tayo ng maraming oras sa bagay na 'yan.

91 Pero ngayon papaano ngang iba 'yun sa kagaya na lang, ng ating kapatid dito na nagmimisyon, sa India. Marami akong natuklasan dun, at sa iba pang panig ng mundo, na naniniwala sila sa reincarnacion, na, sila—sila, na kapag namatay ka na isang tao haya't manunumbalik ka raw na isa ka nang ibon o isang hayop. Kita n'yo, hindi nga 'yun umaakma sa inilalahad ng kalikasan.

92 Ang inilalahad ng kalikasan ay yaong siya ring binhi na nahulog dun sa lupa, ang siya ring binhi na 'yun ay sisibol uli. Kita n'yo? Ang siya ring Jesus na napunta roon sa lupa, ay ang siya ring Jesus na babalik. Hallelujah! At ang katawan na ito, kapag ito'y malalagay roon sa lupa, hindi ito manunumbalik na

isa nang bulaklak o kung ano mang iba pa, babalik ito na isang lalaki o isang babae. Nakikita po natin 'yun sa kalikasan, kung paano 'yun, na kinakailangan nung pagdaanan ang malalamig na mga taglamig, at mabulok at kung ano pa, pero ang buhay ay napapanatili roon kung ito nga'y may buhay na naroon.

93 Pero kung, doon, kung ang binhing 'yun na naroon ay hindi nasibulan, hinding-hindi nga 'yun uusbong muli; hindi 'yun babangon, wala kasing anuman doon na magpapabangon sana dun. At kung tayo'y magiging Cristiano lamang na naturingan sa pangalan. . . May dalawang iglesya sa mundo, ang iglesya sa natural, ang iglesya sa espirituwal, ang tawag nga sa kanilang dalawa ay parehong "mga Cristiano." Pero ang iglesya nga sa natural ay hinding-hindi kailanman babangon. Ang ginagawa nitong pagbangon ay doon ngayon sa Pandaigdigang Konseho, konseho ng mga iglesya.

94 Pero ang mga Cristiano'y babangon para katagpuin mismo si Cristo dahil Iyon ang Nobya, na tutungo roon para katagpuin Siya. Yan ang pagkakaiba ng dalawa. Ikinukubli ng kalikasan ang mga lihim na ito, sa atin, at maaari nating makita ang mga ito kung atin lamang pagmamasdan ang mga ito. At nakikita natin na ang Cristianismo ay nangungusap ng Katotohanan, patungkol sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli.

95 Haya't kung may tinapay na gawa sa trigo na alam natin na sa pamamagitan nun ay lahat tayo'y nabubuhay, at alam natin na may iisang paraan lang para tayo ay mabuhay, at 'yun ay ang kumain ng patay na substansya sa ating katawan. Haya't wala ngang ibang paraan para ikaw ay mabuhay.

96 May vegetarian na kumatagpo sa akin, di pa katagalan, ang sabi niya sa akin, "Kapatid na Branham, napaka laki pa naman ng tiwala ko sa'yo hanggang sa mabalitaan ko na ang sabi mo raw kumakain ka ng bacon at itlog para sa almusal." Kita n'yo? Pagkatapos ang sabi, "Papaanong ang isang maka-Diyos na tao'y maaatim na kumain ng bagay na kagaya nun?"

Kita n'yo, ang sabi ko, "Buweno, ano po bang mali roon?"

97 Ang lahat ng mga bagay ay marumi, pero ang mga 'yun ay nililinis sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at pananalangin. Ang sabi ng Biblia, "Kung kayo'y mabuting ministro ni Jesus Cristo, ipaalala n'yo sa kapatid ang mga bagay na ito. Kita n'yo, ang lahat ng mga bagay ay nilinis, walang dapat itakwil, kung ito nga'y tatanggapin ng may pagpapasalamat," Unang Timoteo :3. Ngayon nasumpungan nga natin na 'yun ay totoo. Kaya ang sabi ko, sa malamang . . .

Sabi ko, "Buweno, diba't maging ikaw ay kinakailangan mong kumain ng patay, rin?"

"Oh, hindi, po!"

98 Sabi ko, "Para ikaw nga'y mabuhay, kinakailangan mong mabuhay sa pamamagitan ng patay na substansya. Kung kumakain ka ng tinapay, namatay ang trigo. Kung kumakain ka ng luntiang gulay, namatay 'yun. Anupaman 'yan na kainin mo, maski pa nga ang gatas, iniinom mo 'yung bakterya. Hayan ka nga." Mabubuhay at mabubuhay ka lang sa pamamagitan ng patay na substansya.

99 At kung ganoon nga na may kinakailangang mamatay nang sa gayon ikaw ay mabuhay sa pisikal, gaano pa kaya na may isa na namatay nang sa gayon tayo ay mabuhay nang Walang Hanggan! Kinakailangan ng kamatayan, para maibunsod 'yun. Tinapay! Yamang sinabi ni Jesus, "Ako ang Tinapay," at tunay na may tinapay na gawa talaga sa trigo at Siya nga'y di ganung uri ng tinapay, kaya ibig sabihin may dalawang uri ng buhay na binubuhay ng tinapay. Doon nga tayo tutugaygay. Di kasi maaaring. . .Hindi Siya, kung di Siya trigo; hindi Siya Salita, Siya ay laman mismo, kaya ang ibig sabihin ay may dalawang uri ng buhay. Alam natin na kailangang mamatay ng trigo para mabuhay tayo sa pisikal, gaya ng nasabi ko na. Si Jesus, ang Tinapay na Salita, ay namatay, para tayo nga'y mabuhay nang mapasa Walang Hanggan. Siya ang Tinapay na Salita. Ngayon pansinin n'yo po, ilagak n'yo 'yan sa isipan n'yo. Ngayon para patunayan na ang mga Salita ni Jesus ay katotohanan, haya't makikita natin dito, sa kalikasan, kung paano nga 'yun.

100 Ngayon dumako nga tayo sa Kasulatan, para makita natin 'yun muli, na kinakatigan sa Kasulatan hanggang sa makadako na tayo sa mismong teksto natin. Sa halamanan, ipinagkaloob ng Diyos sa Kanyang unang pamilya ang Salita ng Diyos para sa pamamagitan nun ay mabuhay, sa bawat Salita mismo nun. Ang unang pamilya na inilagay rito sa lupa, ay pinagkalooban ng Walang Hanggang Buhay basta't mananatili sila sa Salita ng Diyos.

101 Yun ang Kanyang plano. "Ako ang Diyos," ang sabi Niya, "Di Ako nagbabago." Yun at 'yun pa rin ang Kanyang plano. Kailanman ay di Niya naging plano ang kredo, o organisasyon, o gawang-taong mga panuntunan, na dapat sa pamamagitan nun ay mabuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita na galing sa bibig ng Diyos.

102 Ngayon bumalik tayo sa Genesis, na siyang pasimula. Ang ibig sabihin ng *Genesis* ay "ang pasimula." Nakita natin dun na nagkaloob ang Diyos ng Buhay na Walang Hanggan para sa Kanyang pamilya basta't mananatili sila mismo sa Salitang ito at ipamumuhay nila ang Salitang ito. Pero nung baliin nga nila 'yun, kahit na isang dugtungan lang 'yun sa dugtong-dugtong na tanikala ng mga pangako, hinagupit sila ng kamatayan, na 'yun din naman ang sinalitang mangyayari.

103 Isa 'yung dugtong-dugtong na tanikala. Nakabitin kayo sa ibabaw ng impyerno habang dumaraan dun, at 'yun lang ang

tanging magpapatawid sa inyo. Kapag ang mananampalataya'y magiging kunwang-mananampalataya't namuhay siya sa isang salita na kontra sa Salitang ito, pinuputol niya ang pakikipag-isa niya sa Diyos. Maski isang dugtungan lang na napigtas! At, alalahanin n'yo, 'yang pananampalataya n'yo sa Salitang ito ay katulad sa isang tanikala. Hanggang dun lang sa kakayanin ng pinaka mahinang dugtungan ang buong tibay nung tanikala. Ganoon nga. Hanggang dun lang ang buong tibay, nun, dahil hanggang dun lang ang kinaya nitong dumugtong. At kung may bagay sa Salita na nakakalito sa iyo, na bagay na parang iba sa pandinig mo, na haya't sinasabi pa ng ilan, "Kita mo? Oh, para 'yun sa mga alagad noon, at ang mga bagay na 'yan ay para lang dun sa nakalipas nang panahon," samantalang ang sabi ng Kasulatan haya't si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman, kaya huwag n'yong hayaan na 'yan ay maging marupok na kasiraan! Patatagin n'yo Ito at hawakan n'yo Ito nang mainam, at ibigkis n'yo ang buhay n'yo Rito, dahil 'yun lang ang tanging bagay na magpapatawid sa inyo sa ibabaw ng mga apoy ng impyerno. Ganoon nga.

104 Nung mabali ang tanikalang 'yun, kina Adan at Eba noon, ang unang pamilya, ngayon alalahanin n'yo, ni hindi po isang pangungusap ang binali nila, ni hindi tatlong Salita ang binali nila; isang Salita lang! Bibitin at bibitin ang tao sa ibabaw ng impyerno sa pamamagitan ng bawat Salita, bawat Salita na buhat mismo sa bibig ng Diyos. Sa ganoon nga matutukoy ang Walang Hanggang patutunguhan ng tao. Haya't, kakapit ba siya sa pamamagitan ng tanikalang 'yun, o kakapit ba siya sa pamamagitan ng isang kredo; o kung kredo ba 'yun na hinalo sa tanikalang ito, haya't dun nga lilitaw ang mahinang bahagi, at napahamak ka na. Dun nga lumitaw ang mahinang bahagi kina Adan at Eba noon. Yung mahinang dugtungan, "tunay," ang sabi niya, "Ang Diyos . . . " Samantalang tunay na sinabi naman na 'yun ng Diyos! At kung Diyos ang nagsabi, seryoso dun ang Diyos. At kaya naman tinupad din Niya ang Kanyang Salita na nagsasabi, "Sa araw na kainin n'yo 'yun, sa araw na 'yun ay kayo'y mamamatay." Kaya sa araw na maglagak kayo sa sarili n'yo ng kung anupamang ibang bagay maliban sa di-nahaluang Salita ng Diyos, na inilagak n'yo sa kaluluwa n'yo, 'yun nga ang araw na inihiwalay kayo mula sa Diyos.

105 Ngayon napakabigat nga nito, pero pakinggan n'yo lamang pong maigi. Ngayon pansinin. Isang Salita lang, isang Salita lang mismo sa unang bahagi ng Biblia, ang sabi ng Diyos sa bagay na 'yun, "Isang Salita lang, ang tao ay nahiwalay mula sa Walang Hanggang Tanikala nito."

106 Katulad nga 'yun na may tao kayo halimbawa at ilalagay n'yo siya roon sa nakabitin, nakaapak siya roon . . . na ang mga kamay niya ay nakaturo nga sa Langit, at puputulin n'yo 'yung nandun sa kanya na maghati sa dalawa, puputulin n'yo 'yung

nandun mismo sa inaapakan niya, o saanmang bahagi na kayo nga'y nakabitin dun. Nandun nga kayo na nakabitin sa ibabaw ng kalaliman na 'yun sa ibaba, at, kung puputulin mo 'yung tanikala, saan mang dako, mapapahamak ka. Ngayon ilagak n'yo 'yan sa isip n'yo.

107 Alalahanin n'yo, ang sabi ng Biblia, "Sa bibig ng tatlong saksi, ang bawat salita ay pagtitibayin." Tayo po'y dadako riyan, maya-maya, sa tatlong pagtutukso kay Jesus; tatlong pagtutukso sa mga ministro, sa panahon ngayon, kung saan 'yun ang maaari nilang ikahulog; tatlong pagtutukso sa iglesya, at kung saan 'yun ang maaari nilang ikahulog; tatlong pagtutukso ng isang organisasyon, kung saan 'yun ang maaari nitong ikahulog; at tatlong pagtutukso sa indibiduwal, at kung saan 'yun ang maaari nilang ikahulog. Ngayon, ang lahat ngang ito'y laging tatluhan; katulad na lang ng pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo; Ama, Anak, Espiritu Santo. Ang lahat nga'y ganap sa bilang na tatluhan.

108 Ngayon pansinin ang Diyos, sa pasimula, ang pinaka unang bagay na ipinagkaloob Niya sa Kanyang mga anak para dun ay mamuhay, ay ang Kanyang Salita. Ngayon nasumpungan natin na 'yan nga ang katotohanan. Pagkatapos dito sa kalagitnaan ng Biblia, napakinggan natin si Jesus na dumating at nagsabi, "Ang tao ay mabubuhay sa bawat Salita na magbubuhat sa bibig ng Diyos." Tapos heto rin sa Apocalipsis 22:18, si Jesus Mismo ang nagsasalita rito uli, ang sabi, "Pinagtitibay Ko ang mga bagay na ito. Sinuman na magdagdag ng isang salita Rito, o mag-alis ng isang Salita mula sa Aklat na ito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

109 Ngayon, kita n'yo, hindi nga ito batay sa mabuti nating pamumuhay; gayong 'yun ay kalakip na roon. Di nga ito batay sa ating—ating pagiging tapat sa ating iglesya; gayong 'yun ay kalakip na roon. Pero ang pinaka mahalagang bagay, ay 'yung manatili sa Salitang 'yun. Huwag na huwag kayong kakain ng anupamang iba maliban sa Salitang 'yun. Manatili kayo Roon. Siya ang Salitang 'yun. Ngayon sikapin po nating umantabay pa nang mas mainam.

110 Ano ang pagkakaiba sa tinapay na ito, ng paglalang, para mabuhay? Ngayon, ang trigo po ang tinapay ng buhay, kung di 'yun hybrid na butil, 'yun ay . . . kung itatanim n'yo 'yun at 'yun nga'y tutubo uli. Kinakailangan ding ito'y mainam na husto sa gulang na butil. Di rin kasi uusbong ang mga butil na may sira. Alam natin 'yang lahat. Si Kapatid na Sothmann, na nakaupo rito, isa siyang nagpapatubo ng trigo mula Canada, alam niya na di mo dapat itinatanim ang butil na may sira sa lupa, tapos aasa ka na may aanihin mula roon. Dahil, 'yung salagubang o 'yung—o 'yung bakterya, na naroon sa butil, ay kakainin 'yun hanggang maubos, mauunang kainin 'yung buhay mula roon.

111 Alam n'yo ba na ang mismong mga uod na sisira sa inyo, na kakain sa inyong katawan, ay nandiyan na mismo ngayon? Ang sabi ni Job, "Sirain man ng mga uod ko ang katawan na ito!" Ilagay man kayo sa loob ng isang ataul at saraduhang maigi, na di makakapasok ang hangin; 'yang mga uod, na nariyan na sa inyo, ay kakainin kayo hanggang maubos.

112 Maski 'yung harinang-tinapay at harina, at ganun, at ilagay n'yo 'yun sa isang tabi pansumandali, haya't may kulisap na roon, saraduhan n'yo man nang maigi. Ano 'yun? Yung kulisap ay naroon na, sa simula pa lang. Naroon na, sa simula pa lang.

113 Ngayon, kinakailangan na ang butil na 'yun ay mabuting butil mismo. Kinakailangan na walang kasiraan 'yun, na wala roong kulang, at kung ano pa, na naroon. Kinakailangan na puro ang butil na 'yun. Hindi maaaring hybrid na butil—butil, dahil, kapag sumibol na 'yun, tapos itatanim n'yo na uli, at ang inyong—inyong butil na 'yun ay hanggang dun na lang, dahil ang isang hybrid na butil ay hinding-hindi tutubo uli. Hinding-hindi nga 'yun tutubo uli. Inaalis n'yo kasi ang buhay mula dun kapag pinagiging-hybrid n'yo 'yun.

114 At 'yan ang nangyayari sa mga kaiglesyahan. Sila mismo'y pinaging-hybrid na sa sanlibutang ito, at 'yan nga ang dahilan kung bakit sa pag-usad ng bawat rebaybal, haya't di na kayo magkaroon ng isa pa uling rebaybal pagkatapos nun. Bawat organisasyon na naorganisa, ay namamatay mismo sa puntong 'yun at di na sisibol pa, dahil inorganisa nito ang sanlibutan na lumakip sa kanyang mga sistema, kaya di na uusbong pa. Wala nga ni isa kahit kailan sa kasaysayan na anumang iglesya, na naorganisa, na sumibol uli. Siya nga'y namatay sa mismong punto na 'yun. Bakit? Pinaging-hybrid n'yo kasi.

115 Huwag kayong maglalagay ng obispo na mangingibabaw dun. Hayaan n'yong ang Espiritu Santo ang manatili sa ibabaw nun. Kita n'yo? Ipinadala ang Espiritu Santo para mapanatili na ilayo ang mga damong-ligaw at iba't ibang ganoong bagay; hindi sa kung ano ang ideya ng obispo, o ng tagapangasiwa, o ng iba pa. Ang kailangan ay Espiritu Santo para panatilihin ang iglesya sa kondisyon nito. Siya ang ganap na Salitang 'yun, gaya nga ng makikita natin.

116 Si Adan ay nabigyan ng pagpili, ang Salita at mabuhay, o ang di-manampalataya sa isang Salita at mamatay.

117 Yun din ang pinapipili sa atin, dahil kinakailangan nating pagdaanan 'yun. Kung inilagay ng Diyos si Adan sa Salita, at sa Salita lamang, pagkatapos ay ilalagay naman tayo sa kung anong kredo o kung anong uri ng kredo, kung ganoon ay hindi matuwid ang Diyos sa Kanyang paghatol, di nga 'yun angkop sa Kanyang kabanalan ni sa Kanyang lubos na kaitaasan. Pero heto nga na umaangkop mismo sa Kanyang lubos na kaitaasan na makita na inilalagay Niya ang bawat tao sa tuwina sa siya ring parehong katayuan. At Siya ay Diyos at hindi nagbabago.

Kung ano mismo ang ginawa ng Diyos sa una, 'yun at 'yun ang gagawin Niya mapasa walang hanggan. Hinding-hindi Niya binabago ang Kanyang—Kanyang programa. Kung may bagay man, ay Kanya pa ngang binibigyang-diin ito nang lubos, pero hinding-hindi Niya binabago 'yun kailan man. Ang siya ring bagay ay magpapatuloy nang magpapatuloy.

118 Ngayon, si Adan ay pinapili. At kung manghahawakan siya sa Salita, mabubuhay siya. Kung di siya manghahawakan doon sa Salita, mamamatay siya.

119 At 'yun din ang mayroon tayo sa ngayon. Kung mananatili tayo sa Salita, mabubuhay tayo. "Ang tao ay dapat mabuhay sa bawat Salita." Pero kung tayo'y hindi, mamamatay tayo, tayo nga'y mamamatay sa espirituwal. Oh, haya't makagagawa nga tayo ng ingay, tunay, sisikad-sikad pa sa paligid, at hihiyaw at kung anu-ano pa, pero, 'yun, 'yun nga'y hindi—hindi buhay. Di po 'yun buhay. Isa po akong misyonero. Nakarinig na ako ng mga pagano na pasikad-sikad sa paligid at kung humiyaw ay mas malakas pa nga sa atin, at sinasabi-sabi nilang kilala nila ang mga diyus-diyosan, at mga bagay na gaya nun. Di po sila buhay sa lagay na 'yun. "Sila'y patay gayong sila'y buhay." Yan ang sabi mismo ng Biblia. Ngayon nasumpungan nga natin na ang pagpili na ito ay ibinigay sa atin.

120 Pero siya'y nakipagkompromiso sa isang salita ni Satanas, kaya naman namatay.

121 At kung, sa pasimula, na ang Diyos sa Kanyang biyaya at awa ay maaari namang iwaglit 'yung lahat ng mga paghihirap na napagdadaanan natin, lahat ng mga kamatayan na ito ng mga munting sanggol, at lahat, at mga digmaan, at mga nasa loob, at mga pagpapapapako, at itong mga bagay na dinadanas natin; kung isinantabi Niya 'yun, yamang sa Kanyang lubos na kaitaasan sa Kanyang Salita ay magagawa naman Niyang ang bagay na 'yun ay iwaglit na lang, haya't Siya nga'y magiging di matuwid dahil bakit di Niya nagawang iwaglit sana 'yun noon. Nakukuha n'yo ba? Di Niya puwedeng basta iwaglit. Di Niya kasi 'yun iwinaglit kay Adan, sa simula't sapul. At kaya di Niya 'yun iwawaglit sa inyo o sa akin, ano't anuman. Kinakailangan nating dumulog patungo sa bagay na 'yun, sa Salita lamang. "Bawat salita ng tao ay kasinungalingan, at ang Akin lamang ang totoo," 'yan ang sabi Niya.

122 Ngayon tayo nga'y nakatunghay sa kung anong panahon ito na kinabubuhayan natin, na panahon ng pag-aani.

123 Pagkatapos ang Diyos, matapos na mahulog ni Adan (siya nga'y sinubok sa Salita, at nahulog), nagpatuloy ang Diyos, sa Kanyang nilikha, para sikaping makasumpong ng isang tao na magagawang mabuhay sa bawat Salita. Ngayon tingnan. Siya nga'y nagsikap na makasumpong ng tao, na, ipamumuhay ang Salita na para sa kapanahunan ng tao na 'yun. Ngayon,

nakita n'yo, ikinalat ng Diyos ang Kanyang Salita, dahil magagawa Niya.

124 Siya ay, Siya ay walang katapusan, at Siya ay—Siya ay nasa lahat ng dako. Nakababatid ng lahat ng bagay, kaya ibig sabihin nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay. Hindi kasi puwedeng nasa lahat Siya ng dako. Pero sa pagkabatid sa lahat ng mga bagay, na nalalaman ang lahat ng mga bagay, mangyari ngang Siya'y sumasa lahat ng dako. Dahil, sa ganoong paraan Niya tayo itinalaga nung una, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, hindi dahil sa ginusto lang Niya ang isang tao na *ito* ay maligtas at ang isa namang *ito* ay mapahamak. Kundi alam na Niya kung sino ang mapapahamak at kung sino mismo ang maliligtas. Kita n'yo? Kung kaya naman, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, nagawa Niyang magtalaga nung una pa lang. At ibinubunsod Niya na ang lahat ng mga bagay ay kumilos para sa Kanyang kaluwalhatian. Yun mismo ang ginagawa ng Kanyang mga katangian, haya't ipinapakita ang Kanyang kaluwalhatian. Isang sisidlan sa ikapupuri at isa sa ikasisirang-puri, pero ang Diyos ang gumawa. "Hindi sa may ibig ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos na nagpapakita ng kaawaan." Kita n'yo?

125 "Walang makalalapit sa Akin," ang sabi ni Jesus, "maliban na ilapit siya ng Aking Ama. At ang lahat na nasa Ama na," pangnagdaan, "na ipinagkaloob sa Akin, ay lalapit sa Akin, lalapit sa Salita." Papaano nga silang makalalapit maliban na sila noon, haya't lahat sila, ay pauna nang itinalaga na noon na lumapit? "Ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, sa kanila ay ipinagkakaloob ang kapangyarihan na maging mga anak ng Diyos." Kita n'yo, dahil ang mga pangalan nila ay naroon sa Aklat, dumating Siya para tubusin ang mga naroon sa Aklat.

126 Sa Apocalipsis, makikita nga natin, nung ang mga Tatak ay nabuksan, mayroong Aklat. At Siya na nakaupo sa Luklukan, ang Diyos, ay hawak Iyon sa kanan Niyang kamay. At wala ni isa, sinuman, sa Langit o sa lupa man, o saan mang lupalop, ang karapat-dapat na lumapit at kunin ang Aklat na 'yun, o sumilip man lang Doon. Si Juan nga'y tumangis nang may malaking . . . dahil ang buong Aklat ng pagtutubos ay naroon.

127 Naroon ako sa pagtitipon nung isang gabi, may munting kapatid na lalaki't kapatid na babae ng Assembly of God na umawit ng awiting 'yun, "Iniisip ko kung nakita ako ni Juan nung makita niya ang lahat ng mga bansa'y nagkatipun-tipon. Nakita ba niya ako?" Tunay, nakita niya, kung ang pangalan n'yo ay naroon sa Aklat na 'yun. At nung . . .

128 Ang pangalan ni Juan ay naroon nga, rin, at nanangis siya dahil walang sinuman ang maaaring humipo man lang Doon. At pagkatapos lumapit ang isa sa mga matatanda at nagsabi, "Huwag kang umiyak, Juan, sapagkat ang Leon ng Lipi ni Juda ay nanaig."

129 At tumingin-tingin sa paligid si Juan para makita ang—ang leon, at mula sa likod ng mga tabing ay lumabas ang isang Cordero, isang Cordero na pinaslang na bago pa itatag ang sanlibutan. Mangyaring nakita niya ang duguang Cordero na lumabas mula roon, at lumapit Siya at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay Niya, at tinawag ang lahat ng naroon mismo sa Aklat na 'yun. Yun nga'y ang kumpletong Aklat ng pagtutubos. At *ito* nga Ito. Ang Aklat ng pagtutubos, Kanyang tinubos ang lahat ng naroon sa Aklat, hindi sa labas ng Aklat. Anumang bagay na may pasimula ay may kawakasan. Pero kung kamit mo ang Buhay na Walang Hanggan, hinding-hindi ka nga nagpasimula at hinding-hindi ka magwawakas, dahil kayo'y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, mga bahagi ng Kanyang kaisipan at Kanyang Salita. Wala kayong katapusan ng Buhay, kung ang pangalan n'yo ay naroon sa Aklat na 'yun. Dumating ang Cordero para tubusin Iyon. Hindi nga ang lahat na nagpapakilala na "mga Cristiano," hindi ang lahat na sumusubok mamuhay ng mabuti't banal; kundi sila na ang mga pangalan ay nakasulat dun, Kanyang tinubos 'yun, at 'yun lamang, na ang mga pangalan ay naroon sa Aklat.

130 Ngayon nalaman nga natin na si Satanas ang sanhi ng pagkahulog ni Adan, dahil sa isang Salitang 'yun. At ang Diyos nga'y nagpatuloy sa pagtugaygay, sa Kanyang nilikha, para sikaping makasumpong ng isang tao na magagawang ipamuhay ang bawat Salita. Yung una Niyang tao ay nabigo. At ang tinutukoy na tao dun ay mabubuhay sa kanyang kapanahunan, sa kanya ngang kapanahunan na kinabubuhayan.

131 Ngayon, kita n'yo, napakarami nga nitong iba't ibang mga kapanahunan na iprinopesiya na noon ng Diyos sa pasimula, na ang lahat ay mangyayari hanggang dulo. Yan ang dahilan kung bakit nagagawa Niyang sabihin ang wakas sa pasimula, ay dahil nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay. Nilikha Niya ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at para sa Kanya, at para sa Sarili Niyang kaluguran. Pansinin po nang maigi ngayon. Huwag n'yo itong palampasin.

132 Ano kaya kung si Moises ay dumating na ang dala-dala niya'y mensahe ni Noe? Hinding-hindi 'yun uubra. Hindi nga maaari. Hindi.

133 Ano kaya kung dumating si Jesus na ang dala-dala dun ay mensahe ni Moises? Hindi nga 'yun uubra.

134 Ano naman kaya kung tayo ang darating, na ang sinisikap pa rin nating dalhin ay ang mensahe ng Methodist, mensahe ng Baptist, o mensahe ng Pentecostal? Hindi nga uubra. Maiinam naman ang mga 'yan noon; sige't papatunayan natin sa ilang saglit, sa pamamagitan ng Salita. Ang mga 'yan ay maiinam sa kani-kanilang kapanahunan. Tapos na ang kapanahunan na 'yun. Ang dapat nga nating hanapin ay kung ano ang sinasalita ng Kasulatan para sa panahon na ito ngayon. Itong panahon na

ito mismo, sa ganito dapat mabuhay ang tao't sa kapanahunan niya mismo.

Sinikap Niya na makasumpong ng tao na magagawa nitong ipamuhay ang buong Salita.

135 Unang bagay na ginawa Niya, sinubukan Niya si Noe. Si Noe nga'y binigo Siya; nalasing, nabigo siya.

136 Si Moises, ang dakila't magiting na obramaestra ng Diyos, Kanyang sinubok siya at nabigo siya. Niluwalhati niya kasi ang kanyang sarili, at di tuloy siya pinahintulutang makapasok sa ipinangakong lupain.

137 Pagkatapos dumating si David, na sa kanya'y ipaaaninag Niya ang Kanyang—Kanyang. . .ang dakilang Milenyum, kay David, at ipapakita Niya kung ano ang Kanyang Pagkahari. At ang Diyos ay nangako sa pamamagitan ni David, na sa kanya ay lilitaw ang. . .lilitaw ang Kanyang Anak na mauupo roon sa kanyang luklukan. At si David ay isang magiting na lalaki, na, "siya pa nga'y lalaki na kinalugdan ng Diyos sa Sarili Niyang puso." At si David nga'y tuluy-tuloy ang maiinam niyang gawa. Kanya pa ngang pinaslang ang mga Filisteo't winasak ang mga dambana, at nanatili sa Salita. At, nung dulo, pinabagsak siya ng isang magandang babae, at sinuway niya ang kautusan, ang Salita nga'y nawaglit, nangalunya. Kita n'yo? Isang lalaki na kinalugdan ng Kanyang Sariling puso, kita n'yo, pero binigo pa rin Siya ni David.

138 Binigo Siya ni Moises, lahat sila'y binigo Siya, pero hayan nga na ang lahat ng mga buhay ng mga tauhan na ito ay aninag lamang ng Isa na parating.

139 Sa Aklat ng Apocalipsis, gaya ng isinusulat ko, may isang lalaki na nagsasalin nun o inaayos ang pagkakabaybay ng mga pangungusap dun. . .Ang pagbabaybay ko po ng pangungusap ay di maganda, kaya may—may magaling na iskolar ako roon na nag-aayos ng pagkakabaybay ng mga pangungusap nun, na inaayos ang tamang pagkakalagay ng mga pangngalan at mga panghalip. Haya't, di ko alam ang pagkakaiba ng pangngalan at ng panghalip. Pero, pero alam po nung lalaki, at siya ang nagsasa-ayos ng lahat ng 'yun. . .Ang alam ko lang, ang isang bagay na tanging nalalaman ko, ay ibinigay sa'kin Ito ng Diyos at akin lang isinusulat Iyon, kita n'yo. At kanilang, kailangan nilang isaayos 'yun nang ganoon para kapag nakarating ito sa mga eskuwelahan at iba pa, kanilang—kanilang mababasa 'yun sa paraan ng kanilang pag-unawa. At mangyari ngang ang sabi sa akin nung nagsusulat, nung pagkakabaybay, o nung lalaki na nag-aayos nung mga pagkakabaybay, ang sabi niya sa akin, sabi niya, "Pero, Kapatid na Branham, makikita natin dito sa kapanahunan ng iglesya ng Pergamo. . .Na, binanggit ni Jesus dito, 'ang magtagumpay, ipagkakaloob Ko sa kanya ang Tala sa Umaga.' Ipagkakaloob sa kanya ang Tala sa Umaga?" Sabi niya, "Ngayon papaano Niya maibibigay ang Tala sa Umaga,

yamang si Jesus ang nagsabi, Mismo, na Siya ang Tala na ’yun sa Umaga?”

140 Kita n’yo, ang lahat ng mga binhi na ’yun ni Abraham ay pinapaaninag ng mga bituwin. Yamang sila’y iba’t iba sa isa’t isa, haya’t tayo rin naman ay iba’t iba sa isa’t isa. At si Jesus ang Tala na ’yun sa Umaga, ang pinaka maliwanag sa lahat ng naroon. Pero makikita nga natin Siya, sa Apocalipsis 1, na may pitong bituwin sa Kanyang kamay. Ipinaliwanag Niya ’yun, at ang sabi, “Ang pitong mga bituwin na ito ay ang pitong mga anghel sa pitong iglesya, o sa pitong kapanahunan ng iglesya na parating.”

141 Kaya ang sabi niya, “Papaano nga ’yun mangyayari, na sila ang may hawak dun sa Tala sa Umaga?”

142 Ang sabi ko, “Yaong mga bituwin na ’yun na naroon sa Kanyang kamay ay pagpapaaninag lamang ng mga bituwin na galing dun sa Tala sa Umaga, kita mo, dahil ’yung mensahero para bawat kapanahunan na ’yun ay may dalang Salita.” At Siya ang Salita; ang mensahero nga ay may bahagi lang na laan para sa kanyang kapanahunan. At ’yung mga tao na handang lumayo mula sa sistema ng sanlibutan at makamundong mga bagay, at lumalakad kasama Siya, ay nakikita ang aninag ng Tala na ’yun sa Umaga sa pamamagitan ng mensahero para sa kapanahunang ’yun. Gaya ng ginawa Niya noon kay Noe at kay Moises, at sa iba pa, na pinapaaninag Niya ang Lumang Tipan, sa wakas ay dumating na roon sa Isa na ’yun. At ganun din ito sa dulo ng kapanahunan ng iglesya, dadako at dadako muli kay Jesus, na Siya ang Salita.

143 Tayo na mga Cristiano ay sadyang pinapaaninag lamang natin Siya. Pinapaaninag ng buwan ang araw, kapag wala ito sa eksena. At ang mananampalataya ay sadyang pinapaaninag lamang ang Anak ng Diyos, kapag wala ang Anak ng Diyos sa eksena. Yun nga ang Liwanag ng Biblia, ang mga Kasulatan, na pinapatotohanan sa ating mga buhay, ang Salita na pinagiging Liwanag sa kadiliman. Kayo’y mga kandila na nakalagay sa ibabaw ng isang burol. Hindi ’yun ang mismong araw; kandila ’yun. Ang kandila nga’y humahalili lamang dun sa puwesto ng araw, na nagpapaaninag lang ng ilang porsiyento ng liwanag. Tayo’y mga anak ng Diyos, tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, na haya’t may Espiritu na bahagi. Yung nasa Kanya roon ay di lang bahagi. Tayo’y bituwin dun na nagliliwanag, na lahat tayo na magkakalakip ay magbibigay ng Liwanag sa sanlibutan, pero Siya nga ang buong Anak na nagpapaaninag nung Liwanag sa bawat bituwin. Hallelujah! Sinasampalatayanan ko Siya. Tulungan nawa ako ng Diyos sa aking kawalan ng pananampalataya!

144 Sa wakas, ang sakdal na Isang ito ay dumating. Ngayon, Siya nga’y dumating para tuksuhin sa bawat anggulo katulad natin. Sinabi ng Biblia na tinukso rin Siya. Tinukso Siya gaya ni Noe. Tinukso Siya gaya ni Moises. Tinukso Siya gaya ng iba

pa sa kanila. Kung may oras lang sana tayo na isa-isahin ’yan at ipakita sa inyo, pero wala po, mangyaring di ko rin gustong kunin ang maraming oras n’yo. Pero, kung iisa-isahin ’yun at ipapakita sa inyo, Siya nga’y tinukso sa ganun ding paraan.

145 Hindi iniiba ni Satanas ang kanyang taktika, ganoon din ang Diyos, ang mga kapanahunan lang ang nagbabago. Pero kung ano. . . Yung kung ano ang mayroon si Satanas dun sa una, sa unang pamilya ng Diyos, sa lupa. Heto nga ito kapatid na lalaki, kapatid na babae. Huwag n’yong palampasin na di n’yo ito makuha. Papaano nga naisahan ni Satanas ang unang pamilya? Di nga Siya roon makakapasok sa kung anong ibang paraan maliban na ibunsod na ang Salita’y mabali, dahil sila roon ay napapalibutan at nakakubli sa Salitang ’yun. Kung magagawa lang niyang pumasok sa isang puwang!

146 Ganun niya naisahan ang bawat iglesya sa bawat panahon, naisahan ang bawat mananampalataya, pinasok ang puwang na ’yun. “Buweno, naniniwala ako—naniniwala ako na tama ang Biblia, pero ’yang bahagi na *’yan* ay di ko pinaniniwalaan.” Oh, diyan siya pumapasok. Masaklap po, pero diyan nga siya pumapasok.

“Bawat Salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos!”

147 Ngayon bulayin n’yo nang maigi ito ngayon. Ngayon Siya sa wakas, itong Isang ito, na dumating at nakasalang na roon para tuksuhin kung papaanong tinukso ang iba pa sa kanila ay tinukso na. Ngayon pansinin n’yo kung gaano ang hagupit na ibinubunsod ni Satanas sa bawat atake niya, na laging ganoon sa tuwina. Ngayon tinangka niyang bigyan Siya ng natural na tinapay, kung papaanong ginawa niya rin ’yun kay Eba. “Kung kakainin mo *ito*, kukunin mo *ito*,” o parang ganun, ganun nga ang istilo niya.

148 At ’yun na ’yun ang ginagawa niya sa bawat organisasyon, ’yun na ’yun ang ginagawa niya mismo sa bawat indibiduwal, tinatangka niyang ialok sa inyo ang natural na bagay para inyo ’yung tingnan. At sa ganun kayo natatangay! “Buweno, tingnan n’yo ang mayama’t malaking iglesya na ito! Aba, milyones ang nasa loob nito! Iglesya namin ang pinaka malaki sa siyudad. Buweno, ang ating, maging ’yung alkalde ng siyudad ay dito nagsisimba sa iglesya naming ito. Tingnan n’yo nga ang lahat ng ’yan! Ang pastor ay may—may digri sa D.D., L.D., Ph.D! Haya’t, buweno, haya’t, buweno, siya nga’y maituturing na matalinong lalaki talaga.” Magagawa nga ng isang Katolikong pari na dumako roon at tabunan siya, anumang oras, ng mga digri ng pari na ito. Kinakailangan niyang kabisaduhin ang nasa animnapung mga aklat nang husto’t mas higit pa sa pagka kabisado mo mismo sa Biblia, para makuha niya ang digri niya para maging pari, kaya huwag n’yong ihambing sa kung anong naabot na edukasyon.

149 Matutulad lang sa sanlibutan, na laging sinusubukang maghambing. Huwag na huwag n'yong ihahambing ang mga bagay ng sanlibutan. Huwag n'yong ihambing sa ibang iglesya. Ihambing n'yo sa Biblia! Kaso 'yan ang ginagawa natin sa panahon ngayon. Yan ang problema sa mga Pentecostal na mga iglesya. Yan nga ang problema sa ating mga kuwartet at mga awitan, at iba pa, na taglay natin, sinusubukan nating kumilos na kahambing ng Hollywood. Ang Hollywood ay kumikinang; ang Ebanghelyo ay nagliliwanag. Napakalaki ng pagkakaiba ng kumikinang at ng nagliliwanag. Kita n'yo? Kumikinang ang Hollywood sa kanilang mga kasuotan, at mga Ricky at mga Ricketta, at mga ricochet. Pero ang Diyos ay may kababaan na nagliliwanag sa pagpapakumbaba ng mananampalataya, kahit na gaano pang salat sa pinag-aralan ang mananampalataya. Siya nga'y nagliliwanag sa pagpapakumbaba, di kumikinang sa Hollywood.

150 Pansinin n'yo, sinubukan niya ang luma niyang taktika kay Jesus, katulad ng ginawa niya noon kay Moises, katulad ng ginawa niya sa lahat ng iba pa roon noon. Sinubukan niya 'yun. Haya't susubukan niya rin 'yun sa inyo, para himukin kayo na tanggapin ang kung anong malaki't kabigha-bighaning bagay na kumikinang.

151 Naalala ko nung nangangaso ako noon ng mga coon, mga raccoon. Kumukuha ako noon ng. . .Ang tatay, ang tatay ko, siya nga'y gumagamit ng tabako noong araw. Di ko lang alam kung alam n'yo 'yung lumang etiketa na noong araw ay 'yun ang pambalot nung tabako. Kukunin ko nga 'yun, kukuha ako ng panusok at bubutas ako roon, dun sa mismong paikot ng sapa kung saan tumatakbo ang coon. At tapos magbubutas nga ako roon, at itutusok ko 'yung etiketa ng tabako roon. At tapos magtutusok ako roon ng mga pako, na naka-anggulo nang *paganito*. At 'yung mga coon ay mahilig sa tuwina na manguha ng bagay na makinang. At kaya kapag may buwan, at 'yung coon ay mapapadaan dun, siya nga'y sisilip-silip dun, tapos isusuot niya 'yung kamay niya roon para kunin 'yun. At hindi niya 'yun bibitiwan.

152 Katulad nga siya ng ilang mga miyembro ng iglesya. Kahit na alam na niya mismo na nabitag na siya, hindi pa rin siya bumibitiw. "Kung gagawin ko, haya't itataboy nila ako palabas ng organisasyon." Kaya 'yun ang kamatayan niya, hayan nga. Buweno. Pansinin. Doon nga'y todo ang kapit niya, hindi siya bumibitiw.

153 Ngayon sinubukan ni Satanas ang ganoon ding taktika kay Jesus, katulad ng ginawa niya sa iba pa sa kanila. Tinangka niyang pakainin Siya ng ibang bagay maliban sa ipinangakong Salita na Tinapay. Mangyaring, sinabi ni Jesus, "Nasusulat, 'di lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'" Kita n'yo? Sinubukan niyang ibunsod Siya na sumunod sa kanya. Gayong maganda

sa paningin, na parang mapapakain na Niya ang Sarili Niya, at puwede naman Siyang magpahatak dun. Kayo man . . .

154 Puwede n'yo ngang gawin ang anumang gusto n'yo, siyanga rin. Puwede n'yong tanggapin Ito o kaya ayawan Ito, alinman sa dalawa na 'yan na naisin n'yo. Ngayon kung 'yung coon na 'yun ay may sapat lang na pag-iisip, oh, na kuyumin ang kamay niya, magagawa nga niyang ilayo ang kamay niya roon; pero hindi 'yun ang gusto niyang gawin, siya nga'y humawak lang nang humawak dun. At ganyan din ang ginagawa ng napaka raming mga Cristiano na naturingan lang sa pangalan, siyanga. Wala silang pagnanais na mapakinggan Ito, hindi nila gustong pumunta at mapakinggan man lang Ito. Inaayawan nila ang anumang may kaugnayan Dito. Sige't kumapit lang kayo roon tapos, tingnan n'yo nga, makikita n'yo ang kahihinatnan.

155 Ngayon pansinin, sinubukan nilang pakainin Siya ng kung anong ibang bagay maliban sa Tinapay ng Buhay na bawat tao ay dapat dun sana mabubuhay. Pero si Jesus ay nanatili mismo sa Salita ng Ama. Oh, kung papaanong naging walang kasing tuso ito kay Eba noon, naging walang kasing tuso kay Moises noon, naging walang kasing tuso sa lahat ng iba pa roon. Ito rin ay naging tuso sa Isa na 'yun na magpapaaninag mismo ng bawat Salita. Kita n'yo, Siya, 'yun ang dahilan, dahil Siya ang Salita. Mangyaring si Jesus ay nanatili mismo roon sa Salita, tumanggi sa inaalok nitong pang-teologo't pang-seminaryong doktrina, siyanga, po, na bagong liwanag daw nito, higit na mataas na karanasan daw. Di nga nito naigiit 'yun kay Jesus di gaya nung naigiit nito 'yun kay Eba noon, na ipinakita pa nga sa babae, "Oh, tunay, ang Diyos . . ."

156 "Oh, tunay, lulukuban ito ng Diyos kung magagawa lang natin na mapaglakip-lakip ang ating mga sarili at bubuo ng isang kabuoang Pandaigdigang Konseho ng iglesya. Tunay, lulukuban ito ng Diyos. May pagkaibig Siya sa pakikipag-isa at may pagkaibig Siya sa pagkakapatiran." Pero sa Kanya ngang Sarili; hindi sa sanlibutan; pakikipagkapatiran sa Kanya, na ang pagsamba ay sa Kanya. Yun ang kinamatayan Niya, nang sa gayon kayo ay makasamba sa Kanya. Katulad nga ng dati, kung di niya makuha sa . . .

Ngayon nalaman nga natin na nabigo siya. Bumaling sa kanya si Jesus, na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

157 Ngayon nung makita niya ang mananampalataya . . . Haya't masdan n'yo nga ang mananampalataya na dumadaan mismo sa siya ring kategorya na ito ngayon, bawat isa sa inyo. Kapag nakita niya (niya) kayo na nananatili sa Biblia, "Oo, ako nga'y sumasampalataya sa Biblia. Hinding-hindi ako aanib sa kung anong kredo at kung anong bagay riyan. Mananatili ako mismo sa Biblia." At, katulad ng dati, kung di niya kayo magawang mapaniwala, na—na kayo'y ipinamumuhay talaga ang tunay na Katotohanan at sinasampalatayanan ang Salita, gusto ko pong

pansinin n'yo rito kung ano ang ginawa niya kay Jesus, nung ikalawang beses na, kung di niya kayo makukuha sa isang 'yun. Na sinasabi n'yo, "Naku hindi talaga ako aanib sa kung anong kredo. Hinding-hindi. Ako, ako'y ipinanganak na malaya, ako nga'y mananatili talaga Rito. Gagawin ko 'yung *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*." Kita n'yo, "umanib sa iglesya," at "halina't umanib," at kung ano pa; kung di niya kayo maibunsod na gawin 'yun, hayan nga't gagawa siya ng ibang bagay sa inyo. Oh, kapatid, masdan n'yo nga ito.

158 Kung di niya magawa, haya't ipadadala niya kayo sa sarili niyang seminaryo, para turuan kayo roon ng sarili niyang mga teologo, kita n'yo, kung saan si Satanas ang tagapagpaliwanag dun. "Oh, ang mga araw ng himala ay lipas na. Yung mga tao na 'yun dun sa gawi roon, akin ngang. . . buweno, kung anong grupo lang sila ng mga heretiko. Sila, balewala lang 'yang mga 'yan diyan, kita mo." Ipadadala niya kayo roon.

159 Oh, marahil sasabihin n'yo, "Sandali lang po, Kapatid na Branham! Sandali lang!" Sige, maglumagi muna tayo rito ng ilang sandali, kita n'yo. Sasabihin n'yo ngayon, "Ang ibig mo bang sabihin ay di ka na dapat? Hindi ba't tayo?" Hindi, po. Hindi, po.

160 Mangyari kasing sinabi ni Jesus, "Kapag ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating, kita n'yo, dadalhin Niya ang mga bagay na ito na itinuro Ko sa inyo, sa inyong diwa, ang Salita. At magpapakita Siya ng mga bagay-bagay na parating." Hayan nga ang tunay na puspos-ng-Espiritung Iglesya ngayon, na nananatili sa Salita, pinapaaninag ang Salita, ang Diyos sa lupa. Kita n'yo? Di Niya kailangan ng sinumang teologo, dahil ang Kanyang Salita ay hindi nangangailangan ng pansariling pagpapaliwanag. Siya mismo ang nagpapaliwanag ng Kanyang Sariling Salita, sa pamamagitan ng pagpapatibay mismo Rito at pagpapatunay Rito, na Ito ang Katotohanan.

161 Nung sabihin sa iyo ng iglesyang Methodist na di mo raw matatanggap ang Espiritu Santo kagaya nung pagkatanggap nila noon nung Araw ng Pentecostes, pinakinggan n'yo ba 'yun? Tunay nga na hindi. Nagpatuloy lang kayo sa pag-usad at inyo ngang natanggap ang Espiritu Santo, ano't anuman. Kita n'yo? Dahil 'yung. . .

162 Tinatalakay ko ang—ang trinidad sa isang—isang Baptist na ministro, nung isang gabi, at binanggit ko sa kanya na termino lang 'yun. At mangyaring sa pag-uusap na 'yun ay nalaman namin, ang sabi niya, may isa pang munting ministro roon na galing sa seminaryo, ang sabi niya, "Pero, Ginoong Branham, ang nangyayari tuloy ay pinasasampalataya mo ang mga tao sa isang apostolikong relihiyon."

Sabi ko, "Tunay, at sa nag-iisa na mayroon."

Tapos sabi niya, "Ginoo, saang eskuwelahan ka nag-aral?"

163 Sabi ko, "Sa pagluhod ko, kapatid ko. Hindi sa . . . Kita mo, doon ko ito nakuha, hindi sa teolohiya, kundi sa luhodlohiya." Sabi ko, "Doon ko Siya nasumpungan."

164 Tapos sabi niya, "Ginoong Branham, 'yung bautismo kamo ng Espiritu Santo, na gaya dun sa pagkatanggap nila roon sa Araw ng Pentecostes, haya't sinasabi mo ba na ganyan din ito sa panahon ngayon?"

165 Sabi ko, "Ang Biblia po ang may sabi, ginoo, na ang . . . si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Sabi ko, "Si Jesus Cristo 'yun na dumating dun nung Araw na 'yun noon ng Pentecostes." Oh, siyanga.

166 Anupa't, ang Siya ring 'yun! "Kaunti pang panahon, Aking ipinapanalangin sa Ama, na Siya'y magsusugo sa inyo muli ng isang Mangaaliw, ang Espiritu Santo. Kaunti pang panahon at di na Ako makikita pa ng sanlibutan, Ako kailanman; ngunit inyo Akong makikita, sapagkat Ako'y kasama ninyo, sumasa inyo, hanggang sa wakas, sa dulo ng mundo."

167 Sabi ko, "Oo, Siya nga 'yun na pumaroon nung Araw ng Pentecostes. Siyanga, po. Dumating Siya, nanahan sa kanila, pansinin, sa anyo ng persona ng Espiritu Santo, si Jesus Cristo sa persona ng Espiritu Santo, gaya ng pagkakaunawa natin sa pagka-Diyos."

168 Ngayon pansinin, hindi nga palalampasin ni Satanas ang kanyang teolohiya, teolohiya. At sabi ng lalaking ito sa akin, ang sabi niya, "Ginoong Branham," sabi niya, "Ipauunawa ko po sa inyo, na ako'y galing sa isang paaralan, at kami'y dumaan sa pagsasanay."

Sabi ko, "Napapakinggan ko nga ang inyong programa, sa tuwina." Kita n'yo?

Sabi niya, "Kami nga'y pinagsanay roon." Sabi, "Yung bautismo nila ng Espiritu Santo noon ay para sa mga alagad lang noon."

169 Sabi ko, "Sinabi mismo ng Biblia na may 'sandaan at dalawampu' sila na naroon sa silid na 'yun sa itaas." At sabi ko, "Ngayon sino ang tama, ikaw o ang Salita?"

170 Tapos sabi ko, "At heto, rin, na nung si Felipe ay nagtungo roon at nangaral sa mga taga-Samaria, at binautismuhan niya sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, pero ang Espiritu Santo ay di pa noon bumababa nung panahon na 'yun, dahil nakay Pedro ang mga susi. Kaya nagsugo siya sa Jerusalem at para sunduin si Pedro, na pumaroon at nagpatong ng mga kamay sa kanila, at ang Espiritu Santo ay pumaroon sa kanila. Ang sabi ng Biblia, 'Ang Espiritu Santo!'"

171 Sabi ko, "Pagkatapos si Pedro, sa pamamagitan ng isang pangitain, nasa kanya ang mga susi, nagpunta siya sa bahay ni Cornelio, Mga Gawa 10, kuwarenta y nuwebe . . . 'At habang

sinasalita pa niya ang mga salitang ito, ang Espiritu Santo ay lumukob sa kanila. Sapagkat narinig nila sila na nagsasalita ng iba't ibang wika, at—at—at nagpropropesiya, dinadakila ang Diyos. Pagkatapos ang sabi ni Pedro, ipagbabawal ba namin ang tubig, na doon ang mga ito'y mabautismuhan, yamang nakikita na sila'y nagsitanggap ng Espiritu Santo gaya namin noon sa pasimula? At pagkatapos inutusan niya sila na mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.'

172 "Nakita natin, tatlumpung taon ang lumipas, binabagtas noon ni Pablo ang hilagang baybayin ng Efeso, nakasumpong siya dun ng ilang mga Baptist na nagkakaroon ng dakilang rebaybal. May dakilang mga bagay na nagaganap. Sila'y nagsisihiyawan, pinupuri ang Panginoon. Tapos bumisita si Pablo sa iglesya na 'yun na may dalawampung tao ang nagsidalo, kung saan sina Aquila at Priscila ay dumadalo sa naturang pagtitipon; kung saan si Apolos, na isang binagong-loob na abogado, ay pinatutunayan sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ay Cristo. At sila'y nagtatamasa roon ng dakilang kaligayahan, at napaka inam na pagtitipon talaga. Napadaan dun si Pablo, sumadya siya roon matapos na siya . . . ilabas siya ng Panginoon sa bilangguan; dahil sa pagpapalayas niya nung espiritu, nung diyablo mula sa isang manghuhula ng kapalaran. At mangyaring sumadya siya sa dakong 'yun, sa gawain na 'yun ng Panginoon, at nagpunta siya roon para makapakinig sa pagtitipon. Pagkatapos ang sabi niya, 'Ang lalaking ito'y isang dakilang tao, siyanga, pero,' sabi, 'inyo na bang natanggap ang Espiritu Santo simula ng manampalataya kayo?' Naniniwala siya na natanggap n'yo Ito nung kayo nga'y sumampalataya. Pero ang sabi niya, 'Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo simula ng manampalataya kayo?' Sabi nung lalaki, 'Di nga namin alam na may Espiritu Santo pala.'

173 "Sabi, 'Kung ganoon ay saan kayo nabautismuhan?' Yun po ang tanong. Sabi nung lalaki, 'Nabautismuhan kami, ng siya ring lalaki na 'yun na nagbautismo kay Jesus: si Juan. Kami'y nabautismuhan sa bautismo ni Juan.' Kita mo? Ang sabi niya, 'Si Juan ay nagbautismo lamang ukol sa pagsisisi, hindi sa ikapagpapatawad ng mga pagkakasala.' Si Juan . . . dahil di pa noon napapatay ang Cordero. Sabi niya, 'Nagbautismo si Juan ukol sa pagsisisi, yamang kayo'y sumasampalataya sa Kanya na noon ay parating, kay Jesus Cristo.' 'At nung mapakinggan nila ito, sila'y nagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila, at ang Espiritu Santo ay lumukob sa kanila, at nagsipagpropesiya sila at nagsipagsalita sa iba't ibang wika,' tatlumpung taon ang nakalipas matapos 'yun."

Tapos sabi ko, "Di lang 'yan, haya't naniniwala ka kamo sa Biblia?"

Sabi niya, "Oo naman."

174 Sabi ko, "Si Pedro, nung Araw ng Pentecostes, noong sa buong paligid ay nagkakaingay, at silang lahat ay sumisigaw at nagpupuri sa Diyos, ang sabi ng mga tao, 'Mga kalalakihan at mga kapatid, ano bang maaari naming gawin para maligtas?' Sabi ni Pedro, 'Magsisi, bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga pagkakasala, at matatanggap ninyo ang kaloob na Espiritu Santo, sapagkat ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayong dako, na anupa't mga tinatawag ng Panginoon nating Diyos.' Kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Salita ay di mabibigo!"

175 Kayo na mga pentecostal ay di n'yo na alintana ang sa mga Methodist, Baptist, o Presbyterian. Batid n'yo na Iyon ay para sa bawat henerasyon, at kayo nga'y nagtumulin para tumungo Roon. Tunay. Ngayon, huwag na huwag nga kayong hihinto sa pagtutumulin n'yo na doon na lang, magpatuloy lamang kayo sa pagtutumulin, kita n'yo.

176 Doon nga nagkamali ang mga Methodist, nagtumulin sila sa pagpapaging banal subalit tumigil naman. Nagtumulin ang Lutheran tungo sa pag-aaring ganap at tumigil naman. Kita n'yo, haya't pagkatapos ay inorganisa ito, kaya naman ito'y namatay roon. Yun ang naging katapusan nun. Yun lang ang naging kinahinatnan nun.

177 Masdan n'yo pong maigi ngayon habang bibilisan na natin ito. "Kapag ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating, ituturo Niya sa inyo ang lahat ng mga bagay, lahat ng mga bagay na itinuro Ko sa inyo," oh, ang ganda, "hinahangad na ipaalala sa inyo, ang bagay na sinalita Ko sa inyo, hinahangad sa inyo, na lahat ay ipaalala. At ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na parating. Patutunayan Niya ang bawat Salita, pagtitibayin ang Salita kalakip ang mga tanda." Lahat ng ipinangako Niya, na ipinangako ng Diyos sa Biblia, kung kakalas kayo sa bawat kredo at lahat ng iba pa, at manghahakawan lamang sa Salita, ang Diyos nga'y obligado na tugunan ang Kanyang Salita. At kaya nung gawin nila 'yun, pinagtibay ng Salita ang Sarili Nito.

178 Di Niya kailangan ng kung sino na magsasabi, "Buweno, ang mga araw ng mga himala ay lipas na."

179 Sino ang lalaking 'yan na sasabihin sa akin na ang mga araw ng mga himala'y lipas na, gayong ako'y minsa'y isang bulag na lalaki? Hallelujah. Naratay ako noon nung taningan na lang ako ng mga doktor ng tatlong minuto para mabuhay, at heto ako na buhay na buhay ngayon. Papaanong ipagpipilitan nila na magsabi sa'kin ng iba? Dating malahiningang miyembro ng iglesya, pero ngayon ay puspos na ng Espiritu Santo. Hindi kailangan ng Diyos ng kung sino lang na magpapaliwanag. Ang Espiritu Mismo, na siyang Salita, ang nagpapaliwanag na ito'y Katotohanan. Kung magagawa lang ng tao na buong tapang na tindigan at tanggapin mismo Ito. Siya nga ang Sarili Niyang

tagapagpaliwanag. Subukan n'yo Siya maski isang beses, at tingnan n'yo kung di ba't tunay 'yun. Huwag n'yong pansinin kung anuman ang sabihin ng iba. Gawin n'yo kung ano ang sinabi ng Diyos.

180 "Buweno," sasabihin n'yo, "Aba ginagawa ko naman *ito*." Buweno, paano naman 'yung iba pa, diba't bawat Salita? Isang Salita lang ay mapipigtas ang dugtungan.

181 Doon nga lagi nabibigo ang mga iglesya, dun sa dugtungan na 'yun. Inoorganisa nila 'yun at pinaglalakip nila ang bagay na 'yun na magpisan, at gagawa ng malaking denominasyon. Ang mga kalalakihang ito'y magtitipon, si Santo Padre *Ganito-at-ganoon* at Doktor Obispo *Ganito-at-ganoon*. At ano nga ang unang-una n'yong kasasadlakan? Doon. Doon ay mamamatay kayo. Patutunayan natin 'yan sa pamamagitan ng kalikasan at sa pamamagitan ng Salita, kung loobin ng Panginoon, sa loob ng ilang minuto. Sige.

182 "Hinahangad na ipaalala." Pinagtitibay Niya ang bawat Salita, at nabubuhay tayo sa pamamagitan Nun. Hallelujah! Nabubuhay sa pamamagitan Nun! "Ang tao'y mabubuhay sa bawat Salita, bawat Salita na pinagtibay." Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na sumasampalataya. Lalakip sa kanila na mga sumasampalataya!" Panghawakan n'yo Ito; pinagtitibay Ito ng Diyos, na Ito ang Katotohanan.

183 Gayong dito, haya't ang mga seminaryo't mga teologo, na kinasihan ni Satanas, ay sinasabi, "Di kayo makapagtitiwala Rito. Para 'yun sa mga alagad noon. Ang mga araw ay lipas na. Wala nang ganyang bagay. Para lang 'yun sa mga alagad noon, para patunayan ang Ebanghelyo noon. Sa panahon ngayon may mga tao na tayo na mga may pinag-aralan."

184 Aba't sila noon ay may mas mainam na kaalaman kaysa sa mayroon tayo ngayon. Magbanggit kayo sa akin ng kahit anong iglesya na kayang makipagsabayan dun, sa Sanedrin, na maski 'yung lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo nila ay mga saserdote, na nauna sa kanila. Kahit isang namali lang na salita, mula sa balumbon ng aklat na 'yun, o, aba't, sila—sila'y babatuhin dahil dun. Kinakailangan nilang manatili roon nang saktong-sakto. Pero napalampas nilang makita 'yung pinaka Butil na Salita nung Ito'y dumating, yaong Buhay. Yun ang dahilan kung kaya sila'y hinatulan at tinawag na mga "manggagawa ni Satanas."

185 Kita n'yo, di talaga nun ipapaaninag ang Salita ng Diyos, kapag may estudyante ng seminaryo na magsasabi sa inyo, "Ang Espiritu Santo ay di para sa panahon ngayon. At ang mga bagay na ito, na lahat ng mga bagay na 'yan na Makalangit na pagpapagaling, ay para sa nagdaang panahon." Kita n'yo, hindi nga aninag na nanggagaling sa Diyos, aninag 'yun na galing sa—sa kredo. Aninag 'yun na galing sa doktrina na wala naman sa Biblia.

186 Sinabi ng Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." San Juan 14:12, ang sabi, "Ang manampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Ngayon papaano n'yo magagawa na alisin ang Salitang 'yun mula roon, papaano n'yo magagawa na magdagdag ng kung ano roon sa lugar Nito? Pipigtasin n'yo ang dugtong ng tanikala ng Buhay. Ang tao ay nabubuhay lamang sa Tinapay, ang mismong Tinapay, mapasa Walang Hanggan ay dun nabubuhay ang tao sa Tinapay na 'yun. Sa pisikal, ang tao nga'y nabubuhay sa tinapay na ito. Yan nga ang dalawang tinapay. Ang Espiritu Santo, ang Espiritu Santo na nariyan sa inyo, ay magsasabi ng "amen" sa bawat Salita ng Diyos, kung 'yun ang Espiritu Santo. Ngayon gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. Ngayon ito po 'yung kumukurot na bahagi.

187 Noong araw ay lagi akong binibigyan ng nanay ng castor na langis nung bata pa ako. At di ko—di ko talaga maatim ang amoy ng bagay na 'yun, maski ngayon. Kita n'yo? Lumaki nga kami na mahirap, at ang ginagawa ni nanay ay nagpapakulo siya ng mga balat ng karne at pakakatasin 'yun mula roon. Kami nga'y nagpupunta sa dako. . . galing sa isang matandang kapatid na babae na ang pangalan ay Goodwin, na mayroong panaderya sa dakong 'yun, at naghuhurno siya ng mga hamon at mga bagay-bagay, at pinakakatas 'yun mula roon. Kami po'y kukuha ng harina, at kukunin namin 'yung latak ng mantika't kung ano pang bagay at gagawa ng tinapay namin na gawa sa mais. At pobre ang aming pagkain, di nakapagtataka na kami'y nagkaroon ng malnutrisyon at kung ano pa, tinatamaan ng mga sakit. Pero si nanay nga noon, kada Sabado ng gabi. . . Kami—kami nga'y di nakakakain nang sapat, kaya ang ginagawa niya ay pinaiinom niya kami ng malaking dosis ng castor na langis. At akin—akin ngang pinipisil ang ilong ko at napapasigaw pa, sabi ko, "Nanay, mas lalo pong sumasama ang pakiramdam ko dahil diyan." Sabi niya, "Kung di nito pinapasama ang iyong pakiramdam, di ito makabubuti sa iyo." Kaya, kaya marahil ganun din ito rito. Ngayon papaano. . .

188 Sige't tatanungin ko kayo ng isang bagay. Papaano na ang isang lalaki o isang babae na inaangkin na siya'y puspos ng Espiritu Santo, na ang Salita nga (tama po ba?), haya't papaano mangyayari na kayo'y ang laman ng Espiritu Santo, na ginawa kayong bahagi Niya, para ipaaninag ang Ebanghelyo para sa kapanahunan ninyo, at pagkatapos ay tinatanggihan naman ang Salita na Kanyang isinulat?

189 Di ko alintana gaano man kayong kainam. Sige't, dalhin ko kayo sa Aprika, sa mga—mga Hottentot dun, at ipakikita ko sa inyo ang buhay na di masaling ng isang Cristiano. Maski dun na lang sa mahuhuling nangangalunya; kung ang isa sa mga babae, bago siya ipakasal, isang kabataang babae, siya nga'y susuriin muna para malaman ang pagkabirhen niya. Kung

siya ay matagpuang may sala, kailangan niyang sabihin kung sino ang lalaking gumawa nun sa kanya, at silang dalawa ay kapwa papatayin. Ano kaya kung ipatupad 'yan sa Estados Unidos, sino ang maglilibing ng lahat ng mga bangkay, kita n'yo? Kaya, kaya hayan nga kayo, kita n'yo. At sila'y mga pagano pa ng lagay na 'yun, pero nakita n'yo 'yung moralidad. Kita n'yo, kaya di n'yo puwedeng ibase sa paraan na 'yun. Ang kapatid nating taga-India rito'y masasabi niya sa inyo ngayon, na 'yung mga Mohammedan ay marahil mas mainam ang buhay na ipinamumuhay kaysa sa naiisip natin.

190 Pero ano nga? Ang Salita ang nagbibigay ng pagsusuri. Sila nga na mga Fariseo dun ay dalawang beses na mas mapagpa kumbaba kumpara kay Jesus. Siya'y sumugod na winawasak ang mga iglesya nila, at naghahagis pa roon, at pinaghahampas pa ang mga tao palabas, at lahat na na gaya nun.

191 At 'yung maka-Diyos na matandang saserdote, alam n'yo, aba, sino po. . . Kung ako nga'y magdadaos ng pagtitipon laban sa Kanya, sa umagang ito; marahil sasabihin ko, sino ba ang bumibisita sa inyo kapag may sakit kayo, na ipinapanalangin kayo? "Diba't ang maka-Diyos n'yong matandang saserdote." Sinong nagpahiram ng pera sa tatay n'yo nung ang mga tanim niya'y nasalanta? "Ang maka-Diyos na matandang saserdote." Sinong nag-alay sa inyo sa Diyos, para sa isang habambuhay na paglilingkod? "Ang maka-Diyos na matandang saserdote." Sino nga, nung nasa bilangguan kayo, ang nagpunta't bumisita sa inyo roon? "Ang maka-Diyos na matandang saserdote." At samantalang itong kabataang suwail na ito na ang pangalan ay Jesus, anong ginawa Niya? Aba'y tinawag ang inyong pastor na isang "ahas"! Kita n'yo? Kita n'yo, hindi nga sa mga bunga.

192 Sa pamamagitan ng Salita. "Di lang sa bunga mabubuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita na manggagaling sa bibig ng Diyos."

193 At Siya ang Salitang 'yun. Nabigo lang silang makita Yun. Pero 'yun ang iprinopesiya na Kanyang gagawin. Di nila 'yun makita-kita, dahil di sila itinalaga na makita 'yun. Sabi, "Di kayo makalalapit sa Akin." Tingnan n'yo nga ang mga kaawa-awang mga Judio na 'yun, ang mga mata nila'y binulag mismo. Tunay, Siya ang may gawa. Kanyang binulag sila, Mismo.

194 Isipin n'yo na lang 'yung kalagayan na kayo'y isang bulag. Marapat nga na pasalamatan n'yo ang Diyos sa maski paano'y paningin na mayroon ka sa Kasulatan. Ngayon pansinin.

195 Ngayon, Siya, Siya ang Salitang 'yun. Ngayon, pagkatapos nun, sinubok Siya. Pagsubok kay Jesus. Ngayon tatalakayin natin 'yan.

196 Kita n'yo, di talaga 'yun napapaaninag sa Salita kapag may magsasabi na, "Buweno, Yan ay para sa nagdaang panahon," dahil sinabi ng Biblia na Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at

magpakailanman. Papaano masasabi ’yun ng Espiritu Santo na nasa inyo kung kayo’y puspos ng Espiritu Santo?

197 Ngayon maaari ko po bang saktan kayo nang kaunti? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ayos lang po ba? Pakitaas lang ng inyong mga kamay. Di kayo magagalit sa’kin? [“Hindi.”] Kung magalit kayo, kauna-unawa naman.

198 Papaano nga na kayo na mga kababaihan, na putol ang buhok, ay masasabi sa akin na puspos kayo ng Espiritu Santo? Isang Salita lang! “Oh, nakakapagsalita naman ako ng iba’t ibang wika.” Wala nga ’yang ibig sabihin. Nakakita na ako ng mga albularyo na nakakapagsalita ng iba’t ibang wika, haya’t naipapaliwanag pa mismo, sumisigaw sa espiritu, nagsasayaw sa espiritu.

199 Papaano nga na kayong mga kalalakihan ay matatawag n’yo ang inyong mga sarili na ulo ng tahanan, at hinahayaan n’yo ang asawa n’yong babae na magsuot ng shorts at sige sa pinaggagagawa niya, ay ituturing n’yo ang inyong mga sarili na mga Cristiano kayo?

200 Papaano nga na kayong mga pastor ay naaatim na humarap sa Diyos habang may bagay na gaya n’yan, na di man lang kayo tumitindig at tinututulan ’yun? Di n’yo kasi kayang ibunsod ’yun sa kanila. Dahil kung mangangaral kayo ng katulad nun, di na kayo maaaring tumagal na maging bahagi ng seminaryo o ng isang grupo. Hahanap kayo ng magtataguyod sa kung saang iba na. Dadako po tayo riyan, sa ilang sandali, kung loobin ng Panginoon. Kita n’yo?

201 Pero hayan nga kayo. Di, di ko intensyon na saktan kayo. Iniibig ko po kayo. Yan ang dahilan. Kung—kung kayo nga’y aanurin na ng ilog, at nakita ko na malapit na kayong malunod, ako nga’y walang kuwentang tao, kung sasabihin ko, “Buweno, sige magpakabait ka, giliw.” Ang kailangan n’yo ngang gawin ay balaan sila. Ganoon nga. Sabihan sila!

202 Gaya ng nabanggit ko kagabi, kung ako’y isang Cristiano, kinakailangan kong magkaroon ng pagkakakilanlan sa bawat tauhan sa Biblia. Marapat na ako’y manindigan dun sa tabi mismo ni Noe at mangaral kasama siya, nung panahon na ’yun, at balaan ang mga tao. Tama nga. Marapat na ako’y tumindig sa Bundok ng Carmel, na mag-isa, kasama si Elias. Marapat lamang na ako’y tumindig sa Kalbaryo, at mapako sa aking sarili at sa aking sariling mga diwa, kasama Siya. Pero hayan nga, na ako’y ibabangong muli kasama Siya sa Pagkabuhay, na may pagtatagumpay sa lahat ng mga bagay. Lahat ng karnal na pagiging karnal ng sanlibutan, ako’y iniangat na mula riyan, patungo sa Kanya.

203 Pansinin, kung di pinapaaninag ng Salita, huwag, dahil di Ito pinagtitibay. Ngayon, pero kung sampalatayanan mo ang

Salita, pagtitibayin Ito ng Diyos, Mismo, gaya ng ginawa Niya rito kay Jesus noon.

204 Ang Tinapay na Salita ay nilalayon na kainin sa tuwina. "At ang tao'y di lamang nabubuhay sa tinapay, gaya ng tinapay na ito, lamang, bagkus sa bawat Salita." Yun ang Tinapay na Salita, ilagay n'yo sa isip lagi, ito nga'y Tinapay na ang iglesya sa lahat ng kapanahunan ay pinakain, ang noon pa man na natatagong Manna na para sa mga mananagumpay lamang. Yun ang sinasabi ng Apocalipsis. Ngayon wala po akong oras para tugaygayin ito nang maigi, dahil may tatlumpung minuto na lang siguro ako. Pero, tingnan n'yo, nung ang banal—nung ang banal na manna ay nahulog mula sa Langit, 'yun nga'y tipo ng Espiritu Santo. Sinasang-ayunan n'yo 'yan.

205 Sinabihan ng Diyos si Moises na humayo roon at kumuha ng isang omer na puno nun, at ilagak 'yun sa Kabanal-banalan sa lahat na dako. Dahil kung di nila ilalagak 'yun sa dakong 'yun ng Kabanal-banalan sa lahat, mapapanis 'yun. Tama po ba? Papasukin 'yun ng mga uod. Ngayon ang sabi Niya, "Heto at ilagak sa dakong Kabanal-banalan, sa loob ng omer na ito, na ang bawat salinlahi;" na darating, pagkatapos ng pagka-saserdote na 'yun, haya't kapag ang isang tao ay napipinto na na maging isang saserdote, para mag-ministeryo ng Salita, ang unang bagay na kinakailangan niyang gawin, matapos na siya ay maitalaga, ay magtungo roon at kumuha ng sandakot ng orihinal na manna at kainin 'yun.

206 Yun nga'y kumakatawan sa Liwanag na 'yun na naroon sa kamay niya, sa bagong kapanahunan ng iglesya, pinapaaninag ang Kanyang Liwanag, ang Manna; at tanging ang tao lang na ganap na nakapanagumpay, ang tao na tunay na lumagak dun at isinantabi nang lubos ang lahat ng mga bagay maliban sa Salita. Haya't ang Salita na 'yun ang Manna. Oh, naku, si Jesus 'yun! "Mabubuhay ang tao sa bawat Salita na lumalabas galing sa bibig ng Diyos." Yun mismo ang natatagong Manna para sa mananagumpay, oh, na inilagak para sa bawat—bawat, para sa bawat pagka-saserdote na kasunod dun.

207 Ang mga eskuwelahan ng teolohiya, haya't napakatagal nang panahon, na ipinagpalit nila ang pinagpalang Bagay na ito sa kung anong bulanglang ng kalituhan. Ganoon mismo. Siyanga, po.

208 Gaya ng ginawa noon ni Esau. Ngayon, si Esau, kung sa moralidad lang, ay higit na mas mainam na lalaki kaysa kay Jacob, pero di niya ginalang ang kanyang pagkapanganay na 'yun pa naman ang Salita. Ilan po ang nakakaalam n'yan, na ang pagkapanganay ay ang Salita, ang pangako, bilang anak na lalaki na nakakatanda? Pero siya po'y mainam na lalaki, lalaki na may moralidad, gaya ng, oh, gaya ng mga tinatawag na mga Cristiano sa pangalan sa panahon ngayon, na isang mabuting tao talaga. Di siya nagsisinungaling. Di siya nagnanakaw. Siya

nga'y mabuti sa kanyang tatay. Ginawa niya ang lahat ng mga bagay na ito. Pero, kita n'yo, 'yung karapatan niya mismo sa pagkapanganay, siya mismo ang may sabi na wala raw siyang pakialam dun. "Ano ngang magiging kaibhan? Isa naman akong Israelita, ano't anuman. Kita n'yo, ako'y—ako'y kasapi dun, ano't anuman." Pero 'yung pagkapanganay niya ang mahalaga, kita n'yo. Sa kanyang natural siya'y mainam, pero sa kanyang espirituwal siya'y lubusang mali.

209 Ganyan din sa panahon ngayon, bulanglang, pinaghalo ang iglesya't sanlibutan, may paghahalo na galing sa dalawang ito; mga bingo, sayawan, lahat na ng kung anu-anong ginagawa, sa loob ng simbahan; ang mga kababaihan ay maiiksi ang buhok, nagsusuot ng shorts.

Buweno, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, hindi ba't napaka liit na bagay lang n'yan?"

210 Isa pa rin 'yan sa mga Salita, dahil sinabi ng Biblia na mali para sa isang babae na gupitan ang kanyang buhok. Ganoon nga. Kung ganun ang ginagawa niya, paano siya makapapasok? Kita n'yo? Tanungin n'yo man, kahit sinong mangangaral ay sasabihin sa inyo na 'yan mismo ang sinasabi ng Salita. Kita n'yo, "niwawalang puri niya ang kanyang ulo," niwawalang puri niya ang kanyang asawang lalaki. Narapat lang sa kanya na mahiwalayan. Yun po mismo. "Sapagkat siya na nagpuputol ng kanyang buhok, siya'y magpaahit na lang, magpakalbo." Kita n'yo, 'yun ang binabanggit dun. Maski putol lang, di 'yun nais ng Diyos. Yun po 'yung Ginoong Kala-kalahati. Huwag kang magpadaya dun. Alinman sa putulin mong lahat o hayaan mong tumubo 'yun, 'yun ang sabi ng Diyos. Sinumang ministro ng Ebanghelyo'y nalalaman na 'yan ang Katotohanan, sabihin n'yo man 'yun o hindi. Pero 'yun po ang Katotohanan. Kita n'yo? Buweno, ano ngang ikabubuti, kung gagawin n'yo ang ginagawa ng lahat ng iba pa, at iwawaglit lang ang isa?

211 Ano 'yun? Nahahaluan kayo ng kaunting makamundong istilo, na pinipilit n'yong kumilos nang kaunti gaya ng iba pang mga iglesya. Dun nga saktong napahamak ang Israel. Dun nga sila namatay. Dun napahamak si Adan. Dun napahamak ang lahat ng iba pa. Sa isang Salita lang, 'yun lang, isang tuldok. Bulanglang, nahaluan ng sanlibutan! Kaunti ng sanlibutan, kaunti ng Hollywood, kaunti ng kaiglesyahan, kaunti ng mga teologo, haya't ano ngang kinalabasan n'yo?

212 Pansinin, kung si Satanas ay nabigo rito, kung gayon siya nga'y susubok ng ikalawang balak para maibunsod kayo na—na di-sampalatayanan ang Salita, kanyang. . .at—at pupunta sa seminaryo. Susubukan niya ang pangalawang, isang balak. Ngayon dito nga kayo mag-iingat nang lubos, at maupo lang po ng lima pang minuto para sa bahaging ito, kung mamarapatin n'yo. Ang kasunod nga'y aalukin niya kayo ng sobrenatural na alok. Babalikan ko po itong lahat, bago magtapos mamaya. Siya

nga'y. . . Kita n'yo, kung di niya kayo matukso na lumayo mula sa Salita, "Hindi, mananatili't mananatili talaga ako sa Salita," kung ganoon ay aalukin niya kayo ng sobrenatural na alok.

213 Sasabihin niya, "Sasabihin ko nga sa Iyo. Pumunta Ka sa rito sa itaas at tumalon Ka mula sa ibabaw ng templo, at may aalalay na darating. Kita mo, maipapakita sa mga tao na kaya Mo ngang gumawa ng bagay na sobrenatural."

214 Naku, natumbok niya. Ngayon masdan n'yo ito, ito na nga ito. Masdan n'yo 'yung dulo nito, kung saan humantong ang panunukso na ito. Marahil ibubunsod niya na ang ilan sa inyo ay makapagsalita sa iba't ibang wika, ipaiisip sa inyo na kamit n'yo na Ito. Kita n'yo? O marahil ibubunsod pa niya na kayo'y makapag propesiya, kahit wala 'yun dun sa Salita. Nakakita na ako ng mga tao na tumatayo at magpropropesiya, na ganoon na lang kataliwas sa Salita gaya ng Silangan mula sa Kanluran. Kita n'yo? Nakabatay pa rin dapat sa Salita na ipamumuhay n'yo. Ang mga sobrenatural na mga kaloob na 'yan, magagawa nga ni Satanas na mamigay n'yan nang dakot-dakot. Tunay. Wala nga 'yung ibig sabihin.

215 Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na 'yun, at magsasabi, 'Panginoon, diba't nagpropesiya ako sa Iyong Pangalan? Sa Iyong Pangalan ay nagpalayas ako ng mga diyablo. Ako'y gumawa ng dakilang mga gawa. Ako'y naging dakilang tao sa organisasyon. Nagawa ko ang lahat ng mga bagay na ito, mga bagay na ito'"? Sasabihin Niya, "Kayo'y lumayo mula sa Akin, kayo na gumagawa ng katampalasanan."

216 Ano ang katampalasanan? Isang bagay na alam mo nang tama, at susukuan 'yun at di man lang gagawin 'yun, sa inyong puso. Kapag alam mo nang itinuturo ang isang bagay ng Biblia, at di mo ginagawa, katampalasanan 'yun. Haya't sabi ni David, "Kung magkukubli ako ng katampalasanan sa puso ko, hindi diringgin ano't anuman ng Diyos ang aking panalangin." Yun ba ang Katotohanan? Yun ba ang Biblia? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, tunay nga na di n'yo kagagalitan Yun, kita n'yo. Sabi ni Jesus, "Marami ang lalapit sa Akin sa araw na 'yun, at magsasabi, 'Nagawa ko ang mga bagay na ganito,' at sasabihin Ko, 'Lumayo ka, manggagawa ng katampalasanan.'"

217 Ganoon din noon kay Adan. Sabi ni Adan, "Panginoon, nagawa ko *ito*, nagawa ko *iyon*." Haya't isang Salita lang, kita n'yo, isang Salita lang ang ikinapahamak. Yun lang, suwayin ang isang Salita.

218 Oo't, marahil nakakapagpropesiya na laban sa Salita. Pero ngayon, nung sandali na 'yun ay dala niya ang sobrenatural na kaloob, anupa't siya'y natangay ng pagkakaingay, ng kinang nun. "Luwalhatiin ang Diyos, naipanalangin ko si *Ganito-at-ganyan*, ang mga tao'y nakatayo at nakapaglakad! Hallelujah,

nakapagsasalita ako ng wika! At may magpapaliwanag nun, 'yun nga'y tunay, katotohanan."

219 Sabi ni Pablo, "Makapagsalita man ako ng wika na gaya sa tao at mga Anghel, at ako'y walang kabuluhan pa rin. Ako man ay magkamit ng pananampalataya na makapag-uusog ng mga bundok, at ako'y walang kabuluhan pa rin." Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Tama."—Pat.]

220 Pero, kita n'yo, iaalok at iaalok niya 'yun sa inyo. Oh, mga Pentecostal, iniibig ko kayo, o kung hindi'y wala sana ako rito't kasama n'yo. Doon nga kayo nabigo, kita n'yo. Ang tingnan n'yo ay 'yung Salita, hindi ang kaloob. Ang tingnan n'yo 'yung nagkaloob, tingnan n'yo kung saan—tingnan n'yo kung saan 'yun galing, kita n'yo. Siya nga'y natangay, nagsayaw siya sa espiritu, naku. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . hayun tuloy. Napakaraming tao ang nakapaligid sa kanya, at lahat sila ay siya ang tinatawag, dito man at doon, at nakalimot siya sa Salita.

221 Oh, magiging sikat nga kayo kung makalalayo kayo mula sa Salitang 'yun. Pero lumagak kayo sa Salitang 'yun, maski isang beses lang, masdan n'yo nga kung may makikipag-ugnay pa sa inyo sa oras na 'yan. Kita n'yo? Tingnan n'yo kung ano ang kalalabasan. Tayo po'y dadako rito, sa kasunod na antas ng kalikasan, sa ilang sandali. Kita n'yo, tingnan n'yo kung sino—kung sino ang maghahangad pa sa inyo sa oras na 'yan, wala nga. "Oh, hugas-kamay kami Riyan!" Katulad na lang ng isang asosasyon na nagkatipon dito mga ilang linggo ang nakararaan at ako nga'y minarkahan, na sinumang ministro na pupunta sa siyudad, na full Gospel, na iimbitahan ako sa siyudad para manalangin para sa mga maysakit, ay ganap na ititiwalag mula sa asosasyon. Ganoon po, dahil nananalangin ako sa mga may sakit. Ganoon po. "Huwag n'yong pakinggan Iyon," ang sabi. At samantalang narito na ang Salitang napatunayan.

222 Yun na 'yun din ang ginawa noon sa ating Panginoon. Yun na 'yun ang ginawa sa bawat tao, sa bawat kapanahunan. Yun ang ginawa nila noon kay Luther, Wesley, at sa lahat. Yun din ang ginawa nila sa inyo, dun sa pasimula, pero ngayon kayo'y bumabalik sa siya ring putikan na nilabasan n'yo. Pansinin n'yo 'yung ganoon, lagi pong ganoon. Di naiiba, 'yun at 'yun ang ginagawa ni Satanas.

223 Ngayon siya'y natangay nang husto ng ingay ng kinang, at ng iba pa, na, naku, di na siya tumuon sa Salita. "Oh, kapatid, si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* ang sabi'y *ganito-at-ganoon*, at kinakailangan kong pumunta rito. Ako'y. . . " Kita n'yo, siya'y natangay nang husto, na di na niya Ito pinapansin. Mapa-Salita man 'yun o hindi Salita, wala siyang pakialam. "Ang sabi kasi ng iba'y ayos lang 'yun, kaya Ito'y di na mahalaga." Ang sinasabi-sabi ng denominasyon, "Iho, nakamit mo na 'yun, huwag mong

hayaang sabihin ng iba sa iyo na wala pa!" Ano ba ang nakamit mo? Kita n'yo? Pansinin.

224 Si Satanas pa nga'y, kahit nung una, masdan n'yo nga itong isang dako rito, kanyang binalot ang Salita. Maski rito sa sobrenatural na tinatangka niyang gawin 'yun ni Jesus, sa sobrenatural, kita n'yo, yamang kamit ang sobrenatural, ano kaya kung nakinig si Jesus sa kanya? Kita n'yo? Sabi niya, "Ngayon sandali. Diba't gusto Mong manatili sa Salita, Ikaw nga? Gusto Mong manatili sa Salita?" Sabi, "Sige't nasusulat, uutusan Niya ang Kanyang mga Anghel sa situwasyong ito. Anumang oras na magagalusan Mo ang Iyong paa sa bato, aalalayan Ka Nila." Pero hindi nga Niya magagalusan ang Kanyang paa sa anumang bato. Kita n'yo? Masdan. Papaano na kaya kung maglulumagi siya roon? Siya . . . Napansin n'yo ba, di ko sinabi na sinipi't binanggit niya ang Salita, kanya Itong binalutan, binalutan Ito, na parang naglalagay ng icing sa keyk, babalutan Iyon, na tatapalan Iyon ng pampaputi, kita n'yo, na wala na Iyon sa tama Nitong posisyon.

225 Yun ang tinatangka nilang sabihin sa panahon ngayon, tinatangka na tapalan Iyon ng pampaputi, pero di mo naman 'yun matugaygay sa iba pang bahagi ng Kasulatan. Iyon kasi'y kinakailangan na buong-buong, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kita n'yo, kahit anong pilit n'yong pagbabalot sa Salita, di 'yun . . .

226 Kinakailangan na sinipi't binanggit gaya ng pagkakasabi Niya Rito. Pagkatapos, kung Ito'y sinipi't binanggit nang tama, pagtitibayin Niya Ito sa buhay n'yo. "Sa ganoon malalaman ng mga tao na kayo'y mga nasusulat na sulat na nababasa ng Diyos." Ang nasusulat na *sulat* ay itong "Biblia." Tama po ba? Ang sulat ay ito ngang Biblia. At kayo'y nasusulat na Biblia na pinapaaninag ang Kanyang Salita, na taong pinasakdal muli, sa Diyos.

Hayan nga't ang sabi ni Jesus, "Nasusulat, din naman." Kita n'yo?

227 Pero pansinin n'yo si Eba sa ganoong estado rin, napukaw siya ng kanyang sobrenatural na kaunawaan, siya kasi'y may pang-teolohiyang karanasan. Yung edukasyon niya ay pinaka mataas sa kahit sinong teologo ng bansang 'yun nung panahon na 'yun. Kita n'yo, siya'y natangay, na di niya tuloy namalayan. Alam niya na may kung anong bagay na inaalok sa kanya roon na wala si Adan. Marahil pagkatapos ay mapangingibabawan niya ang lalaki sa sandaling 'yun, dahil magkakaroon siya ng mas higit na kaalaman tungkol dun, kumpara kay Adan. Haya't tingnan n'yo nga kung ano ang ginagawa ng kanilang mga Adan sa panahon ngayon. Nalaman ng babae ang mabuti sa masama, napaka inam na edukasyon tungkol sa Katotohanan. Ganoon nga. Nagkaroon siya ng mainam na edukasyon tungkol sa Katotohanan, na hindi niya nalalaman noon, at 'yun nga'y

Katotohanan ng Diyos. Pero siya'y patay, dahil sa pagsuway sa Salita. Oo, nagkamit siya ng edukasyon, siyanga.

228 Ganun din ito na mabibigyan at mabibigyan kayo ng pang-teolohiyang karanasan ng seminaryo, na magagawa n'yong sipiin ang bawat tauhan sa Lumang Tipan o sa Bago man. Pero kayo nga'y mag-ingat sa ginagawa n'yo, na baka mabali n'yo ang Salita roon, kung sasabihin n'yo, "Buweno, para lang 'yun sa panahon nila noon." Hindi, ito'y para sa inyo, sa sinumang may ibig! Kita n'yo? Kita n'yo? Mag-iingat po. "Oh, para lang 'yun sa iglesya ng malaong panahon." Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Ang babae nga'y nagkamit ng mainam na edukasyon, pero siya'y naging patay sa kasalanan at sa pagsalangsang din.

229 Ngayon ang ikatlong balak ni Satanas. Bibilisan na natin ang pagtalakay rito dahil ayaw na nating gumugol ng higit na oras kaysa sa kinakailangan, siguro mga labing-lima na lang, dalawampung minuto, kung gusto n'yong tumagal pa nang ganun. Pansinin n'yo ang pangatlo niyang balak dun, kanyang, o pangatlo niyang panunukso. Kung 'yung iba ay bigo, dito sa isang ito ay hindi, kita n'yo. Siya ngayon ay nag-aalok sa inyo ng posisyon sa iglesya, gaya ng pag-alok niya roon kay Jesus. "Ibibigay ko sa Iyo ang sanlibutan. Ikaw ang magiging hari, gagawin Kita. Lahat ng 'yan ay pagmamay-ari ko, kaya heto nga't ibinibigay ko sa Iyo."

230 Sino ang nakapagpapaging sa isang tao na siya'y maging ministro? Sino ang nakapagbibigay sa isang tao ng kaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay sa kanya? "Diyos ang nagtalaga sa iglesya!" Kita n'yo? Nakita n'yo na kung papaano nila binaluktot ang Salita. Katulad na katulad nga ni Eba, sa bagong pagkaalam niya, kaalaman, nagawa niyang matangay si Adan. Nagawa niya ang anumang naisin niya, kita n'yo, nung maibunsod niya si Adan na tanggapin 'yun.

231 At, pero nung dumako na mismo siya kay Jesus, di 'yun tinanggap ni Jesus. Sabi Niya, "Lumagay ka sa aking likuran, Satanas." Sa madaling sabi, sana po'y hindi ko mabanggit ito nang mali, pero para paigtingin lang. "Nasusulat, bawat tao ay mabubuhay sa bawat Salita ng Diyos; hindi sa alok-alok mo, 'Sige't gagawin kitang tagapamahala ng lahat, isang presbitero, o—o diyakono, o ikaw ang itatalaga ko na tumugtog ng piyano, kapatid na babae.' Kita n'yo, lahat ng mga alok na 'yun, 'Ikaw ay kilalang tao, at kailangan namin ng talento mo sa simbahan namin.'" Kita n'yo, sumapit kayo sa Salita!

232 Magagawa nga nung babae na pangibabawan siya, o turuan siya, katulad sa mga katangi-tangi ngayon. Ganyan na ganyan ang pamamaraan nila sa panahon ngayon, maging isang D.D., presbitero ng estado, tagapangasiwa, tagapamahala sa distrito, o kung anong parang ganoon.

233 Ibang-iba nga kay Jesus! Siya kasi'y nanatili sa Salita. Ngayon, sa susunod na ilang minuto, gusto ko pong patunayan na ang lahat ng mga ito ay totoo, kita n'yo, sa pamamagitan ng kalikasan at ng Salita, paglalakipin ito. Pinatutunayan nga nito mismo na Siya ang Salita na nagsalaman, sa Tinapay. Siya ang Salita na nagsalaman. Dahil pinaaninag Niya ang ano? Ang Salita lamang.

234 Kung kayo'y nasusulat na sulat, ipaaaninag at ipaaaninag n'yo lamang ang Salita; hindi ang kung anong sabi-sabihin ng seminaryo, kung anong sabihin ng kung sinu-sino, na kesyo ganito ang iniisip ni Binibining Jones patungkol Dito, na kesyo ganito ang iniisip ni Doktor *Ganito-at-ganoon* patungkol Dito, bagkus kung ano mismo ang sinabi ng Diyos patungkol Dito. "Ang salita ng bawat tao'y kasinungalingan, at ang Akin lang ang Katotohanan! Sinuman ang bumali sa pinaka maliit man sa mga kautusang ito, at itinuturo pa sa mga tao! Sinuman na mag-alis ng isang Salita mula sa Aklat na ito, o magdagdag ng isang salita Rito! Ang tao'y di nabubuhay sa tinapay lamang, bagkus sa bawat Salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos." Kayo'y mabuhay nang Walang Hanggan sa pamamagitan ng Salitang iyon!

235 Kung paanong kinakailangan n'yo ng patay na substansya sa inyo riyan para mabuhay, kinakailangan n'yo nga si Cristo para mabuhay rito o kayo'y mamamatay. At ano si Cristo? "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman para manahan sa piling natin."

236 At kayo ang siya ring nasusulat na sulat na 'yun, may isa sa isang kapanahunan at isa sa ibang kapanahunan, na Liwanag para sa oras na 'yun; pero bigo silang makita 'yun. Yun at Yun ang pinapaaninag n'yo lamang.

237 Ang iba'y maayos naman, liban sa isa, na nabigo tuloy sa isang bahagi; pero Siya nga'y di nabigo. At gaya nga ng sinabi ko, sa Apocalipsis 22:18, sabi Niya, "Sinuman ang magdagdag Dito!"

238 Ngayon masdan n'yo pong maigi ngayon. Kapansin-pansin po talaga itong Mateo 24:24, kung papaanong sila. . . "Halos, sa huling mga araw na ito," sabi ni Jesus, "ang mismong hirang ay halos ililigaw ng bagay na ito." Masdan n'yo nga ang mga espiritu. "Sa huling mga araw," ngayon ang Kasulatan na 'yan ay marapat lang na matupad. Naniniwala ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, ang sabi nga, "Sa huling mga araw, ang mismong mga hirang, mga itinalaga nung una, hinirang dun, ay ililigaw. . ." Yun nga'y magiging halos ganap na ganap, halos Kasulatan talaga, at magmimistulang mainam at malinaw, na di kayo makakakita ng kahit na anong kapintasan dun, ano't anuman, na tanging ang mga hirang lang ang makalalayo mula roon. Ngayon 'yun ang sinabi ni Jesus.

Sinasampalatayanan n'yo ba? ["Amen."] "Ililigaw ang mismong hirang kung maaari."

239 "Buweno, kung ganap na nasa mga Kasulatan, hindi ba't makikita n'yo 'yun ng natural na mata." Pero, kita n'yo, hindi. Si Jesus. . . Sila na mga Fariseo noon ay taglay nga nila ang Kasulatan nang ganoon na lamang Itong kaganap, 'yun nga lang ay sa pamamagitan ng kanilang sariling pagpapaliwanag.

240 Papaano nila nalaman na di Siya mali? Dahil pinagtitibay ng Diyos ang bawat Salita na Kanyang ipinangako sa Kanya sa kapanahunan na 'yun. Yun ang dahilan at nakilala nila na Siya ang Mesiyas. Kita n'yo?

241 Ngayon pansinin, "kung maaari," sa mga araw na ito. Isa lamang na Salita, isang Salita nga lang ang maikompromiso. Yun lang ang kailangan ni Satanas para matangay si Adan, haya't matangay Siya sa isang Salita lang. Sa ganoon lang ang kailangan niyang gawin sa panahon ngayon, kahit isang bagay lang ang mabaligtad niya. Maski sa ganoon lang, 'yun lang ang kailangan niya. Ngayon, alam n'yo na 'yan ang Katotohanan. Ang magdagdag ni isa, o mag-alis ni isa, ay ganap mismong pagbagsak. Bawat maliit na bahagi, "Bawat Salita ng Diyos!" Isipin n'yo na lang ngayon ang mga pagpapaliwanag ng mga seminaryo, bawat isa sa kanila ay iba sa isa't isa.

242 Narapat lamang na may Katotohanan sa kung saang dako, at *ito* po Iyon, ang Biblia. Ngayon ang sabi ni Jesus . . .

243 Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, pero nasa kanila roon ang pinaka magandang pagsamba."

244 Ang sabi ni Jesus, "Sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako, na itinuturong doktrina ang teolohiya ng tao, hindi ang Salita," tao, kanyang sariling kaisipan na pagpapaliwanag sa Salita.

245 Gaya nga ng nabanggit ko, di kailangan ng Diyos ng kung sinumang magpapaliwanag. Siya Mismo ang nagpapaliwanag ng bawat Salita Niya. Kita n'yo, di n'yo kailangan ng sinuman para Iyon ay maipaliwanag sa inyo, Diyos ang nagpapaliwanag nito sa inyo basta't may paghahangad lang kayo na tanggapin Ito. Kita n'yo, 'yun ang Buhay, 'yun ang Buhay Mismo.

246 Sabi ni Jesus, "Sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako." Haya't sinasamba naman nila talaga ang Diyos. Si Cain man ay sinamba niya talaga ang Diyos, sa pasimula. "Pero sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako." Ano 'yung *walang kabuluhan*? "Wala ngang mabuting naidudulot."

247 Marahil sasabihin nila, "Buweno, nagagawa ko naman *ito*. Nakakapagsayaw ako sa espiritu. Ako, ako'y nakakapagsalita ng iba't ibang wika. Ako, ako'y nagpropropesiya. Ako pa nga'y nangangaral ng Ebanghelyo." Pero bigo namang pahabain ang buhok, bigo sa isang bagay, at tingnan n'yo ang mangyayari,

lilisanin ka ng Espiritu Santo sa mismong sandali na 'yun. Yan na 'yan mismo ang nangyayari sa ating mga kaiglesyahan, bigo.

248 "Sa walang kabuluhan, sinasamba Ako. Oh, magandang pagsamba nga. Subalit sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako, itinuturong doktrina ang mga kautusan ng tao."

249 Aral na mga teologo ang mga Fariseong 'yun. Huwag n'yo ngang sabihin na may bagay tayo na maipapantay sa kanila. Wala, nga. Kabisadong-kabisado nila ang isang salita, bawat salita, sa paraan kung papaano 'yun nakasulat, pero sa walang kabuluhan ay sumasamba sila. Isipin n'yo 'yun, "sa walang kabuluhan," naglalakiha't maiinam na mga eskuwelahan, at mga seminaryo, at mga tagapagturo, at kabataang lalaki, at lahat na ng tulad nun, pero ligaw!

250 Katulad na lang dun sa ilang, ang sabi Niya, "Lahat sila'y kumain ng manna mula sa espirituwal na Bato sa ilang, silang lahat ay nagsiinom mula sa Bato, ang ibig kong sabihin, at lahat sila'y nagsikain ng manna mula roon." At sabi ni Jesus, "At sila, bawat isa, ay patay." Ang ibig sabihin ng *kamatayan* ay "Walang Hanggan na nahiwalay." Bakit? Dahil bigo sila na sampalatayanan ang pangako ng Diyos.

251 Oh, di ko sana gustong panatilihin kayo nang ganito, pero kinakailangan ko ngang sabihin ito. Tingnan n'yo, di na siguro ako magtatagal nang mahaba pa. Bawat isa sa kanila noon na nagsilabas sa ilalim ng Haliging Apoy, nagsilabas sila mula sa ilang, na sumasampalataya sa Diyos, nagmartsa. Pero nung sila nga'y sumapit dun sa balakid, nung ang—nung ang sampu'y bumalik at nagsabi, "Di natin kayang kunin ang lupain. Oh, naku, mga higante pala ang naroon. Sila pala'y *ganito*, *ganoon*, at *kung ano*. Sila'y talagang . . . Di natin kaya. Imposible."

252 Pero ano nga ang ginawa nina Caleb at Josue? Pinatahimik nila ang mga tao. Sabi nila, "May higit tayong kakayanan para kunin 'yun." Bakit? Ang mga tao kasing 'yun ay nakatingin lang sa bagay na nakikita nila, kita n'yo, nakatingin lang dun sa bagay na nakikita nila. Pero sina Caleb at Josue nga'y dun nakatingin sa mismong pangako ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, "Akin nang ibinibigay sa inyo ang lupaing ito. Humayo kayo at kunin ito!"

253 Ngayon Mga Hebreo ika-6, kung masisipi ko, "Sapagkat di maaari sa kanila na mga minsang naliwanagan, at nakalasap ng Espiritu Santo, kapangyarihan ng sanlibutan na parating, na sila'y mahuhulog pa uli, tatanggi, lalakad palayo."

254 Kagaya na lang nung mga kalalakihang 'yun na pumaroon at nakakain ng mga ubas sa dakong 'yun sa kabilang lupain na 'yun, na tumayo roon; at nung sumapit na sa kung tatalima ba sa Salita, kung tutugaygay, ang sabi nila, "Di natin kaya." At kaya sila'y namatay sa ilang.

255 Dun nga tayo humantong. Nalasap natin ang isang mainam na Salita ng Diyos. Pero, ang buong pangako, "Hindi, hindi, di natin kaya 'yun, kita n'yo, dahil sinabi ni Doktor *Ganito-at-ganoon* na di natin kaya 'yun. Para lang 'yun sa mga alagad noon. Para 'yun sa nagdaang panahon." Dun kayo namamatay.

256 Kita n'yo, ang buong Kasulatan kasi'y dumurugtong sa isa't isa, bawat Salita Nito ay dumurugtong nang magkakalakip. At di 'yun maaaring maibigay ng kung anong gawang-tao lang na teorya, sistema, o ano. Nahahayag lang Ito sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sabi ni Jesus, "Ama, pinasasalamatan Kita dahil Iyong tinago ang mga bagay na ito mula sa mga pantas at matatalino, at inihahayag ito sa mga sanggol na dito ay sila'y matututo."

257 Sige po't bilisan na natin at dumako na tayo sa kasunod na kaisipan sa abot ng makakaya natin. "Sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako." Ang mga Fariseong 'yun, mga aral, oh, sa moralidad ay napakabuti; pero tinawag nga, ni Jesus, na "mga diyablo." Sila na mga aral na teologo, ang sabi ni Jesus, "Kayo ay mga diyablo, at ang mga gawa ng inyong ama ang ginagawa ninyo." Sabi, "Ginagayakan ninyo ang mga libingan ng mga propeta, pero ang siyang mga magulang n'yo nung panahon na 'yun. . . Na sila na mga propeta ay dumating para wasakin ang mga sistemang pang-relihiyon na 'yun." Yun ang ginawa nila.

258 Mga propeta! Saan ba dumarating ang Salita, sa isa bang teologo o sa isang propeta? [Sinasabi ng kongregasyon. "Sa propeta."—Pat.] Hindi nga sa mga teologo at sa eskuwelahan. Dumarating 'yun sa propeta, sa tuwina. Kailanma'y hindi binababago ng Diyos ang Kanyang sistema, hinding-hindi. Kung sa tuwina'y ganoon, ay ganoon sa tuwina! Hindi nga sa isang grupo; sa isang indibiduwal! Kailanma'y hindi sa isang grupo; sa indibiduwal, siyanga, po, sa isang propeta. At sabi nila . . .

259 Sinabi ni Jesus, "Ginagayakan ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at samantalang ang mga magulang ninyo ang naglagay sa kanila roon." At 'yun na 'yun ang ginagawa nila sa ilalim ng pagkabulag sa seminaryo ni Satanas. Kita n'yo?

260 At ngayon, Pentecostes, huwag nga kayong mapapadpad sa kontrol ng Pandaigdigang Konseho ng mga iglesya. Ngayon, kayo na mga ministro rito, kayo'y sumusulat sa inyong mga punong himpilan, sa mga—sa mga taong 'yun doon. Ngayon, di n'yo na kailangang sumulat pa sa—sa Assemblies at sa ilan pa sa kanila dun, dahil matagal na nilang iwinaksi palabas ang bagay na 'yun, na ayaw nilang magkaroon ng kaugnayan dun. At kayo na mga kapatirang Baptist, din, iiwas n'yo ang tungo n'yo sa dako na 'yun. Hindi n'yo ba nakikita na eksaktong 'yun ang tanda ng hayop na lumilitaw na? Batid n'yo kung sino ang sasakop sa lahat ng 'yun, kung may nalalaman nga kayo sa Kasulatan. Dahil kung ang mga Salita'y pinapaaninag Nito ang Sarili Nito sa inyo, lalayuan n'yo nga ang bagay na 'yun. Ang

denominasyon n'yo ay hahantong at hahantong kasi dun. At alinman 'yan sa hahantong kayo dun o dili kaya'y matiwalag sa denominasyon n'yo. Di kasi kayo puwedeng sa denominasyon at mananatili dun, dahil alinman 'yan sa pumasok ka roon o lumayo mula roon.

261 Pagkatapos, kayo'y di na sa organisasyon, hayan nga't mailalantad n'yo ang inyong sarili. Mismo. Pagpalain kayo ng Diyos, kung 'yun ang pasyang gagawin n'yo. Mahirap masabi kung ilan ang gagawa nun. Pero may ilan nga, ano't anuman. Siyanga, po.

262 Nalinlang, haya't tinawag sila ni Jesus na "mga diyablo." Ngayon, pero nung si Jesus ay tumayo roon, (sa ano) sa bawat tukso, Kanya ngang sinuway 'yun sa pamamagitan ng Salita, at nanindigan dun sa pamamagitan ng Salita. Pinagtibay Siya ng Diyos.

263 Katulad po, nung isang gabi, nangaral ako tungkol kay Michelangelo. Ilan po rito ang nakapunta na sa Forest Lawn at nakita 'yung estatwa ni Moises dun, na gawa ni Michelangelo? Nakakamangha 'yun, nung unang beses ko na magpunta dun at makita 'yun. Haya't ginugol ni Michelangelo ang halos buo niyang buhay, para gawin 'yun. Sa kanyang isipan, nandun na mismo kung ano—kung ano ang magiging itsura ni Moises. At gusto niyang—gusto niyang mabuo 'yun—mabuo 'yun bago siya mamatay. At gumugol siya ng mga taon at mga taon, kanyang nilililok, pinapaet *dito*, at tinatabasan *dito*, at pinakikinis *dito*. Hanggang, sa wakas isang araw ay natapos niya 'yun, matapos ang maraming taon, nakatayo nga siya roon na may hawak na pamunas sa kanyang kamay, nang *paganito*. Umatras siya nang kaunti at tiningnan 'yun, ang paunang-kaisipan na naroon sa kanyang isipan, mula nang unang marinig niya ang tungkol kay Moises, na ganoon talaga ang magiging itsura nun. Hayun nga 'yun, na nakatayo sa harapan niya. Siya'y kinasihan nang husto ng inspirasyon dahil dun sa sarili niyang gawa, anupa't kumuha siya ng martilyo't hinampas 'yun sa binti, at sumigaw, "Magsalita ka, Moises!" Inisip niyang si Moises ay magsasalita, dahil ganoon na lamang 'yung kawangis na kawangis sa kung ano ang nasa isip niya. At 'yung basag na naroon sa binti ay nandun pa rin. Isa 'yung perpektong estatwa talaga pero may biyak lang sa binti, sa kanang binti nun. Tingnan n'yo po 'yun sa Forest Lawn, kapag lumabas na kayo ng pintuan, hayun ang isang reproduksyon nun. Ang Moises ni Michelangelo, ang kanyang obramaestra, na, na pagpuputong ng kanyang buhay.

264 Ang Diyos ay isang dakilang Iskultor, tama, nilikha Niya ang tao sa Kanyang larawan, para ipaaninag Siya, at Siya ang Salita. Pagkatapos anong ginawa Niya? Sinubok Niya si Adan; siya'y nabigo, si Moises ay nabigo, lahat silang iba pa roon ay nabigo. Pero heto nga na may Isang sakdal mismo, hallelujah, (ano 'yun?) haya't walang iba kundi ang Diyos Mismo sa laman, ang Salita

na pinaaninag sa Kanya, dinala ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa laman; di isang propeta, pero Siya'y propeta; di isang tao, pero Siya'y tao.

265 Mga Judio, huwag n'yong angkinin na Siya'y sa inyo lang. Hindi Siya Judio ni Gentil man. Siya'y Diyos. Kita n'yo? Ikaw nga'y kung ano ang dugo mo, kita n'yo, at, hayan din, sa laman mo. At si Maria, hayan nga, si Maria nga'y hindi nagbuntis sa pamamagitan ng Espiritu Santo na siya'y dumanas ng isang sensasyon. Ang Diyos Ama'y lumikha ng isang binhi, o—o isang itlog kay Maria, at isang Dugong selyula sa kanya, hayan din, at 'yun ang Dugo ng Diyos.

266 Ang dugo ay galing nga sa kasariang lalaki. Kaya wala nga dun sa. . .Ang mga hemoglobin at ang dugo ay kinakailangan na manggaling sa ama, yamang ang sanggol ay hindi nga nito nakukuha ang sakit ng nanay, tulad ng TB. Nakukuha niya 'yun sa hininga ng nanay, pero hindi namamana, ang ibig kong sabihin, pero nalalanghap sa hininga at—at nahahawa dun. Pero di nga makukuha ng sanggol 'yun mula sa nanay, dahil siya, ang nanay ay labas dun, ang sanggol ay di dugo ng nanay.

267 Ngayon, pero si Jesus nga'y hindi dugo ng isang Judio ni dugo man ng isang Gentil, Siya ay Dugo mula sa paglilikha ni Jehovah Mismo. Siya'y Dugo ng Diyos. Ang sabi ng Biblia, "Naligtas tayo sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos." Hindi Dugo ng isang Judio o dugo man ng isang Gentil, dahil kung ganoon ay sa ganang seksuwal na paniniig lang, pero 'yun nga'y Dugo ng Diyos.

268 Pansinin ngayon nung makita Niya ang sakdal na Isang 'yun, Kanyang hinampas Siya, sinugatan Siya. Sinabi ni Isaias, "Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan." Ano Siya? Siya nga ang sakdal na Salitang 'yun, pinaaninag sa Tinapay, na ang bawat tao ay mabuhay sa pamamagitan nun. Siya nga ang trigo ng Salita ng Diyos na dinikdik at inilagay roon sa apat na Ebanghelyo, animnapu't anim na Aklat. At ang tao'y marapat lamang na mabuhay sa pamamagitan Nun, at Dun lamang, at sa bawat Salita Nito. Amen. Yun ang obramaestra ni Michelangelo. At nung makita ng Diyos ang Kanyang Sarili na napapaaninag sa Tao na 'yun, hayun nga ang sakdal na Tao na nilikha mismo sa Kanyang Sariling larawan. Oh, grabe, katangi-tanging Tao! Siya nga'y kinailangan na mamatay para sa ating lahat. Tayo nga'y makalalagi riyan nang matagal, pero di na muna. Haya't Siya nga'y kinailangan na mamatay para sa ating lahat. At Siya'y namatay, ang Isa na 'yun na sakdal; na tayo, na mga di sakdal, ay mapaging sakdal mismo sa Kanya, sa pamamagitan ng pakikibahagi sa bawat Salita ng Kanyang Biblia. Ngayon, tapos ibinangon Niya Siyang mag-uli, para sa ating pag-aaring ganap, na magkaroon tayo ng karapatan, yamang ibinangon si Jesus, na Siya'y narito na ngayon na iminiministeryo sa atin, ang bawat Salita ng Diyos, na kinakailangan nating ipamuhay.

269 Ngayon, madali na lang, pagkatapos at magtatapos na tayo. Ngayon ang ikalawang nobya na Eba.

270 Ngayon, ang unang nobyo, si Adan; kinailangan nga na maitugaygay siya sa sanghabang linya ng mga propeta, at iba pa, na anupa't lumitaw na sakdal, at pagkatapos kinailangan na mamatay para maging Tinapay para sa iba.

271 Ngayon paano naman si Eba? Siya nga'y kinakailangan na ganoon din. Pero nung dumating si Jesus. . . Alalahanin n'yo, si Eba ay babae. Ang iglesya ay kinakatawan sa tuwina sa Biblia na isang babae, dahil siya ang nobya. Ngayon masdan kung ano ang ginawa niya. Tinangka niya na kumbinsihin Siya sa sarili niyang doktrina. Haya't kung sila nga ang nangangaral dun ng kung ano ang iniisip nila, Siya'y dakilang Lalaki.

272 Pero nung isang araw nung magsimula Siyang mangusap, at ang sabi, "Ako at ang Ama ay iisa."

273 "Oh, ano yan at ginagawa Mong ang Sarili Mo'y kapantay ng Diyos, kita n'yo. Oh, naku! Ayaw na naming magkaroon ng kaugnayan sa Taong ito, kahit kailan."

274 At sa lahat nga nitong iba pang bagay na sinimulan Niyang sabihin, "Maliban na kainin n'yo ang Laman ng Anak ng tao." Ano sa palagay n'yo ang iisipin ng doktor, na nakaupo roon? Ano nga sa palagay n'yo ang iisipin ng kung sinong tao roon, na may disenteng pag-iisip? "Kinakailangan n'yong kainin ang Aking Laman at inumin ang Aking Dugo."

275 Sabi tuloy nila, "Aba't ang Taong ito'y isa palang bampira, hindi isang ministro. Lumayo kayo sa Taong 'yan, baliw Siya. Lumayo kayo sa Kanya."

276 Pero 'yun po ang Katotohanan. Kita n'yo, 'yun mismo ang Katotohanan. "Maliban na kainin n'yo Ito, kayo'y mamamatay. Lahat kayo'y mamamatay, kung di n'yo Ito kakainin."

277 Yan na 'yan din ito sa panahon ngayon. Yaong tinapay at alak ay simbolo lamang, huwag kayong maglumagak sa natural na bagay na 'yan. Kinakailangan n'yong kainin si Cristo, na siyang Salita na kinakailangang kayo'y mamuhay roon, "bawat Salita na manggagaling," buong Biblia mismo mula Genesis hanggang Apocalipsis.

278 Ngayon, ang ikalawang Eba, masdan n'yo siya. Siya nga'y nilikhang bago, katulad Niya noon, sa Araw ng Pentecostes, na puspos na ng Espiritu, at kumakain sa pamamagitan ng Salita. Amen. Ngayon ramdam kong napupuspos na talaga ako. Ang ganda po ng pakiramdam ko. Ang unang iglesyang 'yun, ang unang Eba, na ipagiging Nobya ni Cristo. Ilan po ang makapag sasabi ng "amen" sa bagay na 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya ang ipagiging Nobya ni Cristo. Isinilang siya sa Pentecostes, hindi sa Nicaea, Roma; hindi sa London, Inglatera; ni hindi sa Estados Unidos; ni hindi sa Alemanya kay Luther, hindi sa Inglatera kay Wesley, hindi sa Estados Unidos

sa mga Pentecostal, na naturingan lang. Isinilang siya noong Araw mismo ng Pentecostes. Siya'y napuspos ng Espiritu. At Siya'y napusos ng Espiritu, at pinakakain ng Salita, "bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos." Anupa't iba kay Judas . . . At, oh, kanila ngang tinanggap ang lahat, nang Salita sa bawat Salita, anupa't isang halaman ng Diyos sa lupa na tunay na sumisibol, kinakatawan Siya, na isang punongkahoy ng Nobya muli.

279 Yung Salita Niya ng pangako ay ipinapaaninag ang Nobyo sa Nobya. Madaling napansin nga nila 'yun kay Pedro at sa kanila. Sila nga'y di naman nagmula sa seminaryo, at alam ng mga tao 'yun. Di sila galing sa kung anong paaralan ng Biblia, na kung anong pang-teolohiyang seminaryo. Ni wala rin silang edukasyon, na haya't di nga nila maisulat maging ang sariling pangalan nila. Ang sabi ng Biblia, "Sila'y mga mangmang at walang alam." Pero anong nangyari? Isinaalang-alang nila na sila'y nakasama noon ni Jesus, dahil hayun nga Siya sa kanila, ipinapaaninag ang Kanyang pangako. Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos! Yan ang kailangang-kailangan natin sa panahong ito. Ang Kanyang Salita na pinapaaninag Siya sa kanya, sa iglesya. Ang iglesya nga'y nabubuhay mismo sa bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos.

280 Pero hayan nga, gaya ni Eba noon, tumugaygay siya roon sa kanyang pagbagsak, sa Salita, sa Nicaea, Roma, kung saan ang unang organisasyon ay naorganisa, ang pandaigdigang iglesya na Cristiano. Mayroon po bang iskolar ng Biblia rito? Mayroon po ba . . . Mayroon po bang teologo rito na nalalaman na 'yan nga ang totoo? Ang unang organisasyon ay dun nga sa Nicaea, Roma. Ang Diyos kailanman ay di nagkaroon ng kung anong organisasyon, kailanman ay di magkakaroon. Tao ang may kontrol dun. Dun nga silang lahat . . .

281 Isa akong Cristiano. "Sa anong iglesya ka kabilang?" Isa lang naman 'yan. Ako po'y Branham na, nang maglilimampu't limang taon na, at kailanman ay di ako sumapi sa pamilya na 'yan, ako po'y ipinanganak dun. Sa ganoong paraan nga kayo isinisilang sa Kaharian ng Diyos, at kayo'y pagpapaaninag ng Kanyang Salita.

282 Pansinin, humantong si Eba. At maging 'yung ikalawang Eba ay humantong din sa Nicaea, Roma, napag-ayon sa isang denominasyon, kredo, tumanggap ng dogma sa halip na yaong Salita; kinuha 'yung mga paganong diyus-diyosan katulad nina Jupiter at iba pa, at pinalitan lang para maging sina Pablo at Barnabas. At—at kinuha 'yung diyos-ng-araw at 'yung diyos-ng-buwan, si Ashtoreth, ang diyos-ng-buwan, sa pamamagitan nung pabilog na hugis ng kosher na ostiya, at ginawa siyang nanay ng diyos-ng-araw na si Jupiter. At binago ang kaarawan ni Jesus mula Abril, na siyang akma sa kalikasan, yamang Siya'y ipinanganak bilang lalaking tupa, dahil Siya'y isang lalaking

tupa, at pinalitan mismo ’yun sa petsa ng kaarawan ng diyos-ng-araw gamit ang kalendaryong solar, na isang araw ang . . . Halos isang minuto lang ang dipirensya ng araw kapag dumarating ang ika-dalawampu’t limang araw ng Disyembre, ang kaarawan ng diyos-ng-araw, at di ng Anak ng Diyos. At bawat isa sa atin ay nagpapanggap bilang Santa Claus, at nagpapalamuti ng mga puno-puno, at sadyang pagiging pagano talaga, at mga bagay na gaya nun, at tapos ituturing natin ang ating mga sarili na mga Cristiano kuno? Ano bang nangyayari ngayon sa iglesyang Cristiano?

283 Mayroon kayang lilitaw sa kalagitnaan natin, na magagawa niyang ipangaral ang Salita at sabihin ang Katotohanan, at ipagtitibay ’yun ng Diyos at patutunayan sa mga tao na Siya’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman? Di natin kailangan ng seminaryo. Di natin kailangan ng teologo. Ang kailangan natin ay propeta. Siyanga. Yun nga’y ipinangako ng Diyos, din.

284 Mangyaring napadpad sa pagkabigo si Eba, ganoon din ang iglesya; nagpatangay sa denominasyon, sa mga panuntunan ng tao, na mapamahalaan ng tao, na di na ang Espiritu ang siyang nangunguna. Siya’y napalayo mula sa Salita, at tumanggap ng mga dogma. Sino pong makapagsasabi ng “amen”? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Siyanga. Pero alam n’yo ba na tayong mga Protestante’y tumatanggap nang tumatanggap ng maraming dogma na kasing dami rin ng sa kanila, sa tuwing nagdaragdag tayo sa Salitang ito o nag-aalis ng kung anong bagay mula Rito? Nadaya siya ni Satanas, sa pamamagitan ng siya ring luma niyang pamamaraan na ginamit niya noon kay Eba, pagkokompromiso. Yun ang istilo na mayroon siya, ang magsabi ng iba mula sa Salita, na isang kredo o denominasyon.

285 Ang tunay ay pumaroon sa lupa, sa pagka-martir, dinikdik nang marahas ng matitinik na halaman ng Roma ang trigo mula sa Pentecostes, na mapaging alabok, at sinunog sila sa mga tulos at pinakain sila sa mga leon. Sila’y yumao na tulad nung isa mismong trigo, ganoon nga, pero sinimulan Niyang ibangon sila muli dun sa repormasyon, ang siya ring ’yun, nang ikalawang beses.

286 Kagaya ng ginawa Niya sa Ikalawang Adan. Matapos na mahulog si Adan, sinimulan Niyang ibangon ang Ikalawang Adan. At nang mahulog ang Ikalawang Adan, haya’t Iyon nga’y ibinangon. Mangyaring ang unang Adan ay nahulog sa kanyang kasalanan at nanatili roon. Ang Ikalawang Adan ay nahulog, para tubusin ang tao mula sa pagkakasala, at itinaas.

287 Ngayon, ang unang iglesya’y nahulog sa Nicaea, Roma, una, sa pamamagitan ng isang Salita ng Katotohanan mula sa Biblia, kung saan idinagdag ng iglesyang Romano ang kanilang mga dogma at mga kredo dun. Haya’t dumating noon ang isang munting pari na nagngangalang Martin Luther, na

ang sabi, "Hindi ito ang komunyon, hindi ito ang katawan ni Cristo. Isa itong kosher. At, ang tao, 'ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.'" At inihagis niya ang bagay na 'yun sa sahig, at prinotesta 'yun. Hayan nga ang una n'yong nagliliwanag na bituwin pagkatapos ng kapanahunang Tiatira. Siyanga, po, inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya! Siya, ang dakilang Iskultor, naghanda para gawin ang isang obramaestrang Nobya na magpapaaninag sa Kanyang Salita.

288 Pero anong ginawa ng mga Lutheran matapos na mamatay si Luther? Haya't nakatagpo nila si Satanas, at bumuo sila ng denominasyon mula roon, at namatay. Ang iglesya nga'y wala nang nagawa matapos 'yun, tapos na siya, nanatili na lang sa pagiging sangmadla ng mga tao. Siyanga.

289 Pagkatapos ibinangon siya muli ng Diyos, sa panahon ni John Wesley, na may kasunod na Katotohanan na ipapaaninag. Ano ang ginawa niya? Sabi niya, "Ang pagpapaging banal ay ang ikalawang pagkilos ng biyaya." At anong ginawa ng Diyos? Pinagpala Niya mismo. At ang tao'y prinotesta ang iglesyang Anglican, ang iglesyang Zwingli, at lahat sila roon, at lahat ng mga legalista, at lahat ng Calvin, o mga—mga Calvinist, ibig kong sabihin, at prinotesta 'yun. At—at sabi, "'Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya,' sabi ni Luther. At ang ikalawang pagkilos ng biyaya ay pagpapaging banal." At 'yun ang Katotohanan. Siyanga. Kita n'yo?

290 Pagkatapos anong ginawa ng tao? Ganoon din, matapos na mamatay ni Wesley, at ni Asbury at ng iba pa sa kanila, haya't ganun din sa ginawa ng Lutheran, nag-organisa, namatay. Sige po't tingnan n'yo ito ngayon.

291 May pinuntahan ako, di pa katagalan, para manalangin sa isang babae sa isang ospital, na isasalang na siya sa operasyon. Ako po'y pumasok dun. Sabi ng babae, "Kapatid na Branham, pinatawag kita. Di mo ako kakilala," sabi niya, "pero maaari po bang ipanalangin mo ako? Isasalang kasi ako sa operasyon sa kinaumagahan."

Sabi ko, "Sige po, kapatid na babae."

292 May isa pong lalaki, isang babae, at isang kabataang lalaki, na nakaupo dun, 'yung kabataang lalaki ay parang mga labing-walong taong gulang, at minamatyagan nila ako nang maigi. At bumaling ako at sabi ko, "Ipagpaumanhin n'yo po ako, ako po sana'y . . . "

Sabi nung isang babae, "Hilahin n'yo ang kurtina!"

Sabi ko, "Hindi po ba't Cristiano rin kayo?"

Sabi niya, "Methodist kami!"

293 Sabi ko, "Hindi po 'yun ang tinatanong ko. Ang tinatanong ko po sa inyo . . . Sige po't kung kayo'y sadyang Methodist lang,

hihilahin ko ang kurtina. Pero kung kayo'y Cristiano, di n'yo nga ipahihila ang kurtina." Kaya, siyanga, ganoon nga.

294 Mangyaring, ang laki ng pagkakaiba ng pagiging Mehodist, o pagiging Baptist, o Presbyterian, at sa pagiging Cristiano; di pagiging Campbellite, pero pagiging Cristiano, kita n'yo. Ano 'yung ginawa nung babae? Aba't ang siya ring bagay.

295 Pagkatapos anong nangyari? Ibinangon ng Diyos ang isang munting grupo rito sa Katimugan, isang munting lalaking itim na duling ang mata. At, Siya, anong ginawa Niya? Kanyang ibinuhos ang pagpapanauli ng mga kaloob, at 'yun po'y naging Pentecostal. At marami sa inyo na matatagal na katulad ni Kapatid na Valdez na nakaupo riyan sa likod, na matandang mangangaral na, na nangangaral na nung limang taong gulang pa lang ako. Naaalala niya ang Pentecostal nung bago pa lang 'yun noon. Naku, huwag nga kayong magsasalita ng anuman tungkol sa organisasyon sa kanila roon, aba kalalabas lang nila mula sa magulong bagay na 'yun. At kamit nila ang Mensahe ng Diyos.

296 Pero anong ginawa nila? Ganoon din sa ginawa ng iba pa, inorganisa 'yun. Ngayon may nasa tatlumpu o apatnapung iba't ibang organisasyon sila, oneness, twoness, three's. Na anupa't, mahabagin, grabe, di pa ako nakakarinig ng ganoon sa buong buhay ko! Ano 'yang nagawa n'yo? Namatay kayo sa mismong dakong 'yan. Hanggang diyan na lang ang kaya n'yong maabot. Hinding-hindi kasi tatanggapin ng organisasyon n'yo Ito. Kayo, kayo'y pumili ng tao n'yo, "Ang taong ito, kung di pareho ang paniniwala niya sa amin, huwag n'yo siyang papuntahin dito. Di 'yan papayagan ng pagbubuklod namin." Oh!

297 Tingnan n'yo, bibilisan na po, may darating at darating na tunay na Binhi. Marapat lamang na mayroon, dahil parating Siya para sa isang Nobya na walang dungis o kulubot. Siya'y paririto para dun, na isang pinagtibay-sa-Salitang Nobya. Oh, siya nga'y magiging isang munti't maliit na grupo lang. Sabi ni Jesus, "Kung paano sa mga araw ni Noe, na walong kaluluwa lang ang naligtas," (tama po ba?) "ay gayundin sa pagdating ng Anak ng tao." Ilan kaya? Di ko alam.

298 Pero, kita n'yo, ang Nobya ay binubuo ng lahat mula sa nagdaan hanggang sa tutugaygay pa, na nagkamit ng Salita sa kanilang kapanahunan. Hindi lang itong huling grupo, haya't ang kukunin ng Diyos ay ang kabuoan mula rito. Oh, grabe.

299 Yun nga'y—nga'y magiging maliit, makabibigla. Kung sila nga'y mawawala na, di mo mamamalayan na wala na pala sila. Ano kaya kung kukunin Niya ang nasa limang daan lang sa huling panahon na ito? Di n'yo 'yun mamamalayan. Kukunin ang limang daan sa darating na ilang araw, dalawa o tatlong araw? Marami ang nawawala sa buong palibot ng mundo, wala tayong nalalaman kung nasaan na sila, wala tayong naririnig na balita

tungkol sa kanila. Hayan ang lihim na Pagparito ng Panginoong Jesus, Siya'y aagawin.

300 At sila na mga naiwan ay tuloy pa rin sa pangangaral, gaya ng panahon noon ni Noe, "Luwalhatiin ang Diyos, natanggap natin Ito, hallelujah," at naselyuhan mismo para sa kamatayan nila. Yun ang sinasabi ng Biblia, at di Ito mabibigo.

301 Kung papaanong si Noe, Moises, David, ay pinaaninag ang pagdating ng sakdal na Nobyong ito; ganun din sina Luther, Wesley, at Pentecostal, na pinapaaninag mismo ang pagdating ng sakdal na Nobya.

302 Pansinin, sa tuwina ano ang iginigiit niya, anong ginawa niya? Sa tuwina, ang iglesyang ito, gaya ng ginawa noon ni Eba, ipinilit niya sa kanyang mga Adan na maniwala sa bagong liwanag daw na ito, sa kanyang pakana, at doon ay namatay siyang kasama 'yun. "Kami, buweno, ang aming grupo ay maglalakip-lakip, kita n'yo, oh, heto nga ang mga bagong pagpapala na nasumpungan namin, at iba pa."

303 Ano ang ibinunsod nun kay Eba? Maiksi na lang po ang oras natin ngayon. Ano ang ibinunsod nun kay Eba, ng unang iglesyang ina, ng unang nobya ng unang Adan? Ano ngang ibinunsod nun sa kanya? Ngayon pakinggan n'yo pong maigi, sigurado ako na di kayo sasang-ayon Dito. Pero ibinunga nun ang "binhi ng serpiyente." Mismo.

304 Ang una niyang anak ay di anak ni Adan. Kung ganoon, ay nasa anak na 'yun sana ang karapatan ng pagkapanganay. Sa Biblia, sa Jude, ang sabi tungkol kay Adan. . . na, "si Enoc ay ikapito mula kay Adan." Tama po ba? At sabi pa roon, "At si Adan ay nagkaroon ng anak na lalaki, si Set." Paano naman si Cain, na dapat sana'y may karapatan sa pagkapanganay? Hindi siya anak ni Adan. Si Set, at nagkaanak si Set; si Jared, at mula kay Adan tumugaygay, hanggang kay . . . "na ikapito mula kay Adan." Mangyaring kung si Cain ay anak niya talaga, pero wala ngang kung saang dako sa Biblia, maski dun sa Lucas na kanyang binanggit 'yun uli, haya't hindi niya itinuring si Cain na anak ni Adan. At, kung di siya anak, kaninong anak siya? At kung anak siya ni Adan, diba dapat siya ang unang anak, na may lahat na karapatan sa pagkapanganay. Oh!

305 Hayan ang karnal na iglesya (di n'yo pa rin ba nakikita?) na tumanggap ng ibang bagay, nangalunya sa halip na ang Salita dapat. Mga Pentecostal, pagpalain kayo. Sige po, ano 'yung ibinunga niya kay Eba? Ang binhi ng serpiyente. Ano nga itong ibinunsod sa huling mga araw na ito, ng denominasyon? Haya't ibinunga ang binhi ng serpiyente, muli, sa pamamagitan ng pagtanggi sa Salita. Ano ang inialay niya? Mga bunga't ilang mga bagay, hindi Dugo.

306 Sa pamamagitan ng kapahayagan sa Salita, haya't ang Salita ng Diyos bago pa ito naisulat, "Si Abel sa pamamagitan ng

pananampalataya'y nag-alay sa Diyos ng lalong mabuting alay kaysa kay Cain, na nagpatotoo na siya'y matuwid," ang Salita nga'y ipinapaaninag ang Sarili Nito sa pamamagitan niya, sa pamamagitan ng kanyang alay.

307 Oh, si Cain nga'y nagpunta't namitas ng mga bunga ng lupain, ang iniisip niya kasi'y ang kinain ni Eba ay mansanas. Marami sa mga pang-teolohiyang seminaryo ay iniba na 'yun at ginawa na lang na apricot. Pero 'yun po'y pangangalunya. At alam 'yan ng lahat, na mga nakakaalam sa Biblia. Tunay, 'yun nga 'yun.

308 Pansinin, ang binhi ng serpiyente ay ibinunga ng unang Eba sa paglayo niya mula sa Salita. Ganoon din ang ginawa ng ikalawang Eba sa Nicaea, Roma. At anong natamo niya? Isang grupo ng maka-denominasyong mga anak. Tama. Oh, mabuti kung sa mabuti sa moralidad; tunay, maiinam. Pero ano ngang mayroon? Patay, dahil sa kredo nila.

309 Ganoon din ngayon. Ang kapahayagan ni Cain sa Salita ay naipangyaring muli gaya ng ginawa ng mga ito. Ano 'yun? Na siya'y pinangakuan. Sa huling panahon, ano ang ipinangako sa Eba sa panahon ngayon? Pakinggan n'yo pong maigi ngayon, patapos na ako. Ano ang pangako kay Eba sa huling panahon? Mga kayamanan, Laodicea, natatanyag na pangalan, tanyag na mga tao, kayamanan. "Subalit patay, at hubad, at hindi 'yun nalalaman." Doon humantong ang kapanahunan ng iglesya.

310 Pero itinanggi niya ang Salita. Na para mapaging realidad niya ang Mateo 24:24, kumilos siya nang may maraming pagka-ingay, at maraming *ganito*, at maraming katayuan sa lipunan, at mga bagay na gaya nito, na pilit sinasabi, "Buweno, kamit namin ang kapangyarihan! Luwalhatiin ang Diyos, hallelujah, kamit namin ang kapangyarihan!" May anyo ng kabanalan, pero tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon, na ganoon na lamang na magkalapit sa isa't isa na ililigaw kung maaari ang pinaka hirang. . .Papaano nga na ang isang tao'y makapag sasayaw sa Espiritu at makapag sasalita ng iba't ibang wika, at heto't itatanggi na Katotohanan ang Salita ng Diyos, at maging ang Espiritu Santo? Di maaaring mangyari.

311 "Bawat Salita!" Kapag may sinasabi na isang bagay ang Diyos, 'yun na 'yun ang ibig Niyang sabihin. Huwag na huwag n'yo Itong ipapaliwanag sa ibang paraan. Sinasabi ng Biblia, na, "Ito'y hindi sa sariling pagpapaliwanag." Sabihin n'yo ito sa paraan ng pagkakasabi Niya Rito.

312 Pansinin, isang huwad na kapangyarihan. Yun mismo ang gustong ibigay noon ni Satanas kay Jesus, na papuntahin dun at ibunsod Siya na itanghal ang Kanyang Sarili. Yun mismo ang ginagawa ng mga tao, maging ng Pandaigdigang Konseho, lahat sila. "Sino ang makababaka sa kanya," sabi niya, ng Biblia, "sa larawan ng hayop na lilitaw?" Kung may oras pa tayo, tutugaygay pa tayo (pero wala na) sana rito. Pansinin

si Jesus, ang ikalawang Salitang-Adan, nang kapanahunan ng babae, masdan n'yo nga ang panahon ng iglesyang ito ngayon na magiging ganoon na lang kalapit. Ang huling kapanahunan ng iglesya ay Laodicea. Ilan po ang makapagsasabi ng "amen" sa bagay na 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Anong ginagawa niya? Papaano siya tutungo roon sa yugto na 'yun ng kaluwalhatian? Malahininga, walang Diyos. At anong ginawa niya?

313 Ngayon, kinatagpo ni Adan si Eba kusang-loob siya . . . o hindi kusang-loob, pero nang may kamangmangan na nadaya si Eba, at kaya si Adan ay nagtungo kay Eba nang sa gayon ay matubos niya siya. Tama ba? Ang sabi ng Biblia, "Si Adan ay di nadaya." Yan ang dahilan kung bakit ipinagbabawal Dito na ang babae ay mangaral ng Ebanghelyo. Kita n'yo? Si Adan ay di naibunsod dun sa pagsuway, haya't si Eba ang naibunsod. Yan ang dahilan kung bakit ang babae ay di pinahihintulutan na magturo, kita n'yo, o umagaw ng kapamahalaan mula sa lalaki, at iba pa. Yun—'yun ang sinasabi ng Salita.

314 Sinasabi n'yo, "Buweno, ito . . . !" Wala akong pakialam kung anong ginagawa *nito* at ginagawa *nun*. Ito'y sa kung ano mismo ang sabihin ng Salita, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Yun ang sinisikap ko na maiparating sa inyo, kita n'yo, ang kung ano ang sinasabi ng Salita. Nabubuhay nga tayo sa pamamagitan ng Salita, hindi sa kung anong ebide-ebidensya, o kung anong karnal na bagay, o kung anong karanasan. Wala nga 'yung kinalaman dito. Anumang ibang klase ng karanasan ay di talaga uubra, kung itinatanggi nito ang Salita. "Marami ang dudulog sa Akin at magsasabi, 'Ako'y nakapag propesiya, nakapag palayas ng mga diyablo. Nakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Ginanap ko ang lahat ng mga ito, ipinangaral ang Ebanghelyo, at Doktor pa nga ng Dibinidad.' Sabi, 'Kayo na manggagawa ng katampalasanan, ni di Ko kayo nakikilala.'" Samantalang alam na't sinasabi Iyon ng Salita, at pagkatapos ay ikokompromiso pa rin dahil sa kung anong organisasyon o kung ano, kung anong sistema. Oh, kaibigan ko, hayaan n'yong balaan ko kayo, bilang minamahal na kapatid na umiibig sa inyo. Pakinggan n'yo pong maigi.

315 Ngayon, ang unang Adan ay lumakad palabas kasama si Eba, dahil ang babae ay nadaya. Pero, may isang babae nga rito sa Laodicea na ito, na mas malala pa ang alam. Siyanga, po. Haya't kanyang inilagay Siya sa labas ng kanyang higaan, ng kanyang kuwarto, ng kan- . . . Siya'y nalagay sa labas, haya't tumutuktok, sinisikap na makapasok ulit. Mangyaring nagtamo siya ng kalinangan, ang babaing ito'y nailagay sa mataas. Siya'y, oh, naku, "wala raw kailangan," sabi niya, pero di niya alam na siya pala'y hubad, maralita. Ang babaing 'yun ay ito ngang iglesya na dinadaya ang pinaka hirang kung maaari. Pansinin, siya'y may kamit na kapangyarihan, huwad na kapangyarihan.

Siya'y kumuha ng bahagi lamang ng Salita, di tinanggap ang kabuoan Nito.

316 Ano ang pinakamalaking kasinungalingan na nasabi kahit kailan? Haya't isang bagay nga na may siyamnapu't-siyam na porsiyentong Katotohanan. Halimbawa may magsasabi "si William Branham, sa naturang petsa na ito, doon sa Houston, Texas, siya'y nalasing nang husto." Kasinungalingan 'yun. Kita n'yo? "Oh," sasabihin, "hindi, nasa Phoenix, Arizona siya nun. Nangangaral siya sa mga negosyanteng Cristiano, nangaral pa nga siya na ganito ang paksa, napakaraming tao ang naroon, nakinig ang mga tao hanggang alas diyes y media. At, tapos nung mag-alas diyes y media na, alam n'yo ba kung ano ang ginawa niya? Kumuha siya't nalasing sa alak, at siya'y nagpaka lasing." Ngayon kasinungalingan 'yun. Ang iba pa roo'y totoo. Kita n'yo, kinakailangan kasing ang isang bagay ay halos sakto na parang 'yun ang katotohanan, para makapanlinlang.

317 Yan mismo ang ginagawa ng mga tao sa panahon ngayon. Sila'y naghahalo ng kung maaari'y maraming Katotohanan, para madaya ang pinaka hirang. . .Pero, isang Salita lang, dun ka madadale. At pinatunayan ko na 'yan sa pamamagitan ng Biblia.

318 Pansinin, ang babaing ito'y di lumakad palabas na kasama Siya. Kanyang itinaboy Siya talaga palabas, ang Salita, Siya'y tinanggihan. Ngayon kalunus-lunos ngang pagmasdan ito, lalo na sa pagdako natin sa dulo.

319 Katulad na lang sa Babilonia noon, na ang tao ay di nga papipigil sa kung ano na sinisikap niyang abutin para sa sarili niya. Hinding-hindi nga siya papipigil. Katulad dun noon nung panahon ni Noe, kahit na gaano pang puspusan si Noe noon sa kapapangaral at pagbababala, wala ngang kinahinatnan na mabuti. Nung panahon ni Ahab, haya't kumayod siya ng sarili niyang tinapay na magdadala sa kanyang sarili sa impyerno. Ganoon nga. Mangyari ngang kumayod siya ng sarili niyang tinapay para ang dugtungan ay mapigtas, na 'yun mismo ang magdadala sa kanya sa impyerno. Katulad ni Ahab at Jezebel. Sila, pero, ang masaklap dun, wala silang kamalayan na sila pala'y nagkakasala na. Akala nila tama pa ang ginagawa nila.

320 Alam n'yo ba, sinabi ni Jesus, "Darating ang araw na ano pa't papatayin nila kayo, habang iniisip na gumaganap sila ng gawain sa Diyos." Hintayin n'yo na mailathala ang bago kong libro. May mga binaril nga silang ilang tao, nung isang gabi lang, dahil sa pagsasabi na maling pag-isahin ang iglesyang Romano Katoliko sa Protestante. Tatlong putok ang narinig sa gusali, ng kaibigan ko, halos natamaan sila. Hintayin n'yo po na mailathala 'yung librong ito. Wala silang kamalay-malay na sila pala'y nagkakasala na; ang iniisip nila tama ang ginagawa nila. Iniisip nila na ang ginagawa nila—ang ginagawa nila ay bagay na para sa Diyos, pero wala silang kamalay-malay.

321 Pinatay ng mga Judio si Jesus, na iniisip nilang tama ang ginagawa nila, dahil sinasabi ng doktrina ng kanilang iglesya na Siya ay mali. Oh, sinabi nga patungkol sa kanila na Siya . . . "Kanilang ipinako ang mismong Tinapay na dapat sana ay sa pamamagitan nun sila mabubuhay."

322 Ngayon, heto, "Anupa't marami ang tumanggap sa Kanya bilang kanilang Buhay, Walang Hanggang Buhay, na sila'y nabuhay sa pamamagitan Niya, at pinagkalooban Niya sila ng kapangyarihan na maging bahagi Niya, na mga anak ng Diyos." Tama po ba?

323 Ang gusto nila'y halamang ligaw, kamatayan dun sa halo-halong bulanglang, mula sa eskuwelahan ng mga teologo. Di nila gusto si Jesus, ang Tinapay ng Buhay. Di nila Siya gusto. Itinaboy nila Siya palabas ng kanilang iglesya. Yun at 'yun ang gagawin at gagawin nila. Bahala sila sa ginagawa nila.

324 Sasabihin n'yo, "Sa palagay mo ba puwede silang magbago, Kapatid na Branham?" Hindi, na. Heto nga na nangungusap ako sa mga Hirang.

325 Itinaboy nila Siya palabas. Bakit? Ang pinili nila ay 'yung bulanglang nila, na hinaluan mismo ng sanlibutan, ng kung anu-anong mga teorya patungkol sa kung anong bagay, at pinaghalo-halo 'yun, at gumawa ng pang-teolohiya't pang-seminaryong bulanglang. At tinanggihan nila ang harina ni Elias na panglunas sana roon.

326 Yun din ba ang ginawa nila noon? Si Elias ay may harina noon. Ang harina na 'yun ay si Cristo, ang harinang-handog, na dinikdik nang lubos. Bawat giniling na butil nun ay kailangan pareho sa isa't isa, ang pagkakadikdik. At inilagay niya 'yun dun, at nilunasan nun ang karamdaman, o ang kamatayan sana nila na naroon sa loob ng palayok.

327 Pero sa panahon ngayon haya't may kamatayan sila roon sa palayok, at di pa rin nila gusto ang Harina ni Elias, si Cristo, ang Tinapay, ang Salita. "Hindi, po! Hidwang paniniwala ito!" Di nga nila Ito tinatanggap. Pero sige't kainin n'yo 'yun, at tiyak na mamamatay kayo na kagaya ng mundo. May lason sa palayok na 'yun. Di nga nilang tatanggapin ang Harinang ito (hindi, talaga) sa kanilang pang-teolohiyang mga palayok. Ayaw nila. Ngayon maging kayo ay aakayin nilang mapalayo roon, ayaw nila ng kahit anong kaugnayan dun.

328 Ngayon ang ikalawang Eba, ang tinapay na butil, ay yaong Pentecostes, na kung paano ang ginawa nung una, ng tinapay na si Adan, sumailalim sa kamatayan dahil sa matitinik na Romanong halaman, naipailalim sa pag-uusig, pagka-martir.

329 Pero ang kanyang kapatid na babae ay naging patotot, ('yun ba ang sinasabi ng Biblia?) tama, ano ang ginawa niya? Siya nga'y napadpad mismo sa sanlibutan at nanganak. Sino po sa inyo ang makapagsasabi ng "amen" diyan? [Sinasabi ng

kongregasyon, "Amen."—Pat.] Apocalipsis 17, "Ang patotot at ang kanyang mga anak na babae," hindi lalaki; kundi mga babae, mga kaiglesyahan. Ang mga napaging denominasyon, ano ang nagpaging patotot sa kanya? Kanyang tinanggihan ang Salita at pinili ang denominasyon, dun siya naging patotot. Ano naman ang ginawa ng mga anak niya? Sila man ay mga patotot din, na siyaring bagay. Ginawa ang siyaring bagay, tumanggi sa Salita at pinili ang denominasyon. "Kanyang mga anak," mga anak na babae, mga kaiglesyahan, tingnan n'yo sila.

330 Ngayon hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, sa paraan ng propesiya. Mauunawaan n'yo po ba? Ang malaking pagtatalo-talo ng buong pamilya ay malapit nang matapos. Sila nga'y magbubuklod-buklod na. Paglalakip-lakipin ng matandang nanay ang kanyang mga anak na magpisan-pisan muli. Sila'y pare-pareho, naman. Gusto nilang maging isa. Panahon na na ang Iglesya at Diyos, ang Iglesya at ang Salita, ay magiging isa rin, dito mismo, dahil 'yun ang ipaparito Niya; hindi "isang" grupo na tulad nun. Hindi, po.

331 Butil mismo ng trigo. Ngayon masdan n'yo ang kalikasan, at magtatapos na tayo sa kaisipan na ito. Masdan n'yo ang kalikasan. Yung pagtatanim ng tao ng trigo.

332 May isinulat silang aklat, na sa palagay ko ay nabasa n'yo na, marahil ilan sa inyo na mga teologo, na ang pamagat ay *Ang Nanahimik Na Diyos*. Sa palagay ko makakakuha kayo ng—ng kopya nun, dun sa—dun sa nagbebenta ng mga aklat, sa tindahan ng aklat. *Ang Nanahimik Na Diyos*, sabi dun . . . May isang di-naniniwala sa Diyos, na ang sabi, "Papaano n'yo masasabi na may Diyos, na mauupo lang Doon sa Madilim na Kapanahunan at manonood lang na ang maliliit na mga bata'y pinapatay, sa apoy; na 'yung mga kababaihan, 'yung mahahaba nilang mga buhok ay bubuhusan ng alkitran, at susunugin; na magpupuwesto ng baka sa isa nilang braso, at isang baka dun sa isa naman, at hahapakin sila, dahil sa di paghalik ng mga taong 'yun sa krusipiho; at lahat na ng mga bagay na tulad nun?" Sabi, "Papaanong ang Diyos, kung mayroon man, ay mauupo lang at manonood lang na masunog ang maliliit na mga bata?" Kita n'yo, 'yun ang natural, na karnal na pag-iisip. Kita n'yo?

333 Tingnan n'yo, alam n'yo ba na ang isang trigo, kapag 'yun ay inihulog sa lupa, 'yun nga'y malalagak dun at mabubulok? Yun ang kinakailangang gawin ng pentecostal na iglesya, ang malagak dun at mahulog sa lupa, at mamatay. Kinakailangan na mabulok, nang sa gayon ay magpasibol uli ng Buhay. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon sige po't masdan, at ngayon ito na po ang pagtatapos kong kaisipan. Ngayon para paglakip-lakipin ang lahat ng ito, kunin po natin ang kalikasan. Ilan sa inyo ang naniniwala na ang pagkilos ng Diyos ay tumutugaygay mismo nang nakaagapay sa kalikasan, sa lahat ng mga bagay? ["Amen."]

334 Siya, tingnan n'yo, Siya ang gumawa ng mundo. Tinubos Niya ang mundo sa gayon ding paraan ng pagtubos Niya sa tao. Ano ang pagsampalataya ng tao? Sasampalataya siya, tapos siya'y mababautismuhan; tapos lilinisin siya sa pamamagitan ng dugo, pagpapaging banal, na 'yun ang mensahe ni Wesley; pagkatapos siya'y mapupuno ng Espiritu Santong Apoy, aalisin ang pagka-sanlibutan mula sa kanya, at siya'y pupunuin ng Espiritu, na yaong Salita. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon masdan n'yo. Tutubusin nga ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng siya ring paraan na 'yan.

335 Ilan ang mayroon na nung—nung—*Ang Magiging Tahanan Ng Nobya At Nobyo*, sa teyp? Kita n'yo, ipinangusap ko 'yun dun. Ibinigay sa akin ito ng Diyos. Heto't ibinibigay ko naman sa inyo gaya ng pagkakabigay Niya sa akin.

336 Tingnan n'yo, ang unang bagay, hinatulan ang mundo, sa ilalim ng pagkahulog ni Adan mula sa Salita. Ang pangangaral ni Noe ay nagdala ng pag-aaring ganap, at binautismuhan ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng tubig; tapos dumating ang Anak at pinatulo Niya ang Kanyang dugo sa ibabaw nito, para papaging banalin ito, para ariin Niya ang Hirang Niya; tapos dun sa pagkukumpleto, ang pagbabago, ay sa apoy na tutupok sa bawat mikrobyo, sa lahat, na aabot ang apoy ng libo-libong milya pataas, sa ere.

337 At pagkatapos ay ano? "Nakita ko ang bagong Langit at bagong lupa, ang unang langit at lupa ay lumipas na. At nakita ko ang Banal na Bayan, ang bagong Jerusalem na bumababa mula sa Diyos, mula sa Langit, na nagagayakang gaya ng isang babaing ikakasal sa kanyang . . . nagagayakan na gaya ng isang babaing ikakasal sa kanyang asawang lalaki, kita n'yo, haya't bumababa sa lupa. Pagkatapos ang Diyos at ang tao . . .

338 Pareho noon kay Jesus, tingnan n'yo, nung bautismuhan Siya noon sa tubig, at magayakan sa Kanyang paghahanda. Siya nga'y pinaging banal, sa simula, ng Ama; tapos itinaas Niya ang mga kamay Niya, at hetong dumating ang Kalapati na dumapo sa Cordero. Ano 'yung ginagawang 'yun ng Diyos nung ilagay Niya ang Kalapati Roon? Inari Niya ang bahaging 'yun ng buhay; na—na bahagi ng lupa, anupa't si Jesus ay kumain ng pagkain gaya ng mayroon tayo, natural na tinapay. Pero ngayon ay inaari na ito ng Diyos, wala nang makasasaling pa roon. Di na 'yun masasaling pa ng kamatayan. Sabi, "Gibain man ang Templo na ito, Akin Itong ibabangon muli."

339 At kapag ang lalaki't babae ay tutungo roon sa Diyos, na ganap na ngayon, hindi sa ilalim ng kung anong pakiramdam lang, hindi sa kung anong emosyon, bagkus kapag tunay na ang Salita at Siya ay naging isa; haya't iniligtas ng Diyos ang tao na 'yun, pinaging banal siya mula sa mga bagay ng mundo, binago ang lahat ng pagka-makasanlibutan palayo sa kanya, sa

pamamagitan ng Apoy ng Espiritu Santo, at mananahan dun sa taong 'yun, ipinapaaninag ang Sarili Niya, sa ganap na lalaki o babae na 'yun na nabubuhay na sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo, hayan nga ang mundo kapag nilinis na. Ganoon ang gagawin niya mismo sa mundo, Kanyang tutubusin ito.

340 Ngayon masdan, isang butil ng trigo na nahulog sa lupa. Ngayon si Jesus ang butil ng trigo na 'yun na nahulog sa lupa, na matapos na mapaging ganap, Ito ay may Buhay na Naroon. Hindi si Moises ang nabuhay na mag-uli. Hindi si Adan ang nabuhay na mag-uli. Wala sa kanilang iba pa ang nabuhay na mag-uli. Bagkus itong sakdal na Isang ito na pinaaninag ang Salita sa lahat na bagay, na ang bawat Salita'y ipinamuhay! Ilan ang makapagsasabi ng "amen" sa bagay na 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Bawat Salita'y ipinamuhay Niya. Anong nangyari? Inilagay nila Siya sa libingan. Pero, nung lumipas ang tatlong araw, biniyak Niya ang libingan at lumabas mula roon. Kita n'yo?

341 Ngayon heto nga ang iglesya muli, kita n'yo, tumutugaygay sa sakdal na Isang 'yun, para sa Pag-agaw muli. Ngayon anong nangyari matapos na ang iglesya'y mahulog sa lupa sa Nicaea, Roma, sa unang organisasyon? Mayroon bang makapagsasabi ng "amen," tama 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ano ang ginawa niya? Lumitaw muli sa pansamantalang pagkabuhay na mag-uli, sinikap Niya sa pamamagitan ni Luther gaya ng ginawa Niya roon kay Noe. Pero anong ginawa ng tao? Kanyang binigo ang Salita, nag-organisa siya. Ano ang ibinunsod nun?

342 Katulad nga 'yun ng butil ng trigo na umuusbong. Kapag ang butil ay umuusbong, ano ang unang lumilitaw? Dalawang mumunting usbong. Ngayon pakinggan n'yo po itong maigi. Ano ang lumilitaw, sa natural muna tayo? Susundan natin ang natural ng espirituwal, ang natural na tinapay ng espirituwal na tinapay. Ano pong nangyayari? "Papaanong ang Lalaki na ito ay Tinapay?" Masdan.

343 Nung ang iglesya ay umusbong, isa lang siyang mumunting dahon. Ngayon ang itsura nga nun ay di kahawig nung butil na nahulog sa lupa, kung tutuusin, pero tagapagdala nga 'yun ng buhay. Kita n'yo? Ngayon anong nangyari? Ngayon sasabihin nga nung lalaki, "Oh, may magandang ani na ako ng trigo." Hindi pa. Kung sa pinanghahawakan ay mayroon na siya. Ano ang sunod na nangyari? Ang sunod na lumitaw ay si Zwingli, 'yun po ang kasunod na pagkilos pagkatapos ni Luther. Pero di pa rin 'yun. Dahon pa lang noon. Pagkatapos 'yung tangkay na nagpausbong ng marami pang dahon, katulad ni Calvin, at ng iba pa, na nagsiusbungan. Pagkatapos ang iglesyang Anglican ay lumitaw, buo na ang mga dahon. Kita n'yo, lahat sila dun ay magkakaparehas ang itsura, siya ring parehong bagay.

344 Pagkatapos anong nangyari? Ang trigo ay nagbabago, ang mais ay nagbabago, ang lahat ay nagbabago. Ang lilitaw nga ay tungkos. Ang tawag n'yo nga dun ay tungkos. Buweno, kapag umusbong na 'yun, tingnan n'yo kung anong nakadikit dun sa kanya, maliliit na polen. Ngayon sa itsura nga'y parang 'yun na halos ang itsura ng orihinal na butil na nahulog noon, kumpara dun sa dahon. Tama ba? Buweno, ang mensahe kasi ni Wesley ay mas malapit sa Biblia kumpara dun kay Luther. Alam n'yo 'yan. Tama po ba? Ano nga 'yung mumunting mga tungkos na 'yun ngayon? Nagkaroon ng Wesleyan na Methodist, Nazarene, Pilgrim Holiness, United Brethren, lahat ng napasailalim sa pagpapaging banal. At anong sumunod na dumating matapos 'yun? Haya't ito, sa dulo, ano ngang ginawa nito? Nag-organisa, namatay!

345 Ang lumabas nga dun ay mga Pentecostal. Sasabihin n'yo, "Oh, kapatid!"

346 Ngayon nang may pagpipitagan, at sinasabi ko ito nang may maka-Diyos na pag-ibig. At nawa'y ang Dakilang Ama Na binanggit ko sa inyo, sa pasimula, ay narito ngayon, sumasa lahat ng dako. Haya't kung sinasabi ko lang ito na parang may kinikilingan, kung ganoon ay hahatulan Niya ako. Kung ito nama'y sinasabi ko sa pamamagitan ng Katotohanan, Kanya akong pagpapalain. Ibubunsod Niya na makita n'yo Ito, kung kayo ay naitalaga na nung una sa Buhay.

347 Nung ang unang munting butil ng trigo ay lumitaw dun sa tangkay ng trigo, ang itsura nga nun ay parehong-pareho nung butil talaga. Tama ba? Pero ano 'yun? Hindi 'yun butil. Yun po 'yung Mateo 24:24, "parehong-pareho na ililigaw ang pinaka hirang kung maaari." Pansinin, ang itsura nga nun ay parang 'yung butil na talaga. Pero balatan n'yo nga 'yun at maupo, at kumuha ng mikroskopyong lente at sige't balatan n'yo. Yun nga'y talukap ng mais, o talukap na nakabalot dun sa trigo. Naroon lang 'yun para protektahan ito, pero ang itsura nga nun ay butil na butil talaga. Ngayon ilan ang nakababatid na 'yan ang katotohanan, itaas n'yo ang inyong mga kamay? Totoo. Pero talukap lang 'yun.

348 Ngayon, mga Pentecostal na kapatiran, huwag n'yo pong masamain ang sinasabi ko, pero 'yun ang Katotohanan. Hindi n'yo puwedeng salungatin ang kalikasan. At ipinapahayag ng kalikasan ang Diyos sa lahat ng mga bagay, bilang kanyang Manlilikha.

349 Ngayon tingnan n'yo 'yung talukap. Ang itsura nun. . . Ano ang ginawa nila? Nagsalita sila sa iba't ibang wika. Kumilos talaga sila nang katulad na katulad dun sa Pentecostes. Pero kung tatalupan n'yo 'yun, kukunin 'yung munting bagay na 'yun at babalatan, marami ngang maliliit na talukap dun. At kapag babalatan n'yo 'yun, makikita n'yo sa mismong likod na likod nun, kailangan may magandang lente kayo, para makita

’yung nasa likod nun. May munti’t maliit na buko ng butil na umuusbong dun, ’yun ang tunay na bagay. Kaya ’yun nga’y tagapagdala lang. Bakit? Kinakailangan kasi na naroon ’yun para protektahan ang butil. Kumikilos nga ’yun para sa maayos na ikabubuti, pero ang trabaho nun ay protektahan ang butil. Ngayon mula dun sa butil na nahulog sa lupa, pataas dun sa mga Lutheran, patugaygay sa mga kaiglesyahan, patugaygay kay Wesley at sa mga naroon, pausbong dun sa mga tungkos, at ngayon humantong sa talukap. Ngayon mukhang ’yun na ’yun talaga. Hindi nakapagtataka na sinabi ni Jesus, “Iliyigaw nito ang pinaka hirang kung maaari.” Ang itsura’y parang ’yung butil talaga, parang puwedeng humalili sa trigo kung maaari, pero ano ngang nangyari? Ginawa nun ang siya ring bagay na ginawa ng iba pa na nauna sa kanya, nag-organisa! Ano ang kinahinatnan niya? Pagiging tagapagdala lang.

350 Ngayon sa mga araw na kinabubuhayan natin, sinumang tagapagsalaysay ng kasaysayan dito’y alam na ang anupamang rebaybal ay tumatagal lang ng nasa tatlong taon, at pagkatapos mula sa rebaybal na ’yun ay uusbong ang isang organisasyon. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, dito sa dakilang labing-limang taon na rebaybal na kinalalagakan ko, isang pribilehiyo ang makalagak dito kasama n’yo, haya’t walang organisasyon na lumabas mula rito. Wala ng organisasyon. Wala na. Heto na ang huli. Ngayon, ang Pentecostal ay kinakailangan na naroon para protektahan ito. Saan nga tayo mapapadpad sa Mensahe na ito kung wala ang Pentecostal na sasampalataya mismo rito? Ngayon bumalik tayo sa Ilog ng Ohio, noong 1933. Kita n’yo?

351 Ipagpaumanhin n’yo po ito, pero gusto ko lang malaman n’yo ang Katotohanan. At wala na talaga akong panahon na natitira, alam n’yo ’yan, singkuwenta y singko na ako. Pero ang mga teyp na ito’y mananatili pa maski wala na ako, at makikita n’yo kung tama talaga ito, o hindi, kung ako’y tunay na lingkod talaga o huwad na propeta. Di pa ako nakapagsasabi sa inyo ng anupamang ibang bagay na haya’t ang mismong nangyayari lang, kaya ito rin ay mangyayari’t mangyayari.

352 Ito’y tagapagdala. Marapat lamang. Pero kapag ang trigo na ’yun ay nagsisimula nang lumago, gaya ng iglesya nung una na tagapagdala para kay Jesus, pero nung simulan nga Niyang sabihin sa kanila ang Katotohanan ng Diyos, sila’y humiwalay mula sa Kanya. Ngayon ano mismong nangyayari? Wala nang pakikipag-ugnay. Bakit? Kinakailangan kasing magkaganoon, para ’yung mismong trigo ay makababad sa araw, a-r-a-w, at kung papaano nga na ang espirituwal na trigo ay makababad dun sa harap ng A-n-ak, para mapaging ginintuang trigo ng Salita, kita n’yo, mapaging Salita, ang Diyos ay pinaging laman, heto pinagtibay. Ang. . . “Sinuman na sumampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Ang iglesya na nabubuhay sa pamamagitan ng Salitang ’yun

mismo, nang tama, hindi sa pamamagitan ng organisasyon, bagkus ay sa Presensya ng Salita, ng Anak, ito nga'y magiging (ano?) magiging siya ring Salita na nahulog dun sa Araw ng Pentecostes.

353 Ngayon, hindi ba't itinuturo sa atin ng Malakias 4, na bago ang dakila't kakila-kilabot na araw ng Panginoon, na ito nga'y mangyayari? Ilan ang nakakaalam nun? "At ipanunumbalik Niya ang puso ng mga anak sa magulang," tama po ba, "ang Pananampalataya ng orihinal na pentecostal na mga magulang."

354 "At sa araw na 'yan," Lucas 17:20, sa pagkakaalala ko, ang sabi ni Jesus, "kapag ang Anak ng tao ay mahayag," hindi mga tao. "Ang Anak ng tao," hindi organisasyon. "Ang anak ng tao," ang Salita na nabuhay Mismo muli sa kalagitnaan ng mga tao! Kita n'yo?

355 Ang Salita, Mismo, na nagsalaman sa inyo, kayo ay isang pagpapaaninag para sa oras na ito, ang Mensahe, na inaaninag ito. Kita n'yo, kayo'y nabuhay muli, ipinamumuhay ang Buhay na 'yun na naroon kay Jesus Cristo. Kayo'y nasa Presensya ng Anak. Pagkatapos dun sa . . .

356 Anong mangyayari dun? Anong mangyayari sa Iglesyang 'yun? Sa dulo nga, pakinggan n'yo, ang talukap na 'yun ay hihiwalay mula sa trigo, kapag ito'y nagsimula nang mahayag. Ano 'yung nangyaring 'yun? Ang Buhay na naroon sa talukap, ay lumabas at pumunta roon sa butil. Ang Buhay ay di paiba-iba. Yung tagapagdala yaong paiba-iba, sila kasi'y napapasa denominasyon; kita n'yo, 'yung mga dahon, 'yung tungkos, 'yung talukap. Pero 'yung trigo ay di paiba-iba. Kinakailangan na isang pagmi-ministeryo 'yun na sadyang saktong nasa Salita kung papaano na Siya'y nakalagak sa Salita, at kung papaano na ang unang Iglesya ay nakalagak dun sa Salita, puspos ng Espiritu, ang kinakain ay Salita; hindi sa pagka-denominasyon kumakain. Sa Salita kumakain!

357 Ngayon hayan nga ang kalikasan, at ang Salita ng Diyos. Siya ang Tinapay na 'yun. "Di lamang sa tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

358 Magtatapos na po tayo ngayon, bago manalangin. Pansinin n'yo rito, heto na 'yung bagay na gusto kong sabihin.

359 Ngayon 'yung talukap na 'yun ay hihiwalay at hihiwalay talaga mula sa trigo, 'yun kasi ang kalooban ng Diyos. Ilan po ang makapagsasabi ng "amen"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hihiwalay at hihiwalay ang talukap mula dun sa trigo, dahil ang trigo ay lumalago na. Hinog na. Ngayon, di dun kasama ang talukap, 'yun lang ang nagsilbing tagasuporta, tagapagdala nung Buhay, pagkatapos 'yung Buhay na naroon ay pumunta roon sa butil. Ngayon, 'yan ang dahilan.

360 Pakinggan n'yo, mga kaibigan, ano na mismong araw ang kinabubuhayan natin? Nagtamasa na tayo ng labing-limang

taon na rebaybal. Ilan ang makapagsasabi ng "amen" sa bagay na 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Anong organisasyon ang umusbong? Wala. Sinusubukan ng mga taong kumbinsihin ako na gumawa ng organisasyon, sabi, "Gagawa ka ba ng organisasyon, Kapatid na Branham, mula sa iyong pagmi-ministeryo? Aba'y magiging. . . " Ngayon, di ako, hindi ko tinutukoy ang sarili ko. Ang sinasabi ko mismo rito ay 'yung Mensaheng napapanahon, ng kapanahunan.

361 Haya't nagpunta nga sila roon sa Canada at may nakuhang ilang mga kapatiran sa mga latter-rain. Namatay nga roon ito. Naalala n'yo 'yung latter-rain, mga kapatid? Saan na 'yun napunta? Saan napunta ang iba pa? Haya't ano ba ang nakuha roon ng organisasyon? Milyun-milyong mga naakay, at ginawa naman silang mga alipin, sa kanilang mga kredo, yumaman, at nagsipagtayo ng milyun-milyon at bilyun-bilyong dolyar na mga gusali't mga bagay na gaya nun, at sinasabi, "parating na ang Panginoon," nagpapadala ng mga mangangaral sa mga seminaryo at mga bagay-bagay, at inaaralan sila ng gawang-taong teolohiya, kung papaaano noon kina Luther, Wesley, at sa iba pa sa inyo. Naging talukap.

362 Pero, salamat sa Diyos, nagpatuloy sa pagtugaygay ang butil. Kaya naman kung totoo 'yun mismo sa pamamagitan ng Salita, sa panahon kung saan tayo nabubuhay, na totoo sa pamamagitan ng kalikasan, napatunayan, ang butil ng trigo, saanman tingnan na anggulo, kung ganoon ay gaano na lang kaikli ang mayroon tayo? Alam n'yo? May nabalitaan ako na paparating na mismo ang makina na panggapas at panggiik, ang Pandaigdigang Konseho, ito ang maghihiwalay nun. Anong gagawin niya? Kakalas mula sa tangkay niya. Pero may elevator nga Siya na naghihintay para sa Kanya. Siya'y uuwi na sa Tahanan, isa sa mga umagang ito. Oh, siyanga. Sa inyo na nakakaunawa, makapagsasabi ba kayo ng "amen"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

363 Alam ko na di maniniwala riyan ang sanlibutan. Hindi nila kayang paniwalaan ito. Huwag. . .Ako nga'y naaawa para sa kanila, dahil, "Walang sinuman ang makalalapit maliban na palapitin siya ng Aking Ama; at lahat ng ibinigay ng Aking Ama ay magsisilapit." Kung ang taong ito'y ang pangalan niya ay naroon sa Aklat ng Buhay, tiyak na makikilala niya ang Salita. Marapat lamang 'yun, itinakda na sa hinaba-haba ng panahon. Tapos nang pagtibayin 'yun nang ganoon na lamang kaganap, na ito'y positibo talagang ang Katotohanan.

364 Di na tayo magkakaroon ng marami pang organisasyon, dahil ang lahat ng mga organisasyon ay tutugaygay sa pagiging isa. Ano nga ang marapat sa kanya? Mapunta. . .Ano nga ba ang ginagawa nila sa dayami? Sinusunog. Ang sabi ni Jesus, "Darating ang mga anghel at titipunin ang trigo patungo sa bangan." At ano ang mangyayari? "Ang mga tangkay, ang mga

pinaggapasan, ang mga tinik, susunugin sila sa di napapawing apoy." Kita n'yo? At ano ang gagawin unang-una? Tutungo nga ang mga anghel at bibigkisin ang mga pangsirang damo muna. Tama ba? Kita n'yo, binibigkis nila ang sarili nila na maging isang pinag-isang malaking organisasyon, wala na 'yung mga organisasyong iba-iba pa.

365 Narito na ang trigo. Salamat sa Diyos, narito na ang trigo. Narito na si Cristo. Pinatutunayan Niya ang Kanyang Salita, Ito ang Katotohanan. Narito na ang trigo, malago na ngayon, ito'y nakalagak na sa Presensya ng Anak.

366 Wala nang tao ang may gustong panghawakan Ito, ito'y humihiwalay na, "Ayaw namin ng anumang kaugnayan Dito." Yun nga ang gagawin n'yo.

367 Oh, kapatid, tumungo kayo roon sa trigo, ibunsod n'yo ang Buhay na nariyan sa inyo na malantad patungo sa trigo. Inyo po bang magagawa? Manampalataya sa Diyos. Huwag. . . Kayo nga'y manatili sa Diyos. Sigurado ba kayo na tutugaygay kayo dun mismo? Ano kaya kung may magsabi . . . Di ko papansinin.

368 Katulad ng isang kuwento na nabasa ko, isang beses. May doktor, isa siyang kalugud-lugod na tao, at may paggiliw siya sa mahihirap na mga tao. At sa tuwing may mahirap na di sila makapag bayad ng utang, alam n'yo ba kung anong ginagawa nung doktor? Pinipirmahan niya 'yun gamit ang pulang tinta, sinasabi, "Pinatawad ka na." Sa huli'y, namatay ang doktor. At nung ang doktor ay namatay, 'yung naiwan niyang asawang babae'y arogante. Siya'y walang malasakit, katulad na lang ng iglesya sa panahon ngayon. Nagpunta siya't kanyang hinabla silang lahat. Nagsampa siya ng kaso, at sinubpena niya silang lahat sa korte, "Kailangan n'yong bayaran ang mga bayarin na 'yan, kahit anong mangyari!"

369 Pero inusisa nga ng hukom ang ilan sa mga resibo, sabi, "Halika rito, ginang." Sabi niya, "Ang pulang tinta bang ito'y lagda ng asawa mong lalaki?"

Sabi ng asawa, "Opo, ginoo, tama."

370 Sabi, "Walang korte sa bansang ito ang puwedeng humabla sa kanila. Sila'y malaya sa pananagutan."

371 Hayaan n'yo lang ang mga tao na sabihin nila ang gusto nilang sabi-sabihin. Kanya nang nilagdaan ang Kanyang Salita gamit ang Sarili Niyang Dugo. Wala nang kahit na anupamang bagay ang makawawaglit nito mula sa atin, kapatid. Tayo'y malaya na.

372 Manalangin tayo. Tunay kayo . . . [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagbibigay ng isang marubdob na tagubilin. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Amen.

373 Ngayon habang nakayuko po ang inyong mga ulo. Kung naunawaan ko nang tama, may isa na nagbangon sa gitna nila,

nung panahon ng hari, at nagbigay ng propesiya, patungkol sa kung saan nila makakasagupa ang kaaway at lilipulin sila. Ngayon, kung tama po ang pagkakaintindi ko dun, may isang dako na kakatagpuin n'yo ang kaaway, at 'yun ay sa Salita. Dun niya gustong makasagupa kayo. Kaya katagpuin n'yo siya roon taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

374 Ilan sa mga narito, habang nakayuko ang inyong ulo, (halos magtatanghali na, wala na po akong oras para magtawag ng mga dudulog sa altar pero ito na lang) maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay, habang nakayuko ang inyong mga ulo, at nakapikit ang inyong mga mata, "Ninanais ko pong maging bahagi Niya. Nais kong iagapay ang aking sarili sa Kanya at sa Kanyang Salita. Anuman ang dumating o lumisan, anuman ang sabi-sabihin ng sanlibutan, ninanais kong maging bahagi Niya talaga," sige't itaas n'yo ang inyong kamay at sabihin, "Yan ang nais ko"? Pagpalain kayo ng Diyos. Sandaang porsiyento, ako'y naniniwala.

375 Habang nakayuko ang ating mga ulo, habang tayo po'y nagbubulay-bulay, marahan po nating ihiging ang munting awitin na ito ngayon. Ang bawat isa'y manalangin.

Blest be the tie that binds ('yun po ang Salita)
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to that Above. ("Kung papaanong Ako at ang Aking Ama ay iisa, kayo'y isa rin sa Kanya, hayan nga.")

When we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

376 Sa susunod na Sabado ng umaga sa Flagstaff, Arizona, loobin ng Panginoon, umaasa po ako na makakatagpo ko kayo uli. Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

377 Ngayon akin pong iiwan ito sa inyo nang ganyan, kita n'yo. Ang sabi ng Biblia, "Ang lahat na nagsisampalataya sa Kanya, at ang lahat ng nagsitanggap sa Salita." Kita n'yo? Di ko nga masasabi kung sino o kung sino ang hindi, nakasalalay po 'yan sa inyo. Pero kung nanghahawakan pa rin kayo sa kung ano riyang munting kredo, ang ilan sa inyo na mga Methodist, mga Baptist, o mga Pentecostal man, o kung ano man kayo, na kayo nga'y nanghahawakan pa sa isang bagay na laban sa Salita, kung maaari po, minamahal kong kapatiran, kayo'y tumalikod na mula riyan, ngayon. Magagawa n'yo ba? Tumalikod na kayo mula riyan, at bumaling na sa Kanya. Huwag na huwag n'yong hahayaan ang kahit isang Salita man na kayo'y ihiwalay mula sa pagbubuklod ni Cristo. Nawa'y ipagkaloob ito ng Kanyang Espiritu.

378 Diyos Ama, ang mga taong ito rito ay naupo nang matagal. Naalala ko 'yung isang beses noon kay Pablo, noong mangaral siya sa ganitong pagkakalinya rin, ang Ebanghelyo, ang mga tao noon ay naupo nang buong magdamag at nakinig sa kanya, tapos isang binata ang nahulog mula sa bintana't namatay. Napasugod si Pablo roon at ipinatong niya ang katawan niya sa binatang 'yun, at ang sabi, "Bumalik na ang buhay sa binata." Ngayon, Ama, may mga maysakit at mga nagdadalamhati sa dako rito, may ilan na nangangailangan ng pananalangin para sa kanilang katawan. Dalangin ko, Minamahal na Diyos, na di na paghintayin pa hanggang sa pagtitipon. Di nila kailangang maghintay ng anumang pagtitipon. Ang Salita kasi'y narito nga lagi, 'yun si Cristo. Dalangin ko na pagagalingin Mo ang bawat isa sa kanila. Maibunsod nawa na ang bawat isa sa kanila ay ganap na mapaigi na nang buo, Diyos. Iyo pong ipagkaloob ito. Pagpalain sila, sa kanilang mga pagsisikap. Hindi sila mauupo rito, Panginoon, hindi nila pakikinggan Ito, kung di nila Ito sinasampalatayanan. Ngayon, Panginoon, itinataas na nila ang kanilang mga kamay, sinasampalatayanan na nila Ito, ngayon nawa'y matanggap na nila Ito sa kanilang mga puso, bawat ministro, bawat isa sa mga karaniwang nagsidalo. Doon man sa makasalanan, nawa'y tanggapin niya si Cristo; ang tumalikod sa pananampalataya'y bumalik. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Ang mga pagpapalang ito ay hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I love Him, I love Him,

Inilagay Niya ang pangalan ko roon, maraming-maraming taon na ang nagdaan.

. . . first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

379 Iniibig n'yo ba Siya? Ngayon habang inaawit natin 'yan uli ngayon, sige po't umabot lang sa kabilang dulo ng hapag at makipagkamay sa mga nariyan, sabihin n'yo, "Minamahal na manlalakbay, ako'y natutuwa na makaupo rito sa umagang ito. Aking sinasampalatayanan si Cristo. Ikaw rin po ba?" Para pong ganoon, habang inaawit natin 'yan uli ngayon.

I . . . ( . . . ? . . . )
. . . purchased my salvation
On Calvary's tree.

380 Ngayon, mula ngayon, tayo po ba'y tapos na sa sanlibutan? Tapos na ba tayo sa kaugalian ng sanlibutan? At sa . . . lahat ng walang kabuluhang mga bagay, at lahat ng mga panghalina na narito, at ginagamit ang Ebanghelyo at ginagawang negosyo, at—at tayo po ba'y nakaalpas na mula rito? Tayo po ba? Sige't si Jesus lamang ang ibigay n'yo sa akin, 'yun lang ang buong hinahangad ko. "Ang makilala Siya ay Buhay, ang makilala Siya." Iniibig ko Siya. Iniibig n'yo rin ba Siya? [Sinasabi ng

kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, ganoon na lamang ang pag-ibig natin sa Kanya!

381 Ngayon ibabalik ko na po ang gawain kay Kapatid na Carl, di ko alam kung ano pa ang ipagagawa niya.

382 Pagpalain kayo ng Diyos. At umaasa ako na makikita ko kayo uli sa susunod na Linggo, at kung di ko kayo makita . . . o sa susunod na Sabado po pala. At kung di ko kayo makita roon, siguro'y makikita ko kayo sa Tucson. Kung di pa rin, magkita na lang tayo rito uli sa ika-labimpito. Kung hindi, kakatagpuin ko kayo sa Kaluwalhatian. Amen.

383 Sige po Kapatid na Carl, di ko alam kung ano pa ang ipagagawa niya sa oras na ito, Kapatid na Wiliams.

*Ang Panahon Ng Pag-aani* TAG64-1212
(The Harvest Time)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Disyembre 12, 1964, para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org